



DIGMAAN PARA SA PAGKAKAKILANLAN

ANG DAAN PATUNGO SA KALAYAAN

Ni Adrian Ebens

DIGMAAN PARA SA PAGKAKAKILANLAN

Ang Daan Patungo sa Kalayaan

Ni Adrian Ebens

Ang aklat na ito ay iniaalay ko sa

Mahal kong Tatay Abel, kung sino
Ang nagturo sa akin na tumayo ng matatag,
laging maging tapat,
tapusin kung anong nasimulan at
hindi kailan man papayag sa kawalan ng katarungan

Mahal kong Nanay, Evelyn,
na siya ang nagturo sa akin na patuloy na mangarap
maging malikhain
mapagmahal sa kalikasan
at maging mapagbigay

Mahal kong kapatid, na si Karyn kung
sinong kasama ko sa pagtahak sa
aking paglalakbay habang kami'y mga bata pa
at nagamit ko ang kanyang katalinuhan
na madalas magpatawa sa akin

Nilalaman

Seksyon 1 – Ang Dalawang Kaharian – Pagkawala ng pagkakakilanlan

1. Ang Puno ng Duracell	5
2. Ang Bukal ng Buhay	13
3. Malapit sa Puso ng Diyos	23
4. Ang Kaharian ng Pamilya	28
5. Peligro ng Pamilya	32
6. Impyerno sa Lupa	38
7. Ang Daloy ng Buhay Galing sa Langit	49
8. Ang paghambing ng Dalawang Kaharian	55
9. Ang Puso ng Babilonia	61

Seksyon 2 – Isang Patutunguhan – Tatak na Nabawi

10. Pagputol sa Tanikala ng Duracell	69
11. Ang Pagbubukas ng Pinto ng Langit	80

Seksyon 3 – Ang paglalakbay Pabalik sa Pagiging Anak ng Diyos

12. Buhay na may Gatong ng Duracell	85
13. Hagdan Patungo sa Langit	91
14. Pare-parehong Diyos, Iba't-ibang Pangalan	98
15. Paano Ka Bumasa?	107
16. Hindi na Alipin	112
17. Ang Pagbagsak ng Babilonia	118

Seksyon I - Ang Dalawang Kaharian - Tatak na Nawala

1. Ang Kahoy na Duracell

Ang silid ay madilim. Sa isang dingding ay maraming nakasabit na poster, larawan ng mga musikero at ang ibang naman ay mga atleta na nagsilbing bintana para sa matagal nang inasam na katotohanan. Sa isang tabi ng dingding ay may isang mesa na may kaunting aklat, nguni't ang pinakamapapansin ay isang isang maliit nguni't malakas na stereo. Kaya maniniwala ka na ito ay silid ng isang tinedyer na nagpapakita ng ambisyon, tindi ng damdamin at pangarap sa buhay.

Isang maalab na paglalaban ang nangyayari sa aking puso, paglalaban ng kapalaran, isang sandali ng katotohanan. "Hindi ko akalain na gagawa ako ng ganoon", nasambit kohabang ako ay nakatitig sa sahig. Ang aking sariling konsepto ay lubos na sinusubukan. Sa tindi ng paglalaban humanap ako ng ginhawa sa mga poster sa dingding kung alin ang nakakatulong sa akin ng maraming beses na maiiwas ang isip ko sa ani na tinatamasa ko ngayon.

Mararamdaman mo sa kapaligiran ang pagkabigo. Nag-iisip ng mga bagay na makapagpatatahimik ng aking magulong isipan, akademik, atletik at malinaw ang ibang token na nahawakan ko subali't ngayon ay wala silang lakas upang makatulong sa akin. Isang nakakapagpasakit na ulap ang bumaba sa akin at sa aking ambisyon. Binuksan niya ang mahahalagang bahagi ng aking puso at ninakaw niya ang kanyang kayamanan at kinuha niya ang pinakabanal na bahagi ng lahat -- pag-asa.

Nakausap o ang Nanay ko sa paraan na ipinangako ko na hindi ko gagawin. Ito ang paraan na naisip ko na hindi iyon ang gusto kong maging klase ng tao. Hindi ko gusto ang sarili ko at gusto kong magbago kaahi't walang pag-asa.

* * *

Depresyon. Ang depresyon ang pinakamasamang sumpa na naninira sa ating lipunan. Sa kanyang paunang salita, ang direktor ng World Health Organization ay nagsabi:

- ang paunang haka-haka ay nagsasabing mga 450 milyong tao ngayong buhay ay maysakit sa pag-iisip... Ang malalang depresyon ang nangungunang sanhi ng mga karamdaman sa buong mundo.

Pag-aralan mo ang lala ng problemang ito sa sumusunod na statistika:

- 1 milyong pagpapakamatay taon-taon
- 10 - 20 milyong tangka ng pagpapakamatay taon-taon
- hanggang 38 na pagtatangka tuwing isang minuto
- Ang pagpapakamatay sa U.S. ng mga lalaki na may edad 35-49 taon ang siyang unang sanhi ng kamatayan.

- Ang pagpapakamatay ng mga kabataan ay pinakamataas sa mundo ang Australia

Anong nangyayari sa mundo? Ano ba ang pinaka nakakadepres sa buhay upang piliin nila ang mamatay kaysa mabuhay ng isa pang araw?

Sa aklat na "The Mind Game", si Philip Day ay nagbigaay ng ganitong pahayag: Sa mga nakaraang panahon, ang mga mapagmahal na kapamilya ay pinapalibutan ang isang myembro na may depresyon at binibigyan ito ng atensyon at kasiguruhan upang siya'y makapagsalita. Ngayon, dahil sa pagkasira ng isang pamilya at paghina ng relihyon at paghihiwalay ng mga myembro ng pamilya sa isa't isa na sobrang bilis ng buhay sa ika-21 siglo, ang pagsusuri ang pumalit sa pangangaral na siyang datng ginagawa ng mga nagmamahal na mga kamag-anak o mga ministrong nakapalibot sa kanila.

Si Philip Day ay naglista ng 3 dahilan, 1) ang pagkawasak ng pamilya 2) ang pagmamaliit sa relihyon 3) ang paghihiwalay ng mga pamilya dahil sa bilis ng buhay sa ika-21 siglo. Ang pinakamalaking dahilan ay ang pagkabasag ng pamilya, Sabi ni David Van Biena ay ganito:

Ang henerasyon na walang katulad ay narito na, isang henerasyon kung saan milyong namarkahan ng matindi at maagang kalungkutan. Sila ang anak ng mga diborsyo, Sila ang nasa harap ng parang walang katapusang pakikipag-laban.

Si Jim Conway, sa kanyang aklat na "Adult Children of Legal and Emotional Divorce" ay naglalarawan ng malinaw na detalye ng sakit at pagkawala na tiniis ng libo-libong nagtiis ng epekto ng nasisirang pamilya maging

ligal man o imosyonal Ang isa sa mga dahilan na inilalarawan niya ay ang pagkawala ng tiwala sa sarili at laging nagtatanong ng "Sino ako?" at "Ako ba ay dapat mahalín?"

Itong mga tanong na ito ang nagtutulak sa kung saan nagsisimula ang kalituhan, isang kahalagahan. "Mayroon bang taong totoong nagpapahalaga sa akin?" "Ako ba'y may halaga?" Paano ang mga tanong na ito bumaon sa isip ng isang tao? Upang masagot ang tanong, dapat ay bumalik sa umpisa.

Bigla na lang si Eva ay nakatitig sa puno na ipinagbabawal kainin. "Bakit pinagbabawalan kami ng Diyos na kumain ng bunga nitong punong ito", iniisip niya. Ang bunga ay mukhang masarap , parang tinatawag siya. Bigla na lang siyang nakarinig ng tinig galing sa puno. Si Satanás, sinamantala itong pagkakataon na tuksuhin siya sa pamamagitan ng isang ahas. "Sinabi ba talaga ng Diyos : Huwag kayong kakain ng galing sa alin mang bunga ng mga puno dito? " Nilito ni Satanás si Eva sa tunay na kahulugan ng salita ng Diyos. Sa pagitan ng debate at katwiran, walang panama si Eva kay Satanás. Idagdag pa ang sandata ng panlilinlang at kadiliman , at sa labanan nila ay talo si Eva at ang labanan ay madaling matatapos kung magpapakita lang si Eva na gusto niyang lumaban sa pamamagitan ng pagbubukas ng kanyang bibig.

"Pwede kaming kumain ng bunga n kahi't anong puno dito pwera lamang iyong nasa gitna ng halamanan, kahi't hawakan lang kami ay mamamatay". Tinanggap ni Eva ang hamon at inulit-ulit niya ang mga salita ng Diyos , pero siya ngayon ay lubhang namomroblema. Ang kanyang pagkamausisa kasama ang hamon ni Satanás, hindi siya handa sa mga salitang ito:

"Hindi ka seguradong mamamatay".

Nakaranas ka na ba ng pakikipag-usap na kayo'y parang "magkaibigan" at palagay mo ay kontrolado mo ang sitwasyon ng biglang may ibabagsak sa iyo na galing sa "kaliwang parang?" Isang bagay na hindi inaasahan, isang bagay na itinapon sa isang umiikot na bagay sa iyong isipan at bigla itong titigil. Hindi dahil sa sinabi niya ay matindi ang kahulugan o nagpapaliwanag ng isip kundi dahil ito ay hindi mo inaasahan na mangga-galing sa kanila. Ang posibilidad na masasabi nila ito ng buong tapang ay hindi ko inaasahan.

Dahil nakita ni Satanas na hindi kumakagat ang kanyang biktima, ginamit na niya ang inakala niyang ikapapanalo niya: "Na dahil alam ng Diyos na kapag kinain mo ang bungang iyon ay magiging katulad ka na ng Diyos, malalaman mo ang mabuti at masama."

Itong mga salitang ito ay parang nagdaraan lang sa isang maliit na bayan na kapag napa-pikit ka ng sandali ay hindi mo na makikita. Ang pag-iisip na itanim ni Satanas kay Eva ay naglalaman ng bilis ng sumpa na ngayon ay nakakasira sa mga anak ni Adan -- ang pakikibaka sa kahalagahan, isang pag-iisip na kung pakikinggan mo ay parang nagpapalaya at nagbibigay halaga sa kadena na nagbibigkis sa kaluluwa ng tao sa kahirapan at kadililman. Para bang humuhila ng konti. Samahan mo ako at hihimayin natin ang kaisipang ito -- "Hindi ka totoong mamamatay." at tingnan mo at ang kanyang ginagampanan upang manatili ang tanong "Mayroon bang nagpapahalaga sa akin?" at "Ako ba'y dapat mahalina?"

Naalaala ko nuong 8 taong gulang pa lamang ako, ang kapatid kong babae ay naka-tanggap ng isang manika bilang isang papasko na umiyyak, tumatawa at umiinom pa ng gatas.

Ang dapat lang gawin ay lagyan ng ilang baterya sa likod at aandar na ito.

Nagbibigay ito ng kasiyahan sa kapatid ko. Pero pag naiinis ako sa iyak nito ay gusto ko siyang ipakain sa aso kaya lang mas ayaw ko namang ang kapatid ko ang umiyak ng matagal. Itong batang ito ay nabubuhay lagyan lang ng baterya sa likod at parang ganito din ang ginagawa ni Satanas kay Eva. Eva, hindi ka dapat mag-alaala kung anong . sasabihin ng iba, may sarili kang buhay. Pwede mong gawin ang gusto mo at walang masamang mangyayari sa iyo dahil ikaw ay may sariling buhay. Seguradong hindi ka mamamatay basta babalik ka lang sa kahoy na ito para kargahan ang iyong baterya at magiging mabuti ka.

Isipin mo na lang na isang munting bata ang magsasabi sa kanyang magulang na kaya na niyang mabuhay na mag-isa. Ngayon kausap ko ang isang dwende dito sa halamanan at sabi niya na ang lakas na nasa loob ko ang nagbubuhay sa akin at magbibigay ng lahat kong kailangan, kaya salamat sa lahat ng tulong mo at malamang makakahabol din tayo balang araw. Ganito ang nangyari kay Adan at Eva,sa halamanan. Iyong sinabi na "hindi kayo seguradong mamamatay" ay pumutol sa kanilang buong pananalig sa kanilang Ama sa langit. Inatake nito ang buong simula ng kung ano sila bilang individual. Nilito nito ang kaisipan na kanilang pagkakakilanlan at ang halaga nila bilang mga anak ng Diyos. Bakit hindi naisip ni Adan at Eva na makilala nila ang kanilang pagkakamali at bumalik sa buong pananalig sa Diyos Ama. Sana, ganoon lang kasimple, subali't ang kaisipan na "hindi kayo segurong mamamatay" kasi mayroon kayong lakas sa sarili, kahi't sa isang sandali , ay mayroong dagliang epekto na inilalayo kayo sa pagbalik sa

masarap na kalagayan. Saka na natin ito pag-usapan. Sa ngayon, balikan natin ang nakamamatay na kahoy.

Napansin ninyo ang sinasabi ni Satanas, na pag kinain nila iyong ipinagbawal na prutas ay mabubuksan ang kanilang kaisipan sa mas mataas na kalagayan. Ang kabaligtaran nito ay may lakas ka sa iyong sarili, subali't ang materyal na mundo ay mayroong malalakas na bagay, na kung mapapasa iyo ay magiging mas malakas ikaw. Halina sa materyal na mundo. Sa Genesis 3:4,5 si Satanas ay may buong pwersang ebanghelikal na mang-akit sa bago niyang "utopian" na kaharian. Iniaalay niya ang kaharian na nangangako ng lakas at pagkakontento sa ng naniniwala at sasama sa kanya. Ang kaharian ay binubuo ng 2 prinsipyo:

1. Ikaw ay may sariling buhay at hindi umaasa sa anumang nasa labas na taga pag-ampon o otoridad
2. Ang ating kapaligiran ay binubuo ng mga tao, bagay at iba pa na nasa iyo o malapit sa iyo na gagawin tayong malakas, maliwanag ang isip at makabuluhang buhay.

Sa pamamagitan ng kahoy ng buhay, si Satanas ay nag-aalay ng buhay na pinakamalakas ang baterya , isang buhay na hindi nangangailangan ng anumang panglabas na katulong o otoriidad kaya ang pamagat ng kabanatang ito ay "Ang Kahoy na Duracell" Sinasabihan ni Satanas na ang ating katawan ay palaging malakas basta susundin ang kanyang prinsipyo sa buhay.

Alalahanain natin na nuong kainin ni Adan at Eva ang prutas ay wala itong lason na nagbigay ng takot, kasalanan o pagrerebelde. Ang sabi ng Bibliya ay ang prutas na iyon ay mabuting pagkain. Ang tunay na lason ay ang salita ni Satanas na sinabi kay Eva. Ang lason ay ang prinsipyo ng kanyang kaharian. Marami ang nagtatanong kung bakit pati sila ay magdurusa na si Adan at Eva lang ang kumain ng prutas, hindi ako kumain. Ang totoo sa tuwing gagawa tayo ng anuman na hindi kasama ang Diyos ay para rin tayong kumain ng prutas na iyon na tulad ng ginawa ni Adan at Eva dahil nilulon natin ang lason ng kaharian ni Satanas. Ang totoo malalaman natin na araw-araw ay kumakain tayo ng galing sa kahoy na iyon at tayo ay nagdurusa sa di pagkatunaw ng pagkaing iyon.

Ang pag-iisip na pwede tayong mabuhay na malayo sa Diyos ay parang bale wala sa maraming tao susunod na kabanata malalaman natin na ang ganitong kaisipan ay pagpapatiwakal

2. Ang Bukal ng Buhay

Mahaba ang araw ko ngayon sa trabaho. Nasa bandang huli na kami ng paghahnda ng badyet – mga 90 ang badyet na pagsasamasamahin upang maging isa. Ito ay mabusising proseso, bubuin kung magkano ang kikitain ng mga ambisyosong tagapamahala, isa-isang naghahangad, umaasa, at naghahangad ng mas malaking bahagi ng badyet para makamit abg kanilang hinahangad. Pinipilit kong alisin sa isip ko ang mga numero ng biglang tumunog ang telepono, “Ang Tatay mo ito, anak.” Ang boses ng tatay ko ay parang may mabigat siyang pasan. “Bakit, Tatay?” “Ang Nanay mo ay naaksidente sa kotse.” Parang nabagsakan ako ng martilyo, bigla akong nanginig at duamlas ang tibok ng aking puso. Nanigas ang buo kong kalamnan. “Aksidente?”, ang pabulong kong nasabi habang hinahawakan ko ang telepono para di ko mabitawan. “Gaano kaseryoso?” “Masyadong seryoso, anak.”

Sa panahong iyon ninasa kong lumundag sa pamamagitin ng telepono at yakapin ko ang Tatay ko , kaya lang ay 12 oras ang layo niya sa akin kung kotse ang gagamitin kaya maghihintay ako ng umaga para makasakay ng eroplano. Pagbaba ko ng telepono, umiikot ang ulo ko, pagkabigla, takot at ngimi ang tumama sa akin. Kaagad kong naalaala si Jesus at ako’y lumuhod, sumigaw at umiiyak – “O, Jesus

huwag mo pong ipahintulot na siya ay mamatay.” Binuksan ko ang Bibliya at nagdasal ako ng nagdasal hanggang makaramdam ako ng hinahon at halos nagging tahimik ako. Ang isip ko ay nagliliwaliw at nag-iisip ng maraming bagay sa buhay hanggang babalik muli ang takot, kawalan ng pag-asa at pagkabigla. Ulit-ulit lumuluhod ako at nagdarasal at kumakapit kay Jesus.

Papunta ang Nanay ko sa pagtuturo ng piano ng maaksidente siya. Naglalakbay siya sa isang daan na dalawang kotse ang lapad at sa gitna ay may 10 metrong lapad ng halamanan. May nadaanan siyang kotse at may nadaanan siyang tagaytay at iyon lang ang kanyang natandaan. Sa kabila ay may kasalubong siyang isang kotse na nawalan ng control at kumuros sa pagitan ng dalawang kotse at tumama sa kotse ng Nanay ko. Sa lakas ng pagsalpok napwersa ang makina ng kotse ng Nanay ko na tumama sa “firewall” at kasabay nito ay tumama ang manibela sa kanyang mukha. Sa hindi maipaliwanag na dahilan, ay kasabay nabali ang upuan, at nagpapasalamat ako dahil kung hindi ay patay agad siya. Nang madala siya sa ospital ay basag ang kanyang kamay at paa at sirang-sira ang kaliwang mukha.

Habang dinadala siya sa ospital, may isang doctor na patapos na ang trabaho. Nang Makita niya ang Nanay ko agad niya itong inasikaso. Ginamot niya ang Nanay ko sa loob ng 8 oras upang mailigtas siya at pagkalipas ng matagal at nakakanerbyos na panahon ay nagging matatag na ang kanyang lagay. Hindi ko alam kung paano ko pasasalamatan ang doktor na iyon. Siya ay nagtrabaho ng 16 oras na walang tigil at nagkaroon pa siya ng panahon upang tawagan ang Tatay ko sa alas 3:00 ng medaling araw at at sabihan na kritikal ang Nanay subali’t matatag ang lagay. Humahanga pa rin ako at tumatanaw ng utang na loob sa kanya, maliwanag

na halimbawa ng kakayahan, lakas at kabaitan ng propesyong medical.

Pagkalipas ng ilang araw, ako at ang asawa ko ay nasa silid ng mga malubha ang kalagayan kasama ang Nanay ko. Napakasaya kong Makita siyang buhay. Ang mga doktor ay nagtataka sa mabilis niyang paggaling. Sinabihan nila kami na siya makakatugtog ng piyano at maaari ding hindi na makalakad. Napakasakit iyon para sa amin subali't kasama pa rin naming siya at ako'y nagpapasalamat. Binabasa ni Lorelle ang record ng bigla niya akong tinawag. Sa mga nakasulat ay malalaman mo na may panahon na mawawala na ang Nanay at bigla na lamang bumuti ang simula ng buhay at nagging matatag. Walang makapagpapakita kung paano ito nangyari , at alam ko na ang aking si Jesus, ang pinanggagalingan ng buhay ang dumating at nagbigay buhay sa kanya. Ako'y nagpapasalamat sa lakas ni Jesus na nagbibigay buhay. Ngayon ang Nanay ko ay nakalakad at tumutugtog ng piyano, nararamdaman ko ang labis kong pasasalamat kay Jesus sa pagliligtas niya sa Nanay ko sa tiyak na kamatayan Pagdating sa pag-intindi sa pinanggagalingan ng buhay, ang Bibliya ay hindi dapat pagdudahan. Mababasa natin sa Colossians ang tungkol kay Jesus.

Sa pamamagitan Niya ang lahat ay nagawa: mga bagay sa langit at lupa, nakikita at di nakikita, maging makapangyarihan o otoridad, lahat ay ginawa Niya at para sa Kanya. Siya ang nauna sa lahat ng bagay at sa kanya lahat ng bagay ay nagsasamasama. Colossians 1:16,17NIV

Lahat ng nakikita at naiisip, at kahi't bagay na hindi nakikita ay ginawa at ngayon ay inaalalayan ni HesuKristo.(12) Tingnan mong mabuti ang mga salita sa huling pangungusap at sa Kanya lahat ng bagay ay nagsasamasama. Sinasabi ito

ng maliwanag na ang buhay ay nanggagaling sa anak ng Diyos at humahawak upang ang buong mundo ay magkasamasama. Sinabi ito ni Paul sa ibang paraan sa Acts:

Ang Diyos na gumawa ng mundo at lahat ng naririto ay siyang Diyos ng langit at lupa. Simula sa isang tao , ginawa NIya ang mg bansa ng maraming tao , upang manirahan sa buong mundo; at Siya ang nagtatakda ng oras para sa kanila at ang tamang lugar kung saan sila titira. Ginawa ito ng Diyos upang hanapin Siya ng mga tao at abutin at makaita Siya, kahi't hindi Siya malayo sa atin. “Dahil sa Kanya tayo nabubuhay at gumagalaw ang ating katauhan”. Sabi nga ng isang makata, ‘kami ay Kanyang mga anak’ Acts 17:24-28NIV.

Nakikita natin ditto ang Diyos na taimtim na kadamay sa ating buhay. Si Paul ay nag-umpisa sa malaking larawan tapos ay bumaba papunta sa personal at taimtim na antas.

1. Siya ang nagtakda ng panahon at lugar ng mga bansa
2. Siya ay malapit sa *bawa't* isa sa atin
3. ... at sa huli pumunta agad si Paul sa puso ng isyu at sinabi sa kanya na tayo ay nabubuhay at gumagalaw at ating buong katauhan.

Kung sa kanya tayo ay nabubuhay, ang simpleng katwiran ay nagsasabing hindi tayo mabubuhay kung wala Siya. Sa isang kabila, sabi ni Jesus “kung wala ako wala kang magagawa”.(John 15:5) Dapat nating intindihin na wala tayong magagawa na pisikal, mental o espirituwal kung wala Siya. Tayo ay lubos na umaasa kay Jesus sa lahat n gating

12 “Nguni't sino ako, at ano ang aking bayan, na makapaghahandog na ganyang kusa ayon sa ganitong paraan? sapagka't ang lahat na bagay ay nangagmumula sa iyo, at ang iyong sarili ay aming ibinigay sa iyo.” 1 *Chronicles* 29:14

kailangan, katulad ng maliit na bata na umaasa sa magulang. Bayaan mong ipaliwanag ko ang puntong ito dahil ang pagkadamay ay malawak. Tingnan mo ang galling ng organ ng puso. Ito'y nagtatrabahong parang bmba para paikutin ang dugo sa buong katawan, walang patlang, sa ilang dekada. Ang kagalingan ng puso ay pagtibok nito ay hindi tinutulungan ng kahi't anong galling sa labas. Ang laman ng puso ay humihigpit at lumuluwag na walang tulong galing sa "nervous system". Ito'y mayroong tinatawag na nagkokontrol sa sistema. Sabin ng aklat sa Anatomy "ang pagdaloy ay dahil sa espesyal na laman na nanggagawa at nagkakalat ng bugso ng kuryente na siyang nagpapatakbo ng mga himaymay ng laman upang ito'y humigpit . Itong mga espesyal na laman ay nanggagawa ng bugsong elektrikal na hindi nanggaling sa "nervous system". Nakapagtataka na wala sa aklat ng Anatomy na nagtatanong kung paano itong mga lamang ito ay nagbibigay ng kuryente upang pahigpitin ang puso. Ang tawag dito ay espesyal at tunay, pero paano niya ginagawa ito, saan nanggagaling ang lakas na ito?

Dito nag-umpisa ang paghahati ng daan. Sinasabi ng Bibliya na ang lakas na ito ay nanggagaling diretso sa Diyos. "Sa Kanya tayo nabubuhay" Acts 17:28. Pero si Satanas ay nagsasabi sa atin na ito'y likas sa ating sarili, ito'y bahagi lang ng "biological" na proseso sa ating sarili, "hindi ka talagang mamamatay" Genesis 3:5. Ito ay isang isyu na pundamental. Ito ay ang isa o ang kabila. Maraming mga Kristiyano na gumagamit ng gitnang daan tungkol sa bagay na ito at sinasabing "oo nga ang Diyos ang may gawa ng lahat, pero parang relong sinusian Niya at binayaan nang tumakbo." Para bang ang Diyos ang gumawa ng bateryang Duracell at inilagay sa loob natin. Hindi ito ang itinuturo ng Bibliya. Hindi tayo matalik na konektado sa kanya at umaasa sa kanya tuwing sandal ng bawa't oras at araw. Ang Diyos ay masigla,

nakakaalam at nagmamahal na nagbibigay ng kuryente upang tumibok ang ating puso. Mayroon sa katotohanang ito na gagawin tayong balisa, pero saka na lang natin ito pag-usapan. Ang totoo ay dapat nating linawin ito ngayon din. Naniniwala tayo na “sa Kanya tayo nabubuhay, gumagalaw at nagiging tao” o naniniwala tayo na “hindi tayo seguradong mamamatay”. Walang gitnang daan.

Kahi't ito ay malaking hamon sa ating lahat, ang napapag-usapan natin ay iyon lamang tungkol sa ating buhay. Ngayon ay dapat nating isaalang-alang ang pangkaisipan at ispirituwal na bahagi . Pag-aralan mo ang mga sumusunod na salita:

Ang aking layunin ay maengganyo tayo sa pamamagitan ng puso at mabuo sa pagmamahal upang tayo'y magkaroon ng puno at mayamang pag-intindi , upang malaman nila ang misteryo ng Diyos na si Kristo, kung saan nakatago ang kahaman ng talino at kaalaman. Colossians 2:2,3

Kaya sabi ng Diyos kay Moses: “Tingnan mo pinili ko si Bezalel, anak ni Uri, anak ni Hur sa tribu ni Judah at pinuno ko siya ng espiritu ng Diyos, ng galing, kakayahan, at katalinuhan tungkol sa lahat ng klase ng sining – para makagawa siya ng disenyo para sa ginto, pilak at bronse, upang magputol at maglagay ng mga bato, upang gumawa ng mga kahoy sa lahat ng klase ng sining. Exodus 31:1-5

Ang Bibliya ay nagpapakita sa atin na ang lahat ng katalinuhan at kaalaman ay galing sa Diyos. Ang Colossians 2:2-3 ay humahamon sa konsepto na tayo bilang tao ay pwedeng magsimula ng katalinuhan at kaalaman . Lahat ng katalinuhan at kaalaman ay nanggagaling sa Diyos. Ang halimbawa ay makikita sa Exodus 31:1-5. Makikita natin ang Diyos na nagbibigay sa tao ng talino at galing sa sining.

Kawiliwili na madalas sinasabi natin na iyong mga taong may pambihirang talino at kakayahan ay “gifted”. Tama, sila’y biniyayaan ng Diyos.

Dalihin natin ang ating sarili sa gitna ng isang konsiyerto. Ang mga nanonood ay napatulala habang ang isang dalaga ay tumutugtog sa malaking piyano na magarang nasa entablado. Parang pinakakanta niya ang piyano – ang nasayaran ng kamay ng dalubhasa. Nagpunta siya sa ruok at naramdaman natin na malapit nang matapos. Binayaan natin siyang magpatuloy subali’t ang awit ay natapos at ang mga tao ay biglang nagpalakpakan, humahanga sa ganda at gilas , kalakip ang fervor at kasidhian. Ang dalaga ay sumaludo at naamoy niya ang amoy ng paghanga at pagkatapos ay umalis na sa entablado.

Bumalik tayong muli dahil may kawiliwili sa pangyayaring ito. Tuwing may pangyayaring ganito, ang mga manonood ay sisigaw ng “Purihin ang Diyos kung saan lahat ng grasya ay nanggagaling” o mga katulad nitong salita. Ang paghanga ay dapat ay sa Diyos ibinibigay kung sino ang nagbigay ng talino, kaalaman at kakayahan. Ang puso ng piyanista ay dapat ay punong-puno ng pag-ibig at utang na loob sa Diyos para sa biyaya na ipinagkaloob sa kanya, subali’t ito ay bihirang mangyari. Kung talagang ganito ang ginagawa natin, hindi tayo dapat na matuwa dahil sa tagumpay o madismaya dahil sa kabiguan dahil ang kakayahan na gumawa nuon ay hindi galing sa ating sariling kakayahan at kung ito’y hindi galing sa atin, hindi dapat nating angkinin ang kredito kung tayo’y magtagumpay o makaramdam ng kabiguan kung tayo ay mabigo.

Dito, narito ang sumpa ng kahoy na Duracell. Isipin mo na ang kahoy na ito ay nasa bingit ng isang bangin. Ang kahulugan ng kalayaan na nararamdaman natin kung tayo’y

nagtatagumpay, sa paniwalang ito ay galing sa ating sarili, kung ihahambing sa ating tuwa kung nahulog sa “pagtalon sa bungy” sa “bungy jump” na isang lubid ay nakatali sa puno ng isang kahoy. Subali’t kung dumating ang kabiguan, ang lubid ng ‘bungy’ ay nagiging isang tirador at bumabalik ito sa pinanggalingan na humahagibis. Mas naniniwala tayo na sa atin galing ang lakas, mas matulin ang tama kung tayo ay mabigo. Hindi natin kayang iwasan ang sumpa ng kahoy na Duracell. Minsang matikman mo ang bunga nito, ang lubid ay mahigpit na nakatali sa iyong paa, at ang mga pangyayari ay hindi maiiwasan. Hindi aksidente na ang depresyon ang nangungunang sakit sa mundo. Ang kahoy ng Duracell ay nasa bingit ng isang takampas. Ang isang lubid ay mahigpit na nakatali sa ating bawa’t paa at kung ilulunsad ito sa tabi ng talampas mas malakas ang balik nito sa puno ng kahoy kung mabigo. Ilan nang tama ang natanggap mo? Ilan pa ang kaya mong tanggapin? Dapat itong pakaisipin.

Punta naman tayo sa sumunod na antas. Tiningnan natin ang implikasyon ng pangkatawan at pangkaisipan na pagsandig pero paano ang pangkaluluwa at moral na pagsandig? Ito ay mapanghamon na isyu kaya ikabit ang sinturon, ito’y mahirap na biyahe.

Ang Bibliya ay nagsasabi na “Ang Diyos pag-ibig” 1John4:18. Ito ay nagsasabi na sa kanya nanggagaling ang pag-ibig. Sinasabi din na ang Diyos ang pag-asa. Romans 15:13. Itong ideyang ito ay pinalawak sa Galatiaans 5:22-23

Ang implikasyon ng tekstong ito nakakapabuntong-hininga. Pag-aralan natin itong sandal. Lahat ng mga katangiang ito ay nanggaling sa pagkakaroon ng espiritu ng Diyos. Ang ibig sabihin nito ay kung wala ang espiritu ng Diyos, wala ka ding pag-ibig, kasiyahan, kapayapaan, pagkamatiyaga at mabait at iba pa. Isang araw iniisip koi tong katunayan na galing sa

Bibliya hzbzng naglalakad ako sa isang parke sa tabi ng isang lawa. Ito’y mapayapa at mataahimik. Bigla akong nakakita ng isang ina na itinutulak ang kanyang anak sa duyan. Sabay silang nagtatawanan at masaya sa isa’t isa. Ang pag-ibig na tinatamasa para sa kanyang anak ay pinukaw ng Diyos. Ang pag-iisip upang maging mapagmahal, mapagbigay at mabait sa kanyang anak ay nagmula di nagsimula sa puso ng ina kundi sa puso ng Diyos na ibinigay sa ina kung sino ang pumili na ilabas ito upang maging pag-ibig ng ina. Kaya hindi ito talagang pag-ibig ng ina kundi pag-ibig ng Diyos na pinadaan sa ina. Ang pag-ibig na iyon ay naging bahagi ng ina dahil tinugon niya ang espiritu ng Diyos at ipinadama niya ito. Sa tunay na kahulugan, walang pagmamahal ng ina sa anak o sa pag-itan ng mag-asawa. Radikal? Ayon sa Bibliya?

Madalas ko itong ginagamit sa pagsasalita ko sa pangangaral ko o sa seminar at nakakatuwa na ang mga tao ay tumutugon. Ang iba ay para akong nang-aatake sa pinagmulan ng buong katauhan. Sa milyon-milyong awit na nakanta na at bilyong pangako sa altar ng kasalan na “mamahalin kita at mamahalin hanggang sa walang hanggan” , wala sa mga pangakong ito ang matutupad kung wala ang pag-ibig ng Diyos na ibinuhos sa mga tumatanggap na kaluluwa. Ilagay natin ang katangian ng pag-ibig sa dulo ng lubid ng “bungy”. Bakit maraming tao ang lumilipas ang pag-ibig? Sa taong naniniwala na ito ay sa sarili natin nanggagaling ay maaring bigla na lang magigising at hindi na nararamdaman ang psg-ibig sa kanyang kapareha. Magkakaroon siya ng duda kung tama ba ang taong iyon para sa kanya at sa gayon ay nagsisimula na siyang humanap ng iba upang manumbalik ang kanyang nararamdaman. Ang “credit card” ng Duracell ay naabot na ang kapasidad kaya ngayon ay panahon na para magbayad.

Paano naman ang isang lalaki na totoo ang pag-ibig sa kanyang asawa hanggang sa hindi subali't bigla na lamang naakit ng ibang babae. Hindi niya ito gusto subali't hindi niya maiwasan, ang pag-ibig ay napalitan ng libog at may duda na sa kanyang intergridad. Dahan-dahan siyang lumalayo sa kanyang kapareha dahil sa paniniwala niya na hindi na siya kaibig-ibig. Ang paniwala niya ay pwede niyang ipagpatuloy ang daloy ng pagmamahal kaya lang ang lubid ng “bungy” ay hinihila ng kahoy ng Duracell kung saan siya nagsimula at ang kasal niya ay tapos na. Kaya hindi nakakapagtataka na ang paghahanap ng kaligayahan sa kanailang kasal ay mailap sa karamihan ng tao.

Sa mga ang pakiramdam ay parang wala nang halaga ang kanilang kasal, alalahanin ninyo na ang pag-ibig ay nanggagaling sa puso ng Diyos at ito ay makakamit kahi't kalian na hingiin sa Kanya. Kung ang pakiramdam mo nawala na ang pag-ibig ng asawa mo, hingin mo ito sa Diyos na ibalik sa kanya. Ibibigay niya ito. Nangako Siya.

3. Malapit sa Puso ng Diyos

Tumatakbo kami ng mabilis sa malawak na daan. Ang sakit ng tiyan ni Lorelle ay nagiging regular. Ayaw naming mahuli kaya nagpatuloy na kami sa ospital. Bagong karanasan ito at parang hindi makahintay, hindi magtatagal darating na ang una naming anak. Nagpunta kami sa silid ng mga naghihintay manganak at isang tingin lang ng nars sa amin ay: “masayang-masaya kayo, kailangan pa kayong maglakad”. Pagkalippas ng 45 na minute bumalik kami at si Lorelle ngayon ay hindi na makatawa. Pagkalipas ng 30 minuto ay tunay na ngang nahihirapan na siya. Walang salita na makapag-lalarawan ng sakit na nararanasan niya, tunay na masakit. Iniisip naming lahat ang mga napag-aralan naming tungkol sa panganganak pero mahirap mag ‘focus’. Ang pagsakit ay parang tren na bumabangga sa iyo. Pagkatapos ng buong 11 oras natanggap naming ang una naming anak na si Michael.

Mayroon kami ni Lorelle na magandang larawan pagkatapos niyang manganak. Ito’y talagang kahanga-hanga. Nandoon siya, nakaupo at masaya na para bang nagtrabaho ng isang araw at ako naman ay parang hangin na matutumba.

Magmula nuon nagkaroon ako ng tunay na paghanga sa kababaihan. Sinasabi sa inyo, mga babae na pag nakita

mong nanganganak ang asawa mo ay tunay na mahirap ito na trabaho. Pagkatapos ninyong magtawa, tatapusin ko din ang ibig kong sabihin. Ang bigat sa emosyon habang nakikita mong ang mahal mo ay naghihirap ay hindi matatawaran. Kaming mga lalaki, kadalasan ay may solusyon sa problema, pero wala akong sagot at masakit. Nagdasal lang ako: “Diyos ko alam kong may dahilan ang lahat ng sakit na ito subali’t sa ngayon ay di ko Makita ito. Sa wakas ay masaya ako at natapos din.

Nang una kong mahawakan ang aking anak parang walang katapusan ang oras na iyon. Tiningnan ko ang kanyang mga mata at nakatingin din sa akin at ito ay isang himala. Habang tinitingnan ko siya na nagtataka at humahanga, ako ay nakaramdam ng malaking takot. Alam kong ang anak ko ay may tatak na katulad din sa akin, isang tatak na humahamon sa otoridad, na humahantong sa rebelyon sa halip na pagsunod. Alam ko na ako’y may responsibilidad na gabayan siya at hubugin sa disiplina ng tunay na pag-ibig, kabutihang loob, mapagbigay at masunurin. Pagkatapos nito, naisip ko, maging kaibigan ko kaya siya? Mayroon kayang mamamagitan sa amin na maghihiwalay sa amin? Nagdasal agad ako, “Mahal kong Ama sa langit, huwag mo pong ipahintulot na may mamagitan sa amin ng aking anak, harinawa po’y lagi kaming malapit sa isa’t isa at ipinagdarasal ko na makilala niya ako at maging kaibigan niya.” Ang bigat ng dasal na iyon ay palaging nasa akin. Nararamdaman ko ito palagi, at hangga ngayon ay dinadasal ko ito sa paniniwalang gagawin ito ng Diyos na makatotohanan.

Pagkalipas ng apat na taon, isang araw ng Sabado nangingiting naglalakad ako at kinakausap ko ang Diyos, malayo sa magulong lugar. Iniisip ko ang aking Ama sa langit at ang pag-ibig niya sa akin at gaano ito kahalaga.

Bigla na lamang may pelikula na nagpalabas ng istorya ng panganganak sa aking anak at nadama ko uli ang pagnanais na huwag malayo sa kanya at ako'y makilala niya ng lubusan. Nawala ang senaryong iyon at sa katahimikan ay nakarinig ako ng maliit na boses sa aking isipan at sinabi ay ganito: “Ganoon ang naramdaman ko sa iyo. Hindi ko alam kung tatawa ako o iiyak at nahihirapan akong tanggapin ito, subali't “Diyos” ang sabi ko, “alam mo kung ano ako, alam mo ang ginawa ko at sinabing maraming bagay na mali”, pero ipinagpapatuloy ko ang paglaban. Alam mo na nagtataka ako sa sarili ko. Ako'y isang tao na tanggap si Kristo na kaanyang taga-pagligtas at naniniwalang ang aking mga kasalanan ay pinatawad subali't ng maging malapit sa akin ang Diyos zt sabihin sa akin ang nararamdaman niya sa akin, ito'y hindi ko matanggap. Kaya umiyak na lang ako at nagsabing, “Salamat, salamat sa pagmamahal mo sa akin at sa lahat ng ginawa mo para sa akin. Mahal na mahal din kita”. Sa totoo lang ang pakiramdam ko ay karga Niya ako sa kanyang mga kamay. Wala ng sasaya pa sa nararamdaman ko. Naisip ko na ang aking Ama sa langit ay mahal na mahal ako at walang anumang namamagitan sa amin at masasaktan Siya kung magkakahiwalay kami at ginagawa niya ang lahat upang hindi ito mangyari.

Sa ganitong karanasan, ang magagandang pribilihyo ay pagiging kasapi sa kaharian ng Diyos ay ipinakita sa akin sa antas ng aking puso. Pagkatapos nitong karanasang ito ay dinala ako sa ilang. Nakasulat sa Bibliya na nagbukas sa aking mga mata na lalong nagdagdag ng psgpuri ko sa Diyos. Harinawa ang kahulugan ng sinulat ay magsusunog sa iyong puso at hindi ka na iiwan. Narito ang isang maliwanag na bintana sa kaharian ng Diyos.

Hindi ba ipinagbili ang limang ibon sa halagang beynte? Subali't walang nakalimutan sa kanila. Ang atin ngang buhok

ay bilang Niya. Huwag kang matakot: ikaw ay mas mahalaga kahi't ilang ibon pa. Luke 12:6,7

Ipinaliliwanag ni Jesus ang prinsipyo sa kanyang kaharian. Sa mga salita ay ipinakikita ang kahalaga-han ng tao sa kanyang kaharian. Ipinakikita kung bakit ang tao ay mahalaga, anong nagbibigay sa kanya ng halaga. Kung ang isiping ito ay walang halaga sa iyo, walang ibig sabihin ang mga nakasulat dito nguni't hindi pa ako nakakakita ng hindi interesado dito.

Si Jesus ay ipinakita sa atin ang halaga ng dalawang ibon sa pangkatauhang paraan. Ang salitang 'penny' ay ang kahulugan ay 'asarius'. Ang isang asarius ay kasing halaga ng isang araw na sweldo para sa ordinaryong tao. Sa loob ng dalawang araw ay makakabili ka na ng 5 ibon. Kayas na makamundong halaga itong mga ibon ay maliit lang ang halaga. Si Jesus ay nanggawa ng paghahambing na nagsasabing: "ang Diyos ay kahi't isang ibon ay hindi nalilimutan". Ang pagkakaiba ay dahil hindi ng Diyos nakakalimutan ang mga ibon, kung kaya't sila ay mahalaga sa kaharian ng Diyos. Sabi ni Jesus na kung gaano kahalaga ang tao kung ihahambing sa ibon. "Ang lahat nga ng buhok natin ay bilang ng Diyos." May kilala ka ba na nakakaalam ng tungkol sa iyo at alam din kung gaano karami ang iyong buhok? Kaya ito ang kasabihan; 'huwag kang matakot; ikaw ay mas mahalaga kahi't sa maraming ibon'. Nakikita mo ba kung anong halaga at pakinabang sa kaharian ng Diyos? Dapat nating alalahanin na ang Diyos ay patuloy na inaalaala tayo. Talagang tayo'y nasa isip Niya: binibigyan tayo Niya ng buhay, pinatitibok ang ating puso, at ibinubuhos ang Kanyang pag-ibig sa ating buhay upang tayo'y maging masaya at binibigyan tayo ng mayamang regalo, talino at kaalaman para sa ating kasiyahan, kaligayahan, at serbisyo sa

iba. Nandiyan ang sikreto ng kaharian ng Diyos, ang sikreto ng kabuluhan. Iyon ang susi na nagbubukas ng nang-aalila na kaharian ng pagkawalang halaga at depresyon. May lakas ka ba ng loob na paniwalaan ito? Pakinggan mo ito

Marami, O Diyos ko, ang mahalalaga mong ginawa, at ang isip mo ay para sa amin; Hindi iyon makakapagtuos sa iyo; kung ako'y magsasalita tungkol duon , hindi ito Kayang bilangin. Psalm 40:5 KJV

Kung ang halaga natin ay sinusukat sa pamamagitan ng mapagmahal na pag-iisip ng Diyos sa atin, ang mga kasulatang ito ay magsasabing tayo ay mahalaga kasi sinasabing ang Kanyang plano at pag-iisip tungkol sa amin ay mas malaki kaysa nasabi o nabilang. Paano ang pakiramdam ng mahalaga? Subali't ito'y kasing buti lang ng iyong paniniwala sa katotohanan na mahal tayo ng Diyos kahi't tayo ay mabuti o masama. Ito ay mahiwagang balita at nagpapasalamat ako. Kaya kalian man at ikw ay natutukso na magduda, tingnan mo lamang ang mga ibon at maniwala ka!

4. Ang Kaharian ng Pamilya

Medyo mainit ang araw. Parang piyesta sa isang silid. Ang masarap na amoy ay nanggagaling sa kusina at nakakalaway. Tawanan dahil sa mga istorya ng isa't isa. Ang "Christmas Tree" ay magarang nakatayo sa isang sulok ng silid kung saan nakalagay ang mga regalo. Ang mga bata ay nasa labas at nagbabasaan gamit ang hose. Ito ang Pasko sa Australia. Panahon para sa pamilya, panahon para ipadama sa lahat na ikaw ay bahagi ng pamilya, panahon para makibahagi sa mga mahal at mga regalo, isang mahalaga at importanteng panahon upang magkasamasama.

Walang mas kritikal kaysa sa isang malapit na pamilya upang bantayan ang lumlaking epekto ng depresyon or pagka walang halaga. "Kaya ganito tayo dapat magdasal : Ama naming sumasalangit Ka"...Hindi sinabi na "Mahal kong Diyos" o "Ang iyong kabanalan" o "Mahal kong hari" bilang paunang salita kundi "Ama namin".

ANG KAHARIAN NG DIYOS AY ISANG PAMILYA

Ito ay parang alam nang ilan subali't ang ibig sabihin ng kaharian ng pamilya ay malalim. Pag-aaralan natin ang implikasyon nito sa mga susunod na kabanata.

Ang unang pagkakataon na nagsalita ang Ama sa mga tao

ay sa Mathew 3:17 simula ng panahon hanggang sa pagbibinyag kay Jesus. Ang Diyos ay nakikipag-usap sa atin sa pamamagitan ng anak. Si Jesus ang Jehovah na nagbukas ng 'Red Sea'. Siya rin ang Jehovah na nagpakulog sa Mt. Sinai at Siya rin ang Jehovah na nagdala kay Joshua sa lupang pangako. 1Cor.10:1-4 Sa panahon ng pagbibinyag ka Kristo, ang anak ng Diyos ay naging Emmanuel – ang Diyos ay nasa atin – bilang isa sa atin. At ngayon ang Ama ay nagsalita sa unang pagkakataon at ang Kanyang mga salita ay higit na makabuluhan (at palagi). Dahil dito ay inilagay ng Diyos ang buod kanyang kaharian. “Ito ang aking Anak na minamahal ko at Siya’y kinasisiyahan ko.” Marami naming paraan kung paano Niya ipinakikilala ang kanyang anak gaya ng: Siya ang gumawa ng langit at lupa, pakinggan ninyo Siya” subali’t ipinagbunyi Niya ang kanyang anak sa paraang gamit sa paamilya sa halip na hari o lider. Kung lilimiin ang mga salitang ito, mapapansin natin ang sumusunod:

Ito ang aking anak = pagkakakilanlan

Na minamahal ko, ako ay labis na nasisiyahan sa
kanya = halaga

Sa kaharian ng Diyos, ang halaga at importansiya ay sinusukat sa ating relasyon sa Diyos. Ito ay malaking kabaligtaran ng kaharian ni Satanas kung saan ang halaga at importansiya ay sinusukat sa pamamagitan ng nagawa mo, base sa paghatol mo at ng mga taong nakapaligid sa iyo. Sa kaharian ng Diyos, Siya ay ating Ama at tayo ang Kanyang anak at iyon ang ating tatak. Ikaw ay nakikilala kung saan ka kasali at hindi sa nagawa mo. Ang katunayan na mahal ng Diyos ang Kanyang mga anak at ibinubuhos Niya ang grasya ng tuloy- tuloy, at laging iniisip sila palagi, at gustong malapit sa kanya ay nagbibigay sa kanila ng

napakataas na halaga. “Huwag kang matakot, at mas mahalaga ka pa kaysa maraming ibon.

Sa kaharian ng Diyos ang iyong tatak at halaga ay kasing tibay ng walang hanggan at hindi nagbabagong Diyos. Kahi't magtagumpay ka o mabigo ang relasyon ay hindi nagbabago at ang iyong halaga ay sigurado. Sa kaharian ni Satanas ang iyong halaga ay kasing halaga ng 'stock market' tulad ng matapos ang Setyembre 11, 2001 – masyadong mabuway, walang kasiguruhan, at maaaring bumagsak. Magagarantiyahan mo ba ang iyong tagumpay? Nakakaseguro ka ba na ang mga taong nakapaligid sa iyo, ang inaasahan mong tutulong sa iyo at susuporta sa iyo ay hahanga sa pagod mo? Malabo! Sa mga may tainga na makakarinig, ang matalinong tao ay nagtayo ng kanyang bahay sa ibabaw ng bato at hindi sa buhangin.

Upang alagaan ang ating indibidwal na tatak at maiiwas tayo sa pagpasok sa buhay ng panlulumo, pagkawala ng pag-asa, walang halaga at kamatayan, ang Diyos ay naglagay sa puso ng Kanyang kaharian, ang kautusan na nag-aalaga sa relasyon. Ito ay may dalawang uri ng relasyon. Ang isa ay relasyon natin at ng Ama sa Langit, at ang isa ay ang relasyon sa pagitan natin bilang magkakapatid sa kaharian ng Diyos. Kaya ito ang sabi ni Jesus:

Ibigin mo ang Diyos ng buo mong puso at buo mong kaluluwa at buo mong pagiisip. Ito ang una at pinakamahalagang utos. AT ang ikalawa ay: ‘mahalin mo ang kapuwa mo tulad ng iyong sarili.’ Lahat ng utos at propeta ay nakabitin sa dalawang utos na ito. Mathew 22:37-40

Itong dalawang kautusang ito ay dinisenyo upang protektahan ang ating tatak at halaga bilang mga anak ng Diyos. Itong mahalagang utos na ito ay kabuuan ng sampung utos. Naisip mo ba na ang sampung utos ay kailangan para mapangalagaan ang iyong sariling halaga? Sa kaharian ng Diyos ang sampung utos ay nangangahulugan ng relasyon. Pag pinutol mo ang relasyong iyon, sinisira mo ang iyong tatak at pag sinira mo ang iyong tatak, ang kamatayan ay naghihintay na yakapin ka. Wala ng makapagbabago sa sabi ng Diyos na ang kasalanan ay kamatayan. Ang kasalanan (ayon sa Bibliya ay pagsuway sa batas. 1John: 3:4) ay nagsisira ng tatak at halaga. Pag nawala ang tatak at halaga ang kaluluwa ay naghihintay na lang ng kamatayan. Iyan ang dahilan kung bakit ang depresyon at pagpapakamatay ang pinakamalaking problema n gating lipunan, simple lang ang sagot – kasalanan. Kita ba ninyo kung bakit galit na galit ang Diyos sa kasalanan? Ang kasalanan ay magnanakaw ng ating tatak at halaga bilang mga anak ng Diyos at desidido ang Diyos na sirain ito.

Ito ang kabuuan ng pinagdaanan natin:

1. Ang kaharian ng Diyos ay pamilya
2. Ang kaharian ng Diyos ay kaharian ng relasyon na base sa relasyon natin at ng Diyos at relasyon natin sa isa't
3. Ang tatak at halaga ng indibiduwal ay naaayon sa relasyon natin sa Diyos
4. Ang relasyon ng kaharian Diyos ay base sa relasyon natin sa Diyos at relasyon natin sa isa't isa
5. Ang mga relasyon ay inaalagaan ng sampung utos
6. Ang pagsira sa mga utos ang nagsisira sa ating tatak at halaga

5. Peligro ng Pamilya

Patingin ang sa mukha niya ay nakita ko na mayroon siyang problema. Ang maga sa ilalim ng kanyang mga mata ay hindi maitago ang kanyang hangad na pagtakpan at lumabas na buo siya. Sabi ko sa kaanya: “Masama talaga ang hitsura mo.”

“Naghiwalay kami ng aking asawa” ang sabi niya na may sakit sa kanyang pagsasalita, “hindi ko ito inasahan” na puno ng pagsisisi. Pinag-usapan namin ang mga hamon na hinaharap niya ngayon at bigla na lang siyang nagsalita ng malakas: Hindi ko kayang hindi Makita ang mga anak ko; ikamamatay ko. Nakita kong pinipilit niyang maging matatag at talagang nararamdam ko ang kanyang sakit. Hinahangad ko na sana ay natulungan ko siya. Ang huli niyang salita: “Hindi ko na alam kung saan ang paakyat o kung saan ako papunta.”

Iyon lang nakaranas ng masakit na paghihiwalay at diborsyo ang makapagsasalita ng ganoon. Ang pagkagulat, galit, at lungkot ang nadama ng ayaw makipaghiwalay ang karaniwang inihahambing sa pagkamatay ng kanyang kapareha.” Ang masamang epekto ng diborsyo ay nangagahulugan di lamang ng hatian ng mga ari-arian, ito ay ang pagbabago ng iyong buong katauhan.” Ang pinaka-biktima dito ay ang mga bata. Ang lakas ng masamang emosyon sa puso ng bata, hindi sa oras lang ng pangyayari kundi sa buong buhay nila, ay hindi masusukat.

Si Jim Conway ay nagsurbey ng daan daang matatanda na anak ng mga nagdiborsyo at ang bigat ng emosyon na naramdaman nila at ang resulta ay ang mga sumusunod:

Malungkot	72%
Nakaramdam ng walang lakas	65%
Nalungkot	61%
Natakot	52%
Nagalit	50%
Nakaramdam na iniwanan	48%
Nakaramdam na tinanggihan	40%
Nakaramdam na walang halaga	30%

Mga isyu na naramdaman bilang mga bata ng diborsyo, ng tatlong matatanda:

Palaging naghahanap ng pagtanggap	58%
Kinalimutan ang ibang nakaraan	54%
Masyadong malupit sa sarili	53%
Masyadong sinisiryoso ang sarili	47%

Sobrang reaksyon sa mga bagay
na wala siyang control 42%

Maayroon pang problema
sa pakikipagrelasyon 40%

Nakapagtataka ba kung sabihin ng Diyos: “Galit ako sa diborsyo” Mal. 2;16. Kahit ano pa ang dahilan o kung sino ang nang-iwan sa kanila, ang pagkawala ng relasyon ay masakit para sa lahat. Walang panalo kung masira ang relasyon ng pamilya. Nguni’t ito ang totoong nangyari sa langit. Ang kaharian ng Diyos ay sinira ng isang krisis, n gang isang anak Niya ay lumaban sa kanya.

Ang sabi ng Bibliya sa Revelations 12:7 “at mayroong digmaan sa langit”. Ng mabasa koi to ay naisip ko na ito’y labanan ng dalawang kaharian, nguni’t ito ay pagwawasak ng kaharian ng Diyos. Naisip mo ba na nuong unang gawin ng Diyos si Lucifer ay mapagmahal niyang hinawakan sa kanyang kamay ang bago Niyang anak. Ang Diyos ay nakihati sa puso at kaluluwa ng anghel na ito. Ang lahat ng ipinakita niya ay pawang pagmamahal lamang at ibinigay pa Niya ang pinakamataas na pwesto sa kanyang gobyerno ng pamilya. Pero ngayon ang anak Niyang ito ay dinuraan ng mga salita ng galit at rebelyon. Kumikilos siya sa anino ng panlilinlang at kasinungalingan, nilason niya ang isip ng marami sa mga anak ng Diyos. Naiisip mo ba ang lungkot? Si Lucifer ay ginawa niyang kumpleto subali’t ngayon aay puno ng galit at pagpatay. Talagang gusto niyang sirain ang anak ng Diyos, dahil si Jesus ang nagsabi ang nagsabi na si Satanas ay mamamatay-tao nuong una pa lang. Ang katotohanan nito ay ipinakita

sa krus ng Kalbaryo kung saan gginusto ni Satanas na mawala nan g tuluyan si Jesus.

Sinong makakaramdam ng sakit ng pagkawala na nararamdaman ni Jesus para sa anak Niyang si Lucifer? Mayroon tayong eko galing sa puso ng Diyos sa istorya ni David at Absalom.”Oh, mahal kong anak na si Absalom, ang anak ko, ang anak ko. Kung ako na lamang sana ang namatay kaysa sa iyo, Oh Absalom, anak ko, anak ko. “ Si Absalom, isang magandang anak ni David na hinangad na patayin ang kanyang ama at agawin ang kanyang kaharian. Pero natalo ni David ang mga sundalo ni Absalom at siya’y napatay sa labanan. Sa halip na matuwa dahil sa panalo, si David ay umiyak sa pagkawala ng kanyang pasaway na anak. Walang panalo pag ang pamilya ang mawawasak.

Ito’y napakamahalaga na alalahanin na sa kaharian ng Diyos, ang mga tao ay may tatak at halaga na konektado sa ating taga-lalang na Diyos, ang Ama sa Langit. Ng umalis sa relasyon si Lucifer, siya ay nagbigti ng emosyon at pangkaisipan at nagbukas ng daan sa masasamang emosyon. Bago itinanggi ni Lucifer ang kanyang Ama at tinanong mo: “Sino ikaw?” Sasabihin niya ng buong katapatan:”Ako ang anak ng Diyos, at mahal Niya ako.” Subali’t ng itinanggi na niya ang Diyos at tinanong mo ng ganoon ding tanong, “Sino ka Lucifer?” Anong sasabihin niya? Wala na siyang tatak, ito’y sinira niya. Ano mang tatak ang hanapin niya simula nuon ay WALA NA, WALA NANG makapuno sa pagkawala ng naramdaman niya ng makipaghiwalay siya sa Ama sa langit. WALA NA KAILANMAN.

Maraming panahon ang inasam niya na mabawi ang nawala nguni't ang kanyang kayabangan ay ayaw siyang pagbigyan. Ang isa pa, sa kanyang kalooban ay hindi siya naniniwala na siya ay patatawarin matapos ang hindi niya pagtanaw ng utang na loob at lantarang pagrerebelyon. Si Lucifer na si Satanas na ngayon, ay nag-iisa. Walang sinumang hahawak sa kanya, walang magmamahal at walang lugar na matatawag na tahanan. Nagayon siya ay pinagagalaw ng mga emosyon ng pagkawalang halaga, walang tiwala, takot, walang laman, - pagkainggit, arogante, matinding galit, galit at panggigipit.

Hindi na alam ni Satanas kung alin ang daan paitaas. Dapat ay pag-aralan niya kung sino siya at kahit paano ay labanan ang kawalan, pagkawalang halaga at kawalan na nasa loob niya. Parang iasang bata, si Satanas ay nagdadala ng marka ng pagkawalang tiwala sa sarili, takot, pagkasira ng isip, at ang malalim na hangad ng pagsang-ayon kahit kanino na hindi niya makuha. Naghahanap siya ng atensyon, at upang mapunan ang kawalan, ang kanyang katauhan ay hangad na sambahin, purihin at mahalina siya. Kahit na ano na makaaalis ng sakit, kalungkutan, at kawalan – kahit na ano.

Dahil tinanggihan ni Satanas na ang relasyon ang basehan ng kawalan ng halaga, hinding-hindi siya makakagawa ng kaharian na nakabase sa relasyon. Isa lang ang natitirang pagpipilian niya. Ang makilala sa pamamagitan ng kung ano ang nagawa mo kaysa kung saan ka kasapi. Ang kahariang ito ay hindi magtatagumpay kung ang bawa't isa ay tatanggap na

ang lahat ng buhay, talino at pagmamahal ay galing sa Diyos. Kaya inimbento ni Satanas ang prinsipyo ng 'lakas ng loob' upang paliitin ang Diyos na maging isang pwera na hindi pwedeng magkaroon ng personal na relasyon. Pwera na pwede mong magamit at maabuso. Ang kaharian ni Satanas ay kaharian ng lakas at mga nagawa at naghahanap ng saya. Ang kanyang hangad ay wala siyang pananagutan kanino man at ang mahalaga lang ay iyong mapapakinabangan niya.

Ang kahariang ito ay tiyak na mawawala kasi ang buhay nito ay galing sa isang walang buhay at balang araw ay babawiin niya ito sa mga ayaw tanggapin ang tatak na sila'y anak ng Diyos. Mawawala ito dahil walang makaalis ng sakit at kawalaan galing sa pagtanggap ng tatak. Dito ay malalaman natin ang kahulugan ng Proverb: "Walang pahinga para sa mga masasama."

Kung babalikan natin ang halamanan ng Eden sa kontekstong ito makikita natin na sa labas si Satanas ay mukhang matalino habang nilalabanan ang pagtataboy sa kanya sa langit ng Diyos. Subali't sa loob ay may pusong walang laman at nagpipilit manggawa ng sariling tatak upang matakasan ang lumalawak na pagkawalang pag-asa.

6. Impyerno sa Lupa

Ito ang pinakamasakit na karanasan sa buhay. Maraming panahon ang nagdaan, subali't nakabuo ka ng magandang pagkakaibigan sa isang tao. Isang tao na masaya ka habang kayo ay magkasama. Bigla na lang, may mga nagbabago sa kanyang mga kilos. Ayaw mo itong pansinin at sinasabi mong nasa isip mo lang ito. Subali't ang ebidensya ay nagiging malakas habang dumaraan ang panahon, kaya sa bandang huli tinanong mo na siya kung anong nangyayri. Pagkalipas ng sa akala mo'y mahabang panahon na parang may bato sa inyong pagitan na ginawa ng iyong kaibigan, natuklasan mo na may isang tao na naghihikayat sa iyo at sinisiraan ikaw at iniwan kang masama ang loob.

Segurado, ang katwiran ang maniniya at maayos ang hindi pagkakaintindihan nguni't parang hindi. Habang naghahanap ka ng tamang katwiran, ikaw naman ay pinagbibintangang gumagawa ng pangtakip sa totoo. Syempre, makakaramdam ka ng isa sa mga ito: sakit, galit o pagkasira ng loob dahil ang kaibigan mo ay medaling naniwala ng hindi man lamang nakikipag-usap sa iyo o di kaya'y ipagtanggol ka. Ang iyong katahimikan o pag-iingay (kung alin man ang reaksiyon mo), ay magsasabi sa iyong "kaibigan" na tama sila at totoo ang mga sinasabi tungkol sa iyo. Parang hinihiwa ang isang sugat.

Seguro habang binabasa mo ang nakalipas na dalawang saknong, ay may masakit na nakaraan ang maaalaala mo at mapapatunayan mo na ang pangyayaring ito ay nangyayari ng paulit-ulit kahit nuong bago pa ang mundo. Ngayon habang nagsusulat at naaalala ang pangyayaring ito sa akin, tumigil ako at saka nagtanong muli: “BAKIT?”

Alam ko na karamihan sa atin ay may ganuong karanasan kaya maiintindihan natin ang nararamdaman ng Diyos ng kainin ni Adan at Eva ang bunga na galing sa Kahoy ng Karunungan. Ito ay napaka misterioso kung paano ang salita ng isang taong hindi mo kakilala ang maghihiwalay ng dalawang magkaibigan.

Madalas kong iniisip na ang Diyos ay binabantayan ang kanyang anak na si Eva ng nasa halamanan at bigla na lang nakikipag-usap sa” hindi niya kakilala”. Pagkalipas ng maraming pagkakataon at mga regalo ng pagmamahal, kakapit ba siya sa seguridad at pagmamahal ng Diyos Ama sa langit o yaya kapin niya ang mga salit ni Satanas sa pamamagitan ng ahas? Bakit walang ginawa ang Diyos at hindi Siya nagpadala ng anghel upang pigilan ang pagkakaputol sa kanilang relasyon? Palagay ko ay maraming “bakit” na tanong na pwedeng sagutin ditto. Sabali’t dahil kulang tayo sa oras o espasyo upang pag-usapan ang mga ito, ang iba dito ay masasagot lamang kung Siya ay ating kaharap na, ang sagot ay pag-ibig. Ang pag-ibig ang nagbibigay ng pagpili kahit ang pinili ay masyadong makakasakit sa gumawa ng pagpili. Kung ang Diyos ay makikialam sa tuwing ang mga anak Niya ay may maling gagawin, mawawalan ng pagkakataong pumili. May panahon sa pagbibigay ng susundin and mayroon din sa pagtatama ng mali at mayroon ding panahon na ang katahimikan ng pumili ang nagpapahalaga sa “Mahal Kita” na sinasabi nila dahil kung

ang pag-ibig ay hindi pinili, ito ay hindi pag-ibig. Ito ang katotohanang nilalabanan ng mga magulang tungkol sa kanilang mga anak. Kung pagkatapos ng mga utos at paliwanag, an gating mga anak ay hindi pa rin sumunod sa atin, pinagbabawalan ba natin sila upang di natin maramdaman sakit ng pagtangga nila; o tatahimik na lang tayo at malulungkot upang pumili sila na tanggihan tayo? Napakahirap na pagpili para sa isang magulang.

Ang Diyos na nakadamit ng lakas ng pagmamahal ay tahimik na panapanood si Eva, ang mahal niyang anak, na maging instrumento sa pagsisira sa mahal Niyang anak na si Adan. Sa nagayon, lubhang napakasakit ang nararamdaman ng Diyos. Ang sakit bang nararamdaman ng Diyos sa puso Niya sa pagkawala ng kanyang anak na si Eva, ay magbubunsod sa Kanya upang iligtas si Adan? “HINDI” Ang labis na pagmamahal ay naghihintay lang ng tahimik nagpapatunay na Siya ang Diyos ng Kalayaan at pagpili. Babayaan Niyang si Adan ay pumili. Kung pag-uusapan natin ang pagsubok huwag nating iisipin na ang Diyos ay basta lang manonood sa pagsubok na galing sa langit upang Makita kung si Adan at Eva ay mayroon ng kailangan upang maging bahagi ng kalangitan. Ang ganitong pag-iisip ay pwede lang manggaling sa impyerno. “HINDI” Ang Diyos ay sinusubukan kagaya nina Adan at Eva. Dahil alam ng Diyos na kung babagsak si Adan at Eva ay magtitiis siya ng kasiraan, ibig sabihin ay dapat Niyang sabihin ang pangako na napag-isipan bago pa ginawa ang mundo na bibigyan Niya ng buhay ang kanyang anak – si Jesukristo, upang mabawi niya sila pabalik. Ang lahat ng ito ay alam ng Diyos habang tahimik na pinapanood si Adan at si Eva. Anong uri ng pagmamahal na nasa katahimikan. Ang ipinakitang pag-ibig ay magpupuksa sa masamang idea na ang Diyos ay kumilos sa pamamagitan ng sariling interest sa pakikitungo sa ating mga orihinal na

magulang.

Napag-usapan natin sa Kabanata 1 ang pilosopiya na si Adan at Eva ay niyakap habang kinakain nila ang bunga bawal na kahoy at ganuon din sa nakaraang kabanata ang masamang halo ng emosyon na nagdala kay Satanas na manggawa ng konsepto na pwede tayong mabuhay kahit wala ang Diyos at magbuo ng tatak sa pamamagitan n gating nagawa. Kahit ang katas ng tiyan nina Adan at Eva ay tinutunaw ang prutas ng nakakapagkasakit na ulap ng pagkawalang halaga at pag-amin na dahan-dahang bumabalot sa kanilang isip at sinasarado ang masaya, mapagmahal, at maligayang relasyon ng Diyos sa tao. Ang sumpa ng kahoy ng Duracell ay nag-umpisa ng magtrabaho at sa maikling panahon si Adan at Eva ay mababalot ng pag-amin at takot. Sila, kasama si Satanas at mga anghel nito ay nagbigti na ang emosyon. Nawala na ang kanilang tatak at halaga at wala silang magagawa upang ibalik ito. Hindi nila kayang ibalik ang pagpanig ng Diyos.

Sinira nila ang relasyon at ang Diyos lang ang pwedeng mgbalik nuon. Ito ang katotohanan kahit sa ating sariling karanasan. Pag may isang sumira ng relasyon sa atin, ang kakayahan ng pagbabalik nito ay manggagaling sa taong hindi nanira, ang sumira ang isinuko ang otoridad sa relasyon.

Sa puntong ito ay importanteng tandaan kung anong nakita natin sa Kabanata 2. Ang Diyos ang pinanggalingan ng buhay, talino at kasiyahan. Si Adan at si Eva ay pinutol and relasyon nila sa pinanggagalingan sa paniniwalang ang kasinungalinan ay nasa kanila ang lahat. Ang kanilang pang- unawa ay hindi na pwedeng gamitin ng walang pag-iimbot. Ang isip nila ay nakaayon na kay Satanas. Wala silang kakayahan na isiwalat ang mga kasinungalinan na

sinasabi ni Satanas sa kanila. Pinupuno ni Satanas ng mga kasinungalingan tungkol sa pag-uugali ni Diyos. At kasabay nito ay sinasabihan sila na sila’y masama. Sinasabihan sila na dapat silang mamatay dahil sila ay walang kwenta. Pinipilit ni Satanas na sirain ang kanilang tatak at ginagawa niya ito sa pamamagitan ng pagsasabi ng mga kasinungalingan tungkol sa Diyos at sa kanilang dalawa. Habang naniniwala tayo sa mga kasinungalinganang iyon kalian man ay hindi tayo makakasundo ng Diyos.

Ang hindi kilalang tao ay pinaghiwalay ang matalik na magkaibigan. Ng binisita sila ng Diyos at tinawag ang kanilang pangalan, ang dati’y pinakamatamis na tinig sa mundo, ngayon ay parang may nakatagong takot at kawalang pag-asa. Nagtagumpay ang programa ni Satanas.

Isipin mo na isang araw, pag-uwi mo sa bahay galing sa trabaho at masayang hinihintay ang dating masayang pagsalubong ng iyong anak. Tuwing hapon ang anak mo ay sasalubong sa iyo at kakanta ng “Daddy, Daddy” at biglang yayakap sa iyo. Habang papalapit ka sa bahay, wala ang anak mo na sumasalubong sa iyo. Habang nagtataka ka, papasok ka sa pinto at maririnig mo ang sigaw ng takot at maririnig mo ang maliliit na hakbang papunta sa halamanan upang magtago. Mayroong nagputol ng relasyon. Ang dating pag-ibig, ngayon ay takot. Walang tunay na ama ang matutuwa na ang mga anak ay tatakbong palayo sa kanyang tawag. Masakit ito. Isa itong trahedya na ang kasalanan ay magagawa tayong takot sa taong pinakamapagmahal, mapagbigay, matiyaga at mapagmahal sa kalayaan sa buong mundo.

Ang Diyos ay nahaharap sa isang mabigat na dilemma. Paano Niya sila haharapin ngayong nakikinig sila sa ibang boses? Lahat ng sinasabi ng Diyos ay binibigyan nila ng

masamang kahulugan. Alam ni Adan at Eva na sila ang may kasalanan subali't wala silang tatak at halaga upang tanggapin na sila ay mali, dahil tinanggap nila ang mga maling sinabi tungkol sa Diyos, na siyang pinanggagalingan ng buhay at talino. Dahil kontrolado sila ng pagkamakasalanan at pagkawalang seguridad sila ay naging mayabang. Nawala na sa kanila ang mangatwiran ng totoo.

Humahanga ako sa pag-ibig ng Diyos na ipinakikita Niya ng buong pasensya. Ang Diyos ay tumawag kay Adan “Nasaan ka?” hindi dahil hindi Niya alam, subali't upang harapin ni Adan ang isyu. Saan naroon ang pag-iisip mo, Adan? Anong nangyari sa tatak mo? Ang katawan ay kumakatawan sa ispirituwal at ang pagtatago ni Adan at Eva ay maliwanag na itinatago nila kung anong nasa isip nila. Nagsuot sila ng pandaraya upang hindi nila harapin ang katotohanan na parang nakakatakot. Tinutulungan sila ng Diyos upang pag-aralan ang problema para mabigyan sila ng banal na solusyon.

Sumagot si Adan at sinabi sa Diyos na takot siya dahil siya ay hubo. Ang pag-aming ito ay nasa Genesis 2:25. “Ang lalaki at asawa niya ay parehong hubo subali't hindi sila nahihya.” Si Adan ay dating hubo bago siya kumain ng prutas pero hindi siya nahihya. Subali't ngayon siya ay nahihya. Ang salitang Hebrew na (buwsh) ay ibig sabihin ay nalilito at nabigo. Si Adan ay puno ng pagkalito, kasalanan at kabiguan. Siya nalilito kung sino siya at nakaramdam siya ng pagkakasala sa kanyang nagawa. Ang Diyos ngayon ay inilalagay ang Kanyang daliri sa tindi ng sakit ni Adan. “Sino ang nagsabi sa iyo na ikaw ay hubo?” Kumain ka ba ng bunga ng puno na sinabi kong huwag mong kainin? Hindi si Adan tinanong ng Diyos, “Paano mo nalaman na ikaw ay hubo?” Ito ang Kanyang tinanong, “Sino ang nagsabi sa iyo na ikaw ay

hubo?” Itinuturo ng Diyos sa nagsasabi ng mga kasinungalingan. Sa isang kabila, “Sino ang nagtuturo sa iyo na lumayo sa akin?” Sino ang nakapagitan sa ating dalawa?”

Diretso si Adan na tinanong, “Kumain ka ba ng galing sa puno na sinabi kong huwag ninyong kainin?” Ito ay simpleng tanong na humihingi ng simpleng sagot na oo o hindi. Ngayon na nasa isip ni Adan na ang Diyos ay madamot at mapaghigante at siya ay isang gago at walang halaga, binuo niya sa isip niya na ang dalawa at dalawa at nakuha niya ay 64. “Alam” ni Adan na pag sumagot siya ng oo ay kakainin niya ito at pag hindi ang isasagot niya dalawang beses niya itong kakainin, isa sa pagkain at isa sa pagsisinungalin. Dahil alam ni Adan na wala na siyang lusot, inilagay niya ang kanyang gwantes na pangboksing at pupunta sa kanyang kanto at sumunsuntok (tulad ng isang taong walang tiwala sa sarili) sa Diyos. May kasabihang kung ikaw ay lulubog, mas mabuting lulubog ka ng lumalaban.

Iyong BABAENG ibinigay mo sa AKIN, SIYA ang nagbigay sa akin ng bunga ng puno at aking kainin.

Ito ay isang lumang linya. Si Adan ay huling huli at tinamaan niya si Eva ng dalawang beses at isa naman ang Diyos. Isipin mo ang gulat ni Eva na itong lalaking ito na bago lang nangako na sasamahan siya anuman ang mangyari, subali’t sa unang problema ay nadapa agad sa kanyang mukha. Ang kasalanan ay hindi makakagawa ng isang tao na walang pag-iimbot na tutulong at susuporta sa iba. Ang laging nangyayari isang tao para sa sarili.

Hindi natin gustong makaligtaan ang prosesong ito. Ang reaction ni Adan ay dahil sa kanyang kasalanan at pagkawalang tiwala, kasama ang maling paniniwala sa

katauhan ng Diyos, at lahat ng ito ay binubuo sa malaking tulong ng kayabangan. Ngayon na ang tingin niya ay hindi na siya anak ng Diyos, ay dapat niyang tanggapin ang pilosopiya “Pag hindi ako tumayo sa sarili ko, wala ng iba!” Itong ang isip kasi wala na siyang tatay. Ito ang pinakamasakit dahil sa kasalanan: paano ipakikita ng Diyos kay Adan na mayroon siyang maling larawan ng Diyos at siya ay hindi walang halaga at gago. Paano siya mabibigyan ng tamang pagsusuri ng kanyang kalagayan kung nawala na ang kanyang lakas upang mag-isip ng tama? Ang Diyos lang ang may-ari ng tunay na talino at si Adan ay naputol na ang ugnayaan sa pinagmulan. At kahit si Adan ay mangatwiran, paano ito magiging malaya sa magkahalong kasalanan at kayabangan na nilalabanan ang kahit na anong parang katotohanan. Hindi kaya ni Adan na sabihan siyang mali, kahit ito’y sa pamamaraang mapagmahal para sa kanya, kasi pagkawalang tiwala ang nagkokontrol sa kanyang katwiran.

Sa aking taimtim na pagdarasal makikita ninyo na minsang si Adan at Eva ay makipaghiwalay sa Diyos, ay walang pag-asang nawala at mahirap ng mabawi. Buong kontrolado sila ng espiitu ni Satanas. Sa kanilang puso ay nakatanim ang mga buto na magdadala sa kanilang mga anak sa anghel ng pagkawalang pag-asa na pilit pinapatay ang anak ng Diyos at Jerusalem. Kahit hindi nila ipinaalam ang puso nila ay walang gustong may kaugnayan sa Diyos o Kanyang kaharian at hindi nila alam na talagang galit sila sa Diyos.

Sa puntong ito ay baka isipin ninyo, “sandal lang, pinalalayo ninyo ito. Naisip ko na sila’y may problema subali’t kung sasabihin ninyo na talagang galit sila sa Diyos, ay sobra na yata.” Ang sagot ko ay masasabi kong lahat ng kabutihan, pag-ibig at talino ay nanggagaling sa Diyos. Hindi ito nanggagaling sa puso ng tao. Kung hindi tayo maniniwala

sa katotohanang ito hindi natin maiintindihan ito at tayo ay hindi rin makakaintindi. Ang Bibliya ay malinaw tungkol ditto. Tingnan ninyo ang mga salitang ito:

Ang makasalanang pag-iisip ay malayo sa Diyos. Hindi ito pumapailalim sa kautusan ng Diyos at hindi nga.
Romans 8:7

Walang tama, kahit isa; walang nakakaintindi, walang naghahanap sa Diyos. Lahat ay Lumayo at sama-sama silang naging walang halaga; walang gumagawa ng mabuti, kahit isa. - Romans 3:10, 11

Ang puso ay madaya sa lahat ng bagay at hindi malulunasan. Sinong makakaintindi nito? - Jeremiah 17:9

Sinasabi ng Bibliya na ang ating pag-iisip, sa kanyang natural na lagay, ay galit at palaban sa Diyos. Ang isip natin, sa natural na kalagayan, ay rebelde, hindi sumusunod sa Kanyang utos at imposible sa ating isip na ilayo ito sa ganitong kondisyon. Nakita ko sa aking karanasan, at sa karanasan ng ibang tao na sinabihan ko ng katotohanan ang mainit na espiritu ng paglaban. Ang espiritu ng paglaban na ang katauhan ay talagang galit sa Diyos ay direktang eko ng paglaban ni Adan sa Diyos, ng sinisi niya ang Diyos at si Eva sa halip na tanggapin ang skanyang sitwasyon. Ang pagkawalang tiwala ni Adan ang ating minana at hindi natin ito matanggap at lalo na siya. Kung galit ka o masama ang loob sa nasabing ito, kung ikaw ay naiinis sa sinabing ito, kung iniisip mo na ang sumulat nito ay “kill joy” at walang masaabi kundi ang mga tao ay masasama, tanungin mo ang iyong sarili bakit ganoon ang nararamdaman mo? Kung mas may tiwala ka sa iyong sarili kaysa sa mga nasabing ito, itong mga salitang ito ay hindi dadapt makabahala sa iyo. Ito lang ang maibibigay niya. Wala na.

Kung matatanggap mo ang katotohanan na ang tao ay malayo sa Diyos, ikaw ay may malalaman. Sa kontekto na ang Diyos ay may plano na iligtas tayo, ito ay matinding kalayaan na isiping wala kang magagawang mabuti. Pwede kang tumigil sumubok. Pwede mong saktan ang iyong kung ang kasamaan mo ay lumalabas at sinasaktan ang iba emosyonal o pisikal man. Nauuna na ako, sa susunod na kabanata na natin ito pag-usapan.

Kung babalikan natin si Adan at Eva, makikita natin ang pagkasira ng namamagitan sa kanila at sa Diyos ay mabigat na trabaho. Ang kagalingan nila at ng kanilang mga anak ay nangangailangan ng maraming bagay:

Isang paraan na magbibigay sa tao na makilala ang kanilang mahirap na kalagayan, kasama kung paano sila mahihila sa tamang direksyon na hindi kabaligtaran sa kanilang kalayaan. Ang paraan na ipakita sa kanila na mali ag pagkakakilala nila sa Diyos at Kanyang kaharian at paraan na ipakita sa kanila na sila'y tunay na iniibig ng Diyos.

Ang paraan na ipakita sa kanila ang kanilang kasalanan, pagkawalang tiwala at ibalik sa kanila ang tamang tatak at halaga bilang anak ng Diyos.

Ang paraan na mabawi ang kanilang kahalagahan, ang dahilan kung bakit sila nabubuhay.

Lahat ng nasa itaas ay nangangailangan ng panahon at si Adan at Eva ay winala ang kanilang buhay kaya kailangan nila ng tutulong upang mabigyan sila ng panahon na pumili at magdesisyon.

Habang ginagawa ang lahat ng ito dapat ay mapanatili ng Diyosg hustisya. Hindi Niya pwedeng hindi pansinin ang kanilang pagrerebelde at sabihing OK lang. Dapat ay may parusa sa rebelyon. At ito ay hiwalay sa parusa sa kasalanan. Ang pagpapaalis sa kanila sa Halamanan ng Eden ay hindi parusa sa kasalanan kundi bunga ng kanilang piniling gawin.

Mayroon tayong mahalagang punto na dapat gawin. Ang Diyos ay hindi nasurpresa dito. Ang Ama at Anak ay nakapagdesisyon na kung anong gagawin sa panahong ito. Ang plano ay nakalatag na. Ang plano na nakakasakop sa buo niyang walang pag-asang sitwasyon.

7 Ang Daloy ng Buhay Galing sa Langit

Ito ay istorya ng isang “satation master” na may responsibilidad na magbukas at magsara sa isang riles na tulay upang ang mga barko ay makadaan sa ilalim. Pag nakataas ang tulay ay mayroong signal na nakataas at nagsasabi sa drayber ng tren na maghintay na mabuksan ang tren. Ng araw na ito ay nakataas ang tulay at matagal-tagal pa bago ito maibaba. Bigla na lamang napansin ng “railway master” na mayroong tren na papalapit. Naisip niya na siguro hindi gumana ang signal. Pwede sana niyang ibaba ito agad subali’t nakita niya ang anak na nakaayat sa gulong na nagbababa at nagtataas ng tulay. Alam ng “master” na pag hindi niya ibinaba ang tulay para maligtas ang kanyang anak, lahat ng sakay ng tren ay mamamatay. Kung gusto niyang iligtas ang mga pasahero ng tren ay isasakripisyo niya ang buhay ng kanyang anak. Wala ng panahon na magdesisyon. Kahit anong sakit sa kanyang puso ay dahan-dahan niyang ibinaba ang tulay. Lumuhod siyang umiiyak habang naririnig niya ang iyak ng kanyang anak na naiipit ng mga gulong.

Nakalampas ng ligtas ang tren at hindi nila alam kung anong nangyaring sakripisyo na kapapangyari, mailigtas lamang sila.

Palagi akong tahimik at walang kibo tuwing maririnig ko ang istoryang ito dahil sa katulad na desisyon na hinarap ng Diyos tungkol sa sangkatauhan and ang kahihinatnan nila.

Babayaan bang Diyos na mahulog tayo sa ilalim ng kadiliman o magbibigay siya ng alternatibo? Maiksi ang panahon upang kumilos dahil si Adan at Eva ay pinutol nila ang kanilang sarili sa pinanggagalingan ng buhay at malapit na silang maging bangkay sa lupa kasama ang kanilang kinabukasan sa libingan ng kamatayan.

Bago pa ginawa ang mga tao, ang Diyos Ama at Anak ay nag-usap ng malalim na ang tawag sa Bibilya ay pag-uusap tungkol sa kapayapaan. Noon ay pinag-usapan kung anong mangyayari kung ang mga tao ay piliin na tumalikod sa Tatalikod sa Diyos. Ngayon na ang oras para kumilos. Sinong makakaalam ng sakit ng Diyos? Papayagan ba Niyang ang Kanyang Anak ay papalit kay Adan at Eva dahil sa kanilang pinipili? Pababayaan ba Niyang ang kanyang Anak ang tumanggap ng pagkawalang halaga at pagkawalang pag-asa at dalahin ito sa hukay? Papayagan ba Niyang ang kanyang Anak ay mawalan ng tatak at maputol ang pagka-Anak Niya at mapiga sa kanyang puso ang mga katagang: “Bakit mo ako pinabayaan.”

Habang sinusulat ko ito, ang aking anak ay tahimik na nasa harapan ko. Tiningnan ko ang kanyang magandang mukha at naramdaman ko ang saya at pag-ibig na umakyat sa aking puso para sa kanya. Inisip ko na kung ako ang Diyos, na pinabayaan kong tanggapin ng anak ko ang parusa sa kamatayan ng mga taong ngayon ay galit sa akin at sa lahat ng mayroon ako. Nangungumpisal ako na pinutol ko ang mga iniisip kong ito. Hindi ko pababayaang isipin ko ito. Kahit ang “sub-concious” ko ay alam na kahit isipin lang ito ay napakasakit na pwede akong magkolaps. Ang isip ko ay bumabalik sa Diyos at sa kanyang dilema at ako’y nangingimi. Ako’y nagpapasalamat sa Kanya sa pagpapahintulot na ito’y mangyari, kahit alam Niya na isa ako

sa pasahero ng tren, na sa matagal na panahon ay hindi ko naintindihan, o kahit magpahalaga sa ginawa ng master, na isang malaking sakripisyo. Ang pag-iisip na ito ay laging nagpapatigil sa akin at sinasamba Siya at nagpapasalamat sa kanyang walang katapusang pagmamahal at sakripisyo.

Humahanga ako na ang Anak ng Diyos, na naging si Jesus, ay pumapayag na gawin ito para sa atin. Ang Bibliya ay nagsasabing alam ng Diyos mula sa simula hanggang sa huli, kaya alam Niya kung anong mangyayari pagdating Niya sa mundo, ang pagtangi, ang pagpapasakit, ang panggagaya, galit, krus, ang pagkawalang halaga ng bilyong mga kaluluwa na ipapatung sa Kanya, at ang nabuong kasalanan at kalungkutan ng daan-daang henerasyon. Alam Niya lahat ito at sabi ng Anak ng Diyos, “Ang gusto kong sundin ang utos mo, O Diyos, ang utos mo ay nasa aking puso. Gusto ng Anak ng Diyos na huwag sumang-ayon nguni’t gusto Niyang gawin. Ang puso Niya, katulad ng sa Kanyang Ama, ay gustong magbalik buong kasayahan upang siyang maging tatak nila. Anong klaseng Diyos ang ganito? Kanino natin siya ihahambing, anong mga salita na sapat upang purihin Siya?

Mapapansin ninyo sa huling kabanata that si Adan at Eva ay nangailangan ng suporta at kakayahan na malaman ang tama sa mali, kailangan nila ng tulong na makita ang katotohanan tungkol sa Diyos at malaman, ihayag, at tanggihan ang mga kasinungalinang sinasabi ni Satanas. Kailangan nila ang kompas upang matulungan sila na makita ang tunay na espirituwal na hilaga.

Ang lahat ng bagay na ito ay makukuha sa pamamagitan ng regalo ng Anak ng Diyos sa mundo. Sinabi ito kay Adan at Eva sa Genesis 3:15. Sa pagsasabi ng Diyos Sinabihan ng Diyos si Satanas sa ganitong paraan:

At bibigyan ko kayo ng poot sa pagitan mo at ng inyong asawa at sa pagitan ng iyong punla at Kanyang punla. Sasaktan ka niya sa ulo at sasaktan ka niya sa sakong.

Ang mga salitang ito ay puno ng pangako at pag-asa. Sinabi ng Diyos lalagyan Niya ng poot sa pag-itan ni Satanas at ng babae. Ng magsabi ang Diyos sa babae, sinasabi Niya ang lahat ng manggagaling sa kanya, sa ibang salita ang kabuuan ng katauhan. Ang ibig sabihin ng poot ay galit o kaaway. Ang Diyos ay magbibigay sa pamilya ng katauhan na ayaw ng mali, at gusto ng kabutihan at katotohanan. May isa lang dahilan kung bakit magagawa ito ng Diyos, ito ay dahil ang Kanyang Anak ay pagkakasunduin ang pamilya ng tao sa pamamagitan ng Kanyang buhay at pagkamatay habang Siya ay nasa mundo. Ito ang ibig sabihin ng galit sa pagitan ng punla ng babae at punla ni Satanas o anak. Sabi ni Paul sa aklat ng Romans na ang galit sa kasamaan ay grasya o lakas sa sumunod na mga salita:

Ang regalo ay hindi katulad ng paglabag. Kasi kung marami ang mamamatay sa pamamagitan ng paglabag ng isang tao, gaano pa ang grasya ng Diyos at regalo na galing sa grasya ng isang tao, si Jesukristo na unaapaw para sa karamihan. Romans 5:15

Ang kakayahang pumili ng tama ay direktang nanggagaling sa poot na ibinigay ng Diyos sa puso natin sa pamamagitan ng regalo ng Kanyang Anak. Ang regalong ito ay siya ring nagbibigay ng kailangang regalo ng buhay. Nasabi din ito ni Paul sa naturang kabanata sa Romans:

Ang resulta, kung ang taong lumabag ay kaparusahan sa lahat ng tao, ganito din ang resulta ng Kabutihan, ito din ang

pagmamatuwid na nagbibigay buhay sa lahat ng katauhan.
Romans 5:18.

Ito ay di-kapanipaniwalang katotohanan na magbibigay ng kapayapaan at kaligayahang di-mapapantayan. Ang katunayang ito ay nangangahulugan na ang bawa't hininga (kahit naniniwala ka sa Anak ng Diyos at sa Kanyang sakripisyo o hindi) ay nanggagaling direkta kay Jesukristo. Ang Kanyang buhay ang nagpapatibok ng iyong puso at nagpapahinga at nagbibigay-buhay. Lahat ng ginagawa natin I na hindi natin sinasadya ay sinasadya ng Diyos. Siya ang puso ng katotohanan na nagsasabing:

Ginawa ito ng Diyos upang hanapin niya ang Diyos o abutin at makita Siya, kahit hindi Siya malayo sa atin. 'Para sa Kanya tayo ay nabubuhay, gumagalaw at magkaroon ng katauhan.' Acts 17:27,28

Ang Diyos ay hindi malayo sa atin dahil tayo'y inaalalayaan ng buhay ni Jesukristo sa pamamagitan ng pagkamatay Niya sa krus alang-alang sa atin. Kung ang pakiramdam mo ay malayo ka sa Diyos, ang totoo ay hindi kailanman Siya naging malayo sa atin. Pakiramdaman mo lamang ang iyong pulso at malalaman mo na hindi ka Niya iniwanan.

Idagdag mo pa ang katotohanan na inilagay ng Diyos sa puso natin ang paghahangad na gumawa ng mabuti at itakwil ang masama kaya marami tayong dapat ipagpasalamat. Isipin mo ang mga pagkakataong nakaisip tayo ng masama at biglang pipigilan ito at hindi itutuloy gawin. Ito ay regalo ng Diyos, ang poot sa kasamaan. Hindi mahalaga kung naniniwala ka o hindi, binibigyan pa rin ikaw ng regalo sa pamamagitan ni Jesukristo. Sinasabi sa mga salita ng Diyos, na ang ulan ay

pinababagsak ng Diyos sa mabuti at masama. Isipin mo na maraming panahon na nilalagay ni Satanas sa isip ng isang tao na may gagawin sa iyo, kukunin ang iyong pag-aari, at ang poot na inilagay ng Diyos sa kanilang puso ang nagtutulak na huwag itong gawin. Siyempre mayroon tayong kakayahang pumili kung tatanggihan natin ito o ipagpatuloy ito at magkasala, sabali't kung wala ang poot, wala sa ating makakapigil na gawin ang inilagay sa ating isip.

Anong kahanga-hangang Diyos na gawin ito sa atin, Tayo bilang mga tao ay nawala ng tuluyan at inalipin ng kasamaan ni Satanas. Hindi natin kayang tulungan ang sarili, malululong sa kahirapan at pagkasira ng tuluyan. Subali't an gating Ama sa langit ay aayaw tayong pabayaan. Ibinigay NIya sa amin ang pinakamahalagang pag-aari Niya – ang Kanyang Anak. Si Jesus ay mananatiling myembro ng ating pamilya ng katauhan at isa sa atin. Ito ay sakripisyo na dapat palaging pag-aaralan at paglilmi hanggang sa walang hanggan.

Habang iniisip mo ang bagay na ito, anong nararamdaman mo sa lahat ng ginawa ng Diyos? Hinihila ka Niya papalapit sa Kanya upang tanggapin Siya at maniwala sa katotohanan tungkol sa kanya. Gusto Niyang malaman na mahal na mahal ka Niya at ibinigay lahat upang mabawi ka lang. Hindi ko matatanggihan ang ganitong klaseng pag-ibig at ito'y napakalakas para sa akin. Ikaw

8. Ang Paghahambing ng Dalawang Kaharian

Bago tayo magpatuloy ay pag-usapan natin ang kabuuan ng tungkol sa dalawang kaharian dito sa mundo. Ang walang hanggang kaharian ng Diyos at ang kaharian ni Satanas na ipinakilala kay Adan at Eva sa halamanan ng Eden. Kung pag-uusapan natin kung ano ang kaharian, mayroong tatlong bagay na dapat isaalang-alang:

1. **GOBYERNO.** Isang paraan kung paano ang kaharian pinatatakbo. Halimbawa: demokrasya o diktadora
2. **PERA.** Isang paraan kung paano ang halaga ng mga bagay ay nagpapalitan.
3. **PAMAYANAN.** Paraan upang malaman kung ang tao ay nabibilang ng kaharian.

Pwede nating ihambing ang dalawang kaharian sa ganitong paraan:

	Kaharian ng Diyos	Kaharian ni Satanas
Gobyerno	Family	Pinakamalakas
Pera	Mapagmahal na Relasyon	mga ari-arian
Pamayanan	Mga anak ng Diyos	Mga nagawa at nakamtang tagumpay ayon sa isip mo at ng iyong mga kasamahan

Ang gobyerno ng Diyos ay nakasalalay sa pamilya. Ang ulo ng gobyerno ay ang Ama. Ang relasyon ng puno at mga myembro nito ay malapit at malalim. Sa isang kabila ang kaharian ni Satanas ay siyang pinakamalakas. Ang mga pinakamalakas ay iyong namumuno. Kahit sa demokrasya iyon pinakamalakas sa mag advertise ng kanilang mensahe at pinaka magaling mang-akit ng mga botante ang umaakyat sa kapangyarihan.


Ang kaharian ng Diyos ay gumagamit ng lakas ng relasyon. Ang pag-ibig ang salapi ng langit. Ang baw't isa ay naaalagaan ng pag-ibig ng Ama at hindi kailangang patunayan ang kanilang halaga. Kaya nilang magsaya kasama ang ibang myembro na walang masamang ninanasa. Makilala lamang

ang Diyos ay pinakamataas ng kasiyahan at ambisyon at dahil ang karunungan ng Diyos at talino at katangian ay walang hanggan at ang ganitong trabaho ay hindi matatapos. Palaging may pag-aaralan tungkol sa Kanya. Ang mamamayan ay natututo ng tungkol sa Kanya ng direkta o sa pamamagitan ng Kanyang ginawa. Kaya sa pag-aaral ng isa't isa at pag-aaral ng kalikasan at ng mundo ay isang masayang parte ng buhay sa Kanyang kaharian. Dahil tinatanggap natin na ang lahat ay galing sa Kanya, lahat ng nilalang ay sumsamba sa Diyos na masaya at nagpapasalamat.

Sa kabaligtaran, ang kaharian ni Satanas ay gumagamit ng mga pag-aari. Ang halaga ay galing sa kung ano ang ating nagawa, kaya ang pagtitipon ng mga pag-aari ay mahalaga sa buhay. Ang mga pag-aaring ito ay maaaring material, mental or ukol sa relasyon. Mas malaki ang bahay mo, mas marami kang laruan, mas ,ahalaga ka. Mas mataas ang pinag-aralan, mas mataas ang posisyon sa trabaho, mas mahalaga ka. Ang mga taong kinakaibigan mo ay mahalaga dahil ang taong iyon ay malaking pag-aari. Ang kaharian ni Satanas ay naniniwala na ang lakas ng tao ay galing sa loob kaya kung pag-aari mo ang isang tao ay magiging mas malakas ka. Ang relasyon sa tao ay gamit kung saan mas marami tayong nakukuha. Ito'y nagsasabi na ang pagkontrol sa mga tao ay importante. Maraming paraan kung paano mo makontrol ang ibang tao. Pagiging mabuti at makikaibigan ay isang paraan madalas ginagamit. Ito'y gamit ng mga nagtitinda. Paggawa ng magagandang bagay ay maaaring hangaan ng tao at sundan ka at kung hindi ito mangyari, pwede mong gamitan ng lakas, blackmail, o pananakot para makontrol at makuha ang kanilang katapatan. Ito ang dahilan kung bakit ang mga

relasyon puno ng sakit at kalungkutan ngayon, kasi ang mga tao ay nag-iipon upang tumaas ang kanilang halaga.

Ang isang kabaligtaran ay ang pamayanan. Sa kaharian ng Diyos ikaw ay mamamayan dahil ikaw ay anak ng Diyos. Sa kabila ng mga paghihirap at ibang pangyayari sa buhay, ito'y hindi magbabago. Ang iyong pagkamamamayan ay malapit sa relation sa Diyos bilang Ama. Sa kaharian ni Satanas ikaw ay nabibilang sa pamamagitan ng paggawa o di paggawa. Kung may nagawa ka o tamad ay tatanggapin ka rin basta nakatutok Ka sa paggawa. Gigising ka sa bawa't umaga na nag-iisip kung anong gagawin upang masarap ang pakiramdam. Kung pipigilan ka magagalit ka at mabibigo. Kung matapos araw at palagay mo ay wala kang nagawa pakiramdam mo ay matamlay at lalong maghahangad. Ang buhay ay nakapalibot sa yabang at walang halaga. Ang buhay ay nasa pagitan ng tagumpay at pagkabigo at lalong inaarok ang hangad na gumawa o sa kabaligtaran ay takot na ang nakuha mo ay mawala. Wala itong katapusan hanggang mamataay ka o magbago ng kaharian.



Ang bilog na ito ay resulta ng paniniwala na may lakas sa ating sarili. Kung totoo ang tayo’y may sariling lakas ay hindi tayo umaasa kahit kanino at hindi kumukuha ng halaga kahit kanino. Dapat tayong magtanim at mag-ani ng sarili nating halaga. Lahat ng tagumpay ay nagpapatunay sa atin at ang kabiguan ay itinatulak tayo sa wala.

Naalaala ko ang magkalabang damdamin ng bago pa akong nagesermon. Pakiramdam ko ay ako,y pinagpala kung itinaturo ko ang katotohanan sa Bibliya, subali’t kapag ako,y nasa tabi ng pinto at habang umaalis ang mga tao, parang gusto kong sabihin nila sa akin na mahusay ako, upang patunayan ang aking nagawa. Mas mahusay ako, mas gusto kong makatanggap ng pagsang-ayon. Alam kong mali ito, kaya pag sinabihan ako na mahusay ako, pangsamantalang sinasabihan ko sila ng “Ang Diyos ang pasalamat ninyo at hini ako.” Nguni’t parang asiwa ito at pakiramdam ko ay inilalayo ko sila. Kung alam natin na ang lahat ay nangagaling sa Diyos at tayo’y pinahahalagahan Niya sa halip ng kahit ano nating ginagawa ay madali tayo,y libreng magtagumpay at mabigo na hindi nakakaramdam ng pagkabale wala at hindi natin kailangan ang pagpapatunay ng iba.



Mahalagang tandaan na ang myembro sa kaharian ng Diyos ay hindi sa nagawa nakukuha ang halaga. Sa katunayan may kakayahan silang makagawa ng mas marami kasi kahit hindi sila magtagumpay ay hindi sila makakaramdam ng pagkawalang halaga. Mahal pa rin sila, anak pa rin sila ng Diyos kahit magtagumpay o mabigo. Ang kaharian ng Diyos ay nagbibigay sa iyo ng buong kakayahan ng hindi nasisira ang relasyon at hindi nababawasan ang iyong halaga.

Maiksi nating nabalangkas ang dalawang kaharian. Sa bandang hulu ay malalaman kung paano ang mga kahariang ito ay umusad sa kasaysayan ng katauhan at ang mga paghihrap natin sa pamumuhay sa pagitan ng dalawang ito. Ang dalawang kaharian ay parehong nagbibigay ng kalayaan, parehong nangangako ng marami subalit sino sa dalawa ang mag-iiwan ng malalim na kahalagahan at halagang hindi mabubuwig.

9. Ang Puso ng Babilonia

“Saan tayo nagkamali?” ang iyak ng isang ama na pinipilit intindihin ang katotohanang hinaharap niya. “Maganda ang samahan naming sa pamilya at alam niya na mahal naming siya.” Patuloy ng ama habang naghahanap siya ng dahilan kung bakit ang anak niya ay nahatulan ng “drug trafficking”, pagnanakaw at pagpatay.

Itong hinagpis ng ama ay paulit-ulit Mga magulang na nabubuhay sa kahihyan at sama ng loob dahil sa anak na nagrebelde at nahulog sa kasamaan. Ang simula ng ganitong masakit na pag-iyak ay masususog natin sa ating unang magulang, si Adan at Eva at ang anak na si Cain. Mararamdaman ng mga magulang ang saya na naramdaman ni Adan at Eva ng una nilang kalungin si Cain. Ang bunga ng kanilang pagmamahalan ay nahahawakan na at naeenjoy Habang hawak ni Eva ang munting bata ay sabi “Mayroon na akong lalaki, ang Diyos. Naniwala siya na itoang punla na mababasa sa Genesis 3:15 na magbibigay ng kagamutan at pagpapala sa lahat ng bansa. Sana nga ay ito’y totoo, nguni’t ang mapait na kabaligtaran para kay Eva ay ang pamana ni Cain ay kalungkutan, kasiraan at kamatayan ng milyon tao. Si Cain ay naging pinuno ng mga sumasamba na ang ispiritwal na karanasan ay sarili nilang kondisyon. Ang grupong ito ay masa nakararami sa populasyon ng mundo. Ang mga tao na tinawag sa Bibliya na “Babilonia” sa kabaqnatang ito ay

sususugin natin ang espiritu na nagtutulak sa mga taong ito at kung paano ito nakakaapektosa iyo at sa akin.

“Daddy, bakit dapat nating patayin ang kawawang at inosenteng tupa?” Ang pagpatay sa tupa ay upang ang pamilya ay maligtas na magbayad para sa kaligtasan at pag-ibig ng Diyos sa pagbibigay ng ganyang regalo. Ito ay isang ritwal na nagtuturo sa pag-asa at pabalik sa kahihyan. Ito ay maginhawang pagpapaalaala ng magandang pag-ibig ng Diyos at kasabay nito ay masakit na alaala ng pagkawalang utang na loob at kadamutan. Ang pagsali sa ganitong serbisyo ay palaging magbibigay ng magkahalong damdamin. Habang nakatingin sa inosenteng tupa na malungkot na naghihinalo ay nangagahulugan ng halaga ng kaligtasan. Para sa lahat na nakatingin sa Tupa ng Diyos, ang pag-asa ay dapat may halo ng lungkot ng kaluluwa habang iniisip ang kaligtasan. Pag hindi ito ginawa ay itataboy ang kaluluwa sa kawalang pag-asa o aatras sa lagim ng ganong halaga at isulat muli ang pinanggalingan ng katauhan sa pamamagitan ng pagtanggap na nangyari ang ganong pagbagsak. Pag pinagdudahan natin ang pag-ibig ng Diyos sa pag bibigay ng Kanyang Anak na namatay, ang krus ay magbabago mula sa liwanag ay magiging dilim, mula sa simbulo ng pa-asa punta sa simbulo ng kahihyan.

Pagkalipas ng maraming taon na pinapanood niya ang mga magulang sa pagpatay ng tupa at nakikita ang mga luha kasama ang pag-asa, tiyaga at pagtitiwala sa darating na Punla, nagpasya si Cain na hindi na niya matitiis ang kahulugan ng kahihyan at pangangailangan ng pagpapakumbaba. Sa pagtutok sa pagkabigo ng katauhan na ipinakikita ng pinatay na tupa, pinili ni Cain na huwag alalahanin ang dakilang pag-ibig ng Diyos sa ganoong regalo. Para sa kanya, ang tupa ay pinukaw ang buway, bahagi ng

minana niya sa kanyang ama na galing kay Satanas. Para kay Cain, ang tupa ay nagsasabi na hindi siya katanggap-tanggap sa Diyos at ang kanyang ginagawa ay hindi sinasang-ayunan ng Diyos. Maliwanag na sinusulsulan ni Satana si Cain na matapang na alisin ang pagpatay ng tupa sa kanyang pananampalataya. Nasa Bibliya na naghain si Cain sa Diyos ng mga prutas. Sinabi din duon na si Cain ay magsasaka na nag-aani ng pagkain bilang kanyang trabaho. Ang alay niya ay simbulo ng pagpupunyagi upang makamit ang respeto ng Diyos sa pamamagitan ng mga ginawa ng kanyang mga kamay. Pinalitan niya ang karanasan niya sa pananampalataya mula sa mapagpakumbabang pananampalataya sa mayabang na pagpapakita; mula sa matiwalang relasyon sa pampalubag na kontrato. Ang ganuong pananampalataya ay isinasa isang tabi ang katotohanan na wala tayong lakas na maki0pagtawaran sa Diyos, wala tayong sariling buhay upang salubungin ang Diyos sa gusto natin. Nakakalungkot na nakalimutan ito ni

Cain. Nangako si Satanas sa kanya ng kalayaan upang makawala siya sa kahihiyan, nguni't sa pag-aalis ng tupa ang pananampalataya ni Cain ay nabago mula sa relasyon ng pananampoalataya sa tunay na Diyos sa isang relihyon na naaayon sa nagawa base sa mga ritwal para sa ibang mga diyos na gawa-gawa niya. Sa ganitong pagbabago, niyakap ni Cain ang lason ng kahoy na Duracell, lumundag siya nakatali sa lubid ng Duracell samantalang nararanasan ang kalayaan at di magtatagal ang lubid ay makakarating sa kanyang limit at lason bago ito kumagat.

Sa kabanata 5 nakita natin ang mga emosyonal na pilat na nanggaling sa pagkasira ng relasyon ng pamilya. Ito ang kabuuan:

- Tuluy-tuloy na naghahanap ng pagsang-ayon

- Paghusga ng masyadong mahigpit
- Sobrang pagtugon sa sitwasyon na wala siyang control – madalas silang nagkokontrol
- May problema sa pakikipagrelasyon

Nang si Cain ay lumayo sa plano ng Diyos na iligtas siya, lumayo siya sa Diyos; ang kanyang relasyon sa pamilya ay lubusang nasira. Ang layo ay nagatungan ng apoy ng pagkawalang tiwala; ang Es[iritu ng Diyos ay hindi na makapagpahinahon sa kanya o malabanan ang mga kasinungalinan ni Satanas. Ang pagkawalang halaga ay lalong lumaki at ang kahihiyan ay lalong dumami. Katulad ni Satanas, si Cain ay walang nagawa na mapalitan ang pagkasira ng relasyon niya sa Diyos. Kahit anong gawin niya hindi niya maaalis ang pagkawalang halaga hanggang hindi siya nagbabalik ang emosyon niya sa Diyos, Kanyang kaharian at Kanyang plano. Ang kanyang magulong emosyon ay puputok na. Nangyari itong sakripisyo nang si Abel at si Cain ay sumamba sa Diyos. Tinanggap ng Diyos ang alay ni Abel na tupa sa pamamagitan ng pagkasunog nito samantalang ang alay ni Cain ay hindi niya kinibo. Ito ang nagpagalit kay Cain. Ang kasalanan ay sobrang walang katwiran. Si Cain ay hindi sumusunod sa mga utos kaya sobra ang gulat niya ng hindi ito umayon para sa kanya.

Isipin mo na pupunta ka sa tindahan para bumili ng mga sangkap sa pag gawa ng tinapay. Itatanong mo sa tindera kung paano ito ginagawa at bibigyan ka ng listahan para iuwi sa bahay. Lahat ay mabuti naman hanggang maamoy ang ‘year’ at maisip mo na mas mabuti ang wala. Tapos ilalagay mo sa pugon at maya-maya pa ay makikita mo ang flat na tinapay. Nagyon, tama ba na magalit ka ng husto at balikan ang tindera at kagalitan mo sa pag hihitsura mong wlang kwentang tagaluto? Hindi. Pero itoang ginawa ni Cain sa

Diyos.

Si Cain ay nasa punto na hindi na makakabalik. Dahil niyakap niya ang kaharian ni Satanas kung saan ang halaga niya ay nasusukat sa kung anong kanyang nagawa, ang kakayahan niya ay nadadala at naaayos ay dagliang nawawala. Alam ni Cain na mali ang kanyang ginawa, subali't ang isip ng tao ay medaling madaya at sa halip na sumunod sa Diyos siya ay nagalit. Dahan-dahan hinanap ng Diyos na matulungan at mabago siya at ituro siya pabalik sa lupang ipinangako ng Kanyang Anak, subali't si Cain ay hindi pinakinggan ang babala. Ang naramdaman niya ay rebelyon at kaharian ng kadaliman ang malapit ng magbuo ng matagumpay na experimento sa sangkatauhan.

Sa ngayon ang puso ni Cain ay nababalot ng mga emosyon na pinakawalan ni Satanas sa langit. Gusto niya ang pagsang-yon ng Diyos subali't sa kanyang sariling panuntunan. Ang kanyang pagkawalang halaga ay umabot na sa sukdulan at malapit na siyang pumutok. Naghahanap siya ng pagsang-ayon galing sa mas mataas na lakas upang makontento subali't ayaw niyang tanggapin na ang lahat ay utang niya sa Diyos at dapat na pasalamatan ang kanyang ibinibigay sa pamamagitan ng tupa. Habang nag-iinit siya dahil sa kahihyan sa harap ni Abel, inumpisahan niyang makipagtalo sa kanya. Hinamon siya ni Abel at hinikayat na gamitin ang paraan ng pananampalataya niya at bumalik sa plaano ng Diyos. Iyon lang ang kailangan ni Cain. Mayroong parang naputol sa loob niya. Ang pagkawalang halaga niya ay nagtulak sa kanya sa punto na wala na siyang pakialam at sa panahong ito, si Satanas ay malayang makakontrol sa kanya. Sobrang ginalit ni Satanas si Cain sa kanyang kapatid kanya nasira ang relasyon ng pamilya kaya kitang-kita na si Satanas. Ang buong kalangitan ay nanood sa unang pagpatay

na nangyari unang pagpuksa sa banal at mahalagang relasyon. Ganito ang nangyayari kapag nilabag ang utos ng Diyos. Ang langit ay nagbubuntung-hininga at kahit si Satanas at mga anghel ay nakadanas ng panandaliang panginimi habang ang walang buhay na si Abel ay pinapula ang lupa ng kanyang dugo. Inalis ni Satanas ang lagim ng pangyayaring ito at idiniin niya kay Cain ang sala at hindi siya naniniwala na kaya siyang patawarin ng Diyos. Ito ang kahibangan ni Satanas, nangako siya ng kalayaan at saya sa pagsunod sa kanyang rebelyon at kung tayo’y lumabag. Ang kanyang boses ang sumisigaw sa Diyos n gating kasiraan. Kasabay nito ay bumubulong naman siya sa ating kaluluwa na tayo ay masama at dahil sa kasamaang iyon ay hindi na tayo tatanggapin ng Diyos, ito ang boses na nagpapalakas ng ating pag-iisip na tayo’y lubhang makasalanan kaya gusto nating mamatay. Masamang kalaban ng katauhan –mayroon kang gantipala ka sa iyong kaduwagan at walang gulugod na mga paraan! Ngayon na nakalampas na si Cain sa guhit, wala na siyang kalasag para sa kanyang kaluluwa at pinaiyak siya ni Satanas at sabi:”ang malubha kong kasalanan ay ma higit pa sa anumang kapatawaran.” Ito ang pinakamalungkot na mga salita. Lumapit ang Diyos kay Cain, hindi upang putulin ang relasyon kundi upang bawiin siya. Subali’t nagsabi si Cain, ang malubha kong kasalanan ay mas higit pa sa anumang kapatawaran” Mas naniwala siya sa kasinungalingan ni Satanas kaysa sa salita ng Diyos. Nagtanim siya at ngayon siya ay nag-ani.

Sa ika-4 na verse ng Kabanata 4 Ang Diyos ay nagsabi ng sumpa. Sa bandang huli ng sumpa, sinabi Niya kay Cain na siya ay magiging rebelde. Ang mga salitang ito ay nagsasabi ng isang nanginginig at sumusuray; nagbibigay ng isip ng taong walang pag-asa at kinabukasan. Ito’y ginawa ng Diyos hindi sa pagwawagayway ng makalangit na patpat, subali,t

ang sumpa ay likas sa pagtangi sa kaharian ng Diyos, likas sa pagtangi sa kilalang-kilalang relasyon. Ang kaluluwa niya ay pinasakitan dahil ginawa siya para sa malapit na relasyon subali't ang puso ay iba ang piniling daan. Laging naghahanap ng pag-ibig subali't pinalalayo ang lumapit. Gustong mapalapit sa iba subali't hindi niya pinapayagan na ang ibang tao ay makapasok sa sikretong parte ng kanyang puso kung saan naroon ang kanyang kawalang halaga. Gustong magkaroon ng kaibigan nguni't takot na maging karibal sa kanyang kagitingan. Eto ang totoo sa proberb "Walang pahinga para sa mga masasama".

Ang sabi ng Bibliya, si Cain ay umalis sa harapan ng Diyos. Nabubuhay siya ngayon na walang isip na siya'y malapit sa Diyos. Sa paniwala niya na ang kasalanan ay nagsara sa kanya sa Diyos, isinara na niya ang Diyos sa kanya. Sa mas malaking paghahangad ng pagsang-ayon at halaga, nag-umpisa siyang gumawa ng siyudad. Nag-iipon siya ng mga tao at siya ang kanilang lider. Gagawa siya ng malalaking bahay at duon manggagaling ang kanyang halaga sa mga nagawa niya. Palilibutan niya ang sarili ng mga nagawa ng sarili niyang kamay at alisin, sa abot ng kanyang makakaya , ang mga ebidensya ng gawa ng Diyos. Gagawin niyang maging abala upang wala na siyang magtanong kung ano ang lagay ng kanyang kaluluwa.

Kaya, si Cain ang naging daan upang magkaroon ng kaharian si Satanas sa lupa. Sa pamamagitan niya nagkaroon ng mga tao na nagpakita ng mga palatandaan ng pagkawalang halaga. Sila ay mapaghanap ng lakas at posisyon, nagbubuo ng mapangkontrol na espiritu na naiinggit sa karibal, sa walang katapusang paghahabol ng tatak malayo sa Diyos na gumawa ng langit at lupa. Habang si Satanas ay hinahawakan ang mga

taong naghahanap ng halaga sa kanilang sarili sa halip ng sa kamay ng dakilang personal na Diyos, sila ay makokontrol niya. Kaya nagawa niya. Sa mga nakalipas na panahon si Satanas ay may mga tao na hawak niya at nagbibigkis ng mga kaluluwa sa kanyang sarili at gustong maghari sa mundo.

Pinag-aralan natin ang puso ng Babilonia, ang may sakit na puso na naghahanap ng tatak at halaga base sa kung anong nagawa, naghahanap ng pagsang-ayon, sa mga nagawa at naghahangad na humawak ng mga pangyayari ng hindi mawala. Sa susunod na kabanata susundan natin ang mangyayari sa puso samantalang mawawala ito sa kasaysayan ng katauhan.

Seksyon 2. Isang patutunguhan – Tatak na Nabawi

10. Pagputol sa Tanikala ng Duracell

Mayroong mahabang pahinga samantalang magkahawaksila ng kamay. Ang tindi ng emosyon ay malalim, nguni't alam nila na dumating na ang panahon. Habang ang napakatagal na panahon ng walang hanggan, ang Ama at Anak ay laging may pagtatalamitam sa isa't isa at ito ay madali ng maputol. Ang Anak ng Diyos ay malapit nang pumunta sa misyon upang mabawi ang Kanyang mga anak na tao. Alam ng Ama at Anak ang panganib at halagang sangkot, subali't ipinagpapatuloy din.

Sa maikling sandali ang Ama at Anak ay tumingin sa hinaharap at tiningnan nila ang mangyayari sa misyon. Ang uyam, pagtanggap, galit, ang pagdura, ang pagsipa, ang paghampas, ang mga pako ay bale wala kung ihahambing sa kasindak-sindak na panahon kung kailan ang langit at lupa ay

titigil at tingnan ang paghihiwalay ng Ama at Anak. Ang Anak ay makakakita ng milenyong pagkakasala, paghihirap, rebelyon, at pagkawalang halaga na mapapataw sa kanyaat panoorin ang sarili habang pinapanood ang sarili ay inuuga na parang dahon, punit at sira sa pag-iisip ng pabalik na lakad ng Ama, na pinabayaan Siya sa lagim ng Kamatayan.

Ang pagyakap ay mas humigpit – paano Siya maiibigay ng Ama sa ganitong kalagayan. Sa malalim na antas pareho silang nakikipaglaban sa maaaring pagkabigo at pagkatalo sa lakas ng kasalanan. Ang Anak ng Diyos ay kukunin ang kalikasan ng tao sa Kanyang sarili na magbibigay ng bintana ng pagkakataon sa kanyang karibal na si Satanas, na matalo Siya. Walang garantiya ng panalo. Paano nila pinlano ang ganoong kahibangan, ang ganoong panganib? Paano nila ginawa ang walang kabuluhang planong ito? Kaya lang ang pagmamahal ang nagtutulak sa kanila.

Ang matagal na pahinga na parang walang katapusan ay natapos din; pareho silang nagdesisyon na ituloy ang plano. Ang Anak ay nagpunta sa tabi ng langit at tiningnan Niya sa huling pagkakataon ang mukha ng Kanyang Ama at pagkatapos ay umalis na.

Sa Kabanata 6 tiningnan natin ang mahaba at nanghahamong listahan na gagamitin kung gusto na iligtas ang mga anak sa mundo. Sa kabanata 9 nakita natin ang pag-unlad ng kaharian ni Satanas sa puso ng mga tao at kung paano si Satanas ay naghari sa isip ng pagkawalang halaga. Kung sisirain ni Jesus ang lakas na ito, dapat ay idugtong ang ating tatak bilang mga anak ng Diyos at matalo ang maling tatak na galing sa kahoy Duracell.

Ang kutob ay seguradong naghahawak sa puso ni Satanas, habang minamasdan niya ang mga anghel ay umaawit ng masayang awit para sa mga pastol dahil sa pagdating ng Messiah. Ang bituin na gumabay sa mga mago sa sabsaban ay konti lang ang naitulong. Isipin ninyo na habang siya ay nakatingin sa marangal na bata na alam nila na sila ay mapapaaway. Hindi niya nabuwag ang matahimik na kalagayan ng bata , gaya ng ginawa niya sa ibang bata na nauna. Ito ay palaisipan, ang bata ay gawa sa dugo at laman subali't sa ilalim ng kanyang puso ay may tahimik na kapayapaan sa hindi nakikitang kamay ng walang hanggang Diyos. Alam ni Satanas na mayroon siyang problema.

Ang may problemang espiritu ay nagpahinga sa puso ni Herod at binigyan tayo ng pagkakataon na makita ang gulo na nagpagalaw sa madilim na espiritu ng mundo. Ang pagkawalang tiwala ni Herod ay naging madali upang ang pain ni Satanas na “pagyanig at pagsindak” na kampanya laban sa kaharian ng Diyos. Kukunin niya ito bago pa man ang labanan ay mag-umpisa. Subali't ang mapayapang tiwala ng batang Hari ay hindi nawala at ang kalooban ng Diyos ang nagbigay daan sa pagtakas Niya, upang makipaglaban Siya sa pinuno ng kadiliman at sa laman ng tao ay labanan ang pagkawalang tiwala na umalipin sa buong katauhan na tiyak na mapapahamak.

Ang buhay ni Jesus ay mabubuo natin sa mga salita ni John 8:29 NIV. “Ang nagpadala sa akin ay kasama ko, hindi niya ako pinabayaan, dahil ginagawa ko ang gusto niya.” Walang halaga kung ano man ang ginawa ni Satanas, hindi niya kayang sirain ang dangal at pagtitiwala. Si Kristo ay kumapit sa kanyang pagiging Anak ng Diyos na may tenasidad na kahit ang prinsipeng kadiliman ay nagulat. Seguradong si Satanas ay nagngingitngit dahil wala siyang nagawa upang si Kristo ay magkasala. Sa wakas ay may

makakapigil kay Satanang. Pagkalipas ng apat na libong taon ng tagumpay sa bawat tao, si Satanang ay bumangga sa matigas na batong kaluluwa ng tao na may tiwala sa pagiging Anak ng Diyos. Ang pagiging Anak ng Diyos ang susi sa tagumpay, ang pagiging Anak ng Diyos ang tanggulang laban sa malakas na agos ng pagkawalang halaga na lumulunod sa madlang katauhan kung kaya't ang pagiging Anak ng Diyos ang siyang dapat tutukan sa labanan ng dalawang magkaribal.

Ang bayan ng Nazareth ay puno ng kasiyahan. Ang balita tungkol sa magbibinyag ay kumalat ng mabilis. Ang tagapagauna ng Messiahang ay dumating na at ito ay kumalat na sa mga gawaan ng mga Karpentero, alam ni Jesus na dumating ang oras ng labanan. Iniwang ni Jesus ang kanyang pait at lagari, niyakap ang Kanyang ina at lumakad patungong Jordan.

Si Jesus ay tiwala sa pagiging Anak ng Diyos, subalit ang nalalapit na labanan ay susubok sa kanya na hindi pa niya nararanasan. Ang tarangkahan ng pighati ay mabubuksan sa Kanya katulad ng isang dike na nasira. Si Jesus ay nahaharap sa buong pwersa ng pagkawalang halaga ng mga tao at mananatiling katulad ng bato ni Gibraltar. Kung kaya Niyang tumayo ng matatag, ngayon lamang mayroong makakaputol sa tanikala ng Duracell. Ang kasiraan ng tagumpay ang magiging pamana ng mga naniniwala sa Kanya.

Ang labanan sa kagubatan ang saligan ng paggawa ng krus. Anong halaga ng pagpapatwad kung ang puso ng tao ay hindi makakaputol ng tanikala ng kawalan. Anong halaga ang malakas na pagpapakita ng pag-ibig kung walang lalaki, babae, o bata na may lakas na yakapin ang regalo –HINDI! Ang kawalan ng halaga at kawalan ng Duracell ay kailangan munang magapi at ang pagkasira ng tagumpay ay malagay sa

kamay ng mga tao upang lahat ay magkaroon ng kapangyarihan na yakapin ang walang katumbas na regalo ng krus.

Alam ng Ama kung ano ang darating at patitibayin Niya ang kamay ng Kanyang Anak para sa laban, hindi sa pagpapakita ng kakayahan , hindi sa pamamagitan ng katutubong armas , wala sa mga ito ang panglaban sa kalaban. Ibinibigay ng Diyos ang pinakamahusay na armas – ang lakas na galing sa kanilang relasyon sa isa’t isa. Pagkalabas ni Jesus sa tubig at bumaba ang kalapati, ang langit ay bumukas at maliwanag na narinig ang boses ng Ama: **“Ito ang aking Anak, ako’y nasisiyahan sa Kanya.”** Ang mga salitang ito ang pinakamatalas na tabak na naibigay ng Ama sa Kanyang Anak upang lumaban. Ligtas sa SALITA ng kanyang Ama, lalabanan Niya ang madayang kalaban at puputulin ang tanikala alang-alang sa atin na hindi natin kayang putulin.

Ang kahalagahan ng mga salitang ito ay mas malalim kaysa iyong iniisip. Ang katotohanan na tinatanggap ng Diyos ang isang kasapi ng katauhan ay nagbibigay sa atin ng kapanipaniwalang pag-asa para sa ating lahat. Sa pamamagitan ni Jesus ang Diyos ay umaabot sa atin at sinasabing tayo’y mga mahal Niyang anak. Kung umaasa ka na tanggapin ang regalo ng krus dapat ay marinig mo muna ang mga mahahalagang salitang ito: “Ikaw ang mahal kong Anak, ako’y nasisiyahan sa iyo.” Imposibleng tumanggap ng regalo galing sa kaaway na hindi mo iisipin na ito ay isang patibong o may kakabit na bagay , subali’t ang regalo na galing sa mahal na myembro ng pamilya ay pwedeng tanggapin – isang regalong wagas at simple. Walang ibang paraang makakalapat ka sa krus kundi ka tatawid sa tulay ng buong paniniwala sa pagiging anak ng Diyos. Ang iba pang

paraan ay magdadala sa atin patungo sa kasalanan.

Iyong mga salitang galing sa langit ay nakagalit kay Satanas. Isang paalaala na dati siya ay may kahulugan subali't ngayon ay hindi na – anak. Ito'y paalaala ng pagkawalang halaga at kawalan. Kaya lang ang kayabangan ay hindi madaling mamatay kaya si Satanas ay naghahanda na pakawalan ang mga panunukso para kay Jesus sa kagubatan.

Sinasabi ng Bibliya ay na si Jesus “ay nasa desyerto sa loob ng 40 araw na tinutukso ni Satanas.” Palagay ko ay karamihan ay mahihirapang labanan ang panunukso ng 10 minuto paano pa ang 40 araw. Si Satanas ay nasanay sa loob ng 4000 taon na maging tama at asahan ni nyo na si Jesus ay namarkahan ang lahat ng armas ng impyerno. Sinong makakaintindi sa ganitong labanan? Ang buong mundo ay pinigilan ang kanilang hininga habang si Satanas ay sigeng suntok ng suntok sa Anak ng Diyos. Kami naman ay natutulong , hindi alintana ang ginagawa ni Jesus upang mailigtas tayo. Kung si Jesus ay mabigo, tayong lahat ay madudurog ng tanikala ng kawalang halaga. Si Jesus ang isa at siya lang ang ating pag-asa na makakadurog sa kadiliman.

Alam ninyo, nakarating ako sa puntong katulad nito, na kailangan akong tumigil at isipin Siya. Ibig kong sabihin, anong masasabi ko? Ang aking puso ay umaapaw sa maligayang pasasalamat sa walang tigil na pag-atake ng Diyos na tao sa ating mahinang kalagayan. Katulad ng ama at ina na tatakbo sa nasusunog na bahay upang ilitas ang anak. Siya ay emosyonal na pinapalo ni Satanas, subali't ayaw niyang bumitaw. Ang taong ito ay may nasa loob niya na gusto kong umiyak—“Ako ay may halaga.” Walang gagawa nito kung hindi ka mahal. Sinasabi ko na ang pag-ibig na ito ay nagpapalapit na hindi ko matanggihan. Tinututulan ko Siya,

subali't salamat sa Diyos, mas determinado Siya kaysa sa akin.

Ng si Jesus ay nasa pinakamahinang punto, pagod, gutom at malungkot, lahat ng nagtutulak sa mga tao ng kompromiso, si Satanas ay ang crux ng isyu. “Kung Ikaw ay Anak ng Diyos, sabihan mo ang mga batong ito na maging tinapay.” Ano pa ang sinusubukan nito kundi ang pagiging Anak ng Diyos? Si Jesus ay hindi sinabihan kung gaano Siya katagal sa disyerto, walang sinabi sa record na 40 araw lamang siya duon. Naruon pa si Jesus subali't walang ibon na nagdala sa Kanya ng pagkain, walang manna na galing sa langit, baka nagkamali Siya ng pakirinig sa boses na galing sa langit? “Ang iyong Ama ay hindi ka pababayaang na manatili sa ganitong kondisyon, gumawa ka ng paraan” ang kanyang bulong.

Ginagamit ni Satanas ang gana para sumubok na sirain ang pananampalataya ni Jesus sa salita ng Kanyang Ama. Bago mag ikaapat na pung araw, sinabi ng Diyos “Ito ang aking Anak nasisiyahan ako sa Kanya.” Kung ginawa ni Jesus na tinapay ang bato, nagdududa Siya sa salita ng Diyos at iyon lang ang kailangan upang lituhin Siya sa kanyang tatak. Si Jesus ay pnagagawa ng bagay na magpapatunay sa kanyang tatak. Ang paggawa ng tinapay galing sa bato na magpapatunay kung sino Siya, ay direktang pinto sa kaharian ni Satanas; tatak sa pamamagitan ng nagawa.

Ilan sa atin ang nahulog sa patibong na ito na nagpapatotoo sa pamamagitan ng nagawa. Itinataboy tayo upang ipakita kung paano makakarating sa itaas, pinababayaang ang pagtulog at pamamahinga at higit sa lahat ang pagdarasal at pagbabasa ng Bibliya, nagtatagal sa opisina at nakakalimutan ang mahalagang oras sa pamilya-para lamang makatanggap ng

promosyon o bonus. Bakit itinutulak nating lubha an gating sarili? Sa karamihan ng pangyayari, naniniwala ako na sumasagot tayo sa tanong: “Kung ikaw ay anak ng Diyos, dapat ay gumawa ka ng magpapatunay dito.

Nangyayari ba sa iyo na pag gising mo sa umaga at gusto mong magdasal at maglimi at makasama ang Diyos ay napupuno ang isip mo ng mga gagawin sa buong araw hanggang hindi mo na makaya at naging 5 minuto na lang dasal at tapos na. Nangyayari ba ito sa iyo? Bakit? Kung matapos ang araw at napansin mo na kaunti lamang ng iyong nagawa, kontento ba at Masaya ikaw o malungkot at depres? Ikaw ba’y nainis sa pag aaksaya ng panahon nakahiga sa kama at may sakit sa halip na nababawasan ang listahan mo ng gagawin. Ang lahat ng ito ay nagpapakita na tayong lahat ay nahuhulog sa patibong ni Satanas upang patunayan ang ating tatak at halaga sa pamamagitan n gating nagawa. Dahil sa katunayan na sa ating nkalooban ay dinadala natin ang pagkawalang halaga na ipinamana ni Adan at Eva, tayo’y nagiging target upang gumawa ng pangagailangang mental at espirital na dahon ng fig upang itakip sa atin. Ang taong walang tiwala sa sarili ay laging sasagot sa hamon sa kanilang tatak subali’t ang taong may tiwala ay hindi man lamang mag- iintindi. Nagpaalaala ito na minsan ay naglalakad ako kasama ko ang kaibigan ko na may Rottweiler. Napadaan kami sa tapat ng kapitbahay na may mas maliit na aso. Ang maliit na aso ay nagtatahol, naglililikot at gusto niyang mapansin ng Rottweiler. Ang Rottweiler ay hindi man lang pinansin ang maliit na aso. Pakiramdam ko ay gustong sabihin ng maliit na aso na, halika ditto at ipakikita ko sa aking amo na kaya kong talunin ang mas malaking aso. Subali’t ang Rottweiler ay palagay ang loob kung anong kakayahan niya at hindi kailangang tanggapin ang hamon, hindi naman makakadagdag sa kanyang halaga.

Ito ang dahilan kung bakit si Jesus ay pumasok sa gubat ng pagsubok. Ang pamilya ng mga tao ay nangangailangan ng isang tao na makapagpapakita na siya ay naniniwala na siya ay anak ng Diyos sa pamamagitan lamang ng pagsasabi ng Diyos, sa halip ng sa pamamagitan ng nagawa. Ang mundo ay nangailangan ng isang David upang talunin ang mukhang matapang na si Goliath na walang halaga at naglalapit sa atin sa kasalanan at gawin tayong alipin ng demonyo. Kaya ang pagsubok kay Kristo sa kagubatan ay may mga katulad sa istorya ni David at Goliath

1. Si Satanas, bilang isang espiritu ay maraming lamang kay Jesus kung sinong nakabalot sa pagkatao.
1 Sam 17:33
2. Kinatawan ni Jesus ang buong katauhan at ang tagumpay para kay Kristo ay kalayaan para sa atin, at si Satanas ay kinatawan ang lahat ng pwera ng Impyerno at ang tagumpay para sa kanya ay nangangahulugan na mananatili tayong alipin ng lakas ng kadiliman. 17:9
3. Si Jesus ay 40 araw sa kabundukan hinaharap ang panglalait at panunukso ni Satanas katulad ng panglalait ni Goliath sa Israel sa loob ng 40 araw.
1 Sam 17:16
4. Si Satanas ay dumating gamit ang sariling lakas pero si Jesus ay dumating sa ngalan ni Jesus upang sirain kung sinong lumaban sa mga sundalo ng buhay na Diyos. 1 Sam 17:45
5. Ang mga armas na ginamit ni Jesus ay mukhang walang kwenta sa makamundong pamantayan – nagtiwala Siya sa salita ng Diyos at ginamit Niya ito ng buong husay upang tamaan ang utak ni Satanas.

Ang pantayan ay makabuntong hininga at hindi ko maalís na ilagay ako sa tayo ng isa sa mga sundalong Israelita na nakatayo sa tabi ng bundok, nakikinig kay Goliath na nilalait ang Diyos, ang aking relihyon at ako bilang tao. “Nasaan ang iyong Diyos?” “Bakit hindi mo ako kalabanin kung ikaw ay masyadong malakas?” “Ikaw ay mahina at walang kwenta at kahihyan ng iyong Diyos?” Sa pakikinig sa ganitong mga salita sa loob ng 40 araw ay makakasira sa iyo. Tingnan mo lang kung gaano siya kalaki. Ang armas ay kumikintab sa sikat ng araw habang ang kasumpasumpang boses na sumisigaw ng mga insulto sa lambak. Ang kalagayan ay parang walang pag-asa at mayroong lumulubog na pakiramdam na tanggap ang pagkaailipin. May pagkakaiba ba ngayon? Mayroon tayong pag-uyam ni Satanas sa ating walang kakayahan at at kahinaan. Ang kanyang panunukso ay parang napakalakas at napakalaki at tayo ay pabalik-balik na nahuhulog at mayroon tayong pakiramdam na parang lumulubog sa pagkaailipin. Mayroon ngang nagsasabi na ang ating pagkaailipin ay hindi kailanman madadaig; na ang kasalanan ay mananalo sa atin. Alisin natin ang mga isip na ito, ang Anak ni David ay nasa kampo natin at palalayain tayo sa tanikala ng demonyo. Ang tagumpay niya sa kabundukan ng mga tukso ay tagumpay ng buong pamilya ng buong katauhan. Pwede mong piliin kung gusto mo pang makaharap si Goliath o kung gusto mong nangingimi mong panoorin sa tabi ng bundok habang pinuputol ni Jesus ang ulo ng panunukso.

Kung naniniwala ka na nanalo ka na dahil kay Jesus kaysa umasa na Siya ang magliligtas sa iyo, kaya nakita mo na ang pinakabuod ng pananampalataya. Labis akong natutuwa na ang Anak ni David ay nagpalaya sa akin mula sa kawalang halaga. Inalis niya ang puso ng aking rebelyon at kayabangan. Ipinatong niya ang aking mga paa sa natigas na

baton a may tatak na anak ng Diyos. Personal niyang hinarap ang aking mga pagdududa at sinakop ng pananampalataya sa mga Salita ng Ama. Samahan ninyo ako na umawit at magpuri, mga anak ng Diyos. Binasag na ni Jesus ang tanikala ng Duracell at ginawa tayong katanggap-tanggap sa minamahal.

11. Ang Pagbubukas ng Pinto ng Langit

May salugsog ng liwanag na nakita sa kadiliman upang magpahiwatig ng pagdating ng madaling araw. Nagpapahiwatig din ito ng oras para mag-umpisa ng trabaho. Bumibilis ang pulso, ang paghinga ay umiiksi habang ang paghahanda ay ginagawa para sa paglalakbay. Habang papunta sa madaling araw, ang isip ni Abraham ay napupuno ng mga alaala. Naalaala niya ng unang nakalong niya si Isaac at ang labis na tuwa na pinakawalan paglipas ng mahabang panahong paghihintay. Alaala ng maliit pa si Isaac na lumulundag sa kama ng kanyang ama at ang pagsiksik sa kanya habang nakikinig sa mga istorya tungkol kay Adan at Eva, Noah, at marami pang iba, nakasabit na parang mabigat sa kanyang balikat habang iniisip ang gawaing nakaatang sa kanya.

Kunin mo ngayon ang iyong anak, ang kaisa-isa mong anak na si Isaac, kung sinong mahal na mahal mo at pumunta ka sa lupa ng Moriah at ialay mo siya bilang sinunog na pag-aalay sa isang bundok na sasabihin ko sa iyo. Genesis 22:2

Nagsalita ang Diyos at si Abraham ay binuo ang lahat ng lakas upang sundin ang utos ng Diyos. Walang dahilan na ibinigay, basta utos. Sa 1009b ng mga taon si Abraham ay lumakad kasama ng Diyos, natutuhan niya na huwag sumuway sa Diyos. Natutuhan niyang pagtiwalaan ang Diyos

na marunong sa lahat at ang kanya lamang daan ang ligtas na daan na sundin. Subali't ang daang ito ay mahirap, napakahirap.

Sinong makakaintindi ng kalituhan sa isip ni Abraham? Mas masaya sana kung siya na lamang amg ialay, kaysa sa kanyang anak. Wala siyang hindi gagawin mailigtas lang ang anak niya sa kanyang kapalaran. Malalim ang hinga ni Abraham habang itinatago ang sakit kay Isaac. Ito seguro ay masamang panaginip na madali ding mawawala. Ang katotohanan ay lumitaw ng magtanong si Isaac, “Ama, narito na po ang kahoy at ang apoy, nguni't nasaan po ang iaalay?” Isang pana ang tumusok sa puso ni Abraham. Paano siya sasagot? Isang mabilis na panalangin ang umakyat sa Diyos at saka sumagot si Abraham, “Ang Diyos ang magbibigay ng alay, ang aking anak.”

Sa ibabaw ng bundok, si Abraham masakit na nagsabi kay Isaac kung anong naghihintay sa kanya. Si Isaac ay bata pa at kayang kaya na magapi ang kanyang ama at tumakas subali't natuto siya ng disiplina ng pagkamasunurin kung kaya't ipinaubaya niya ang kagustuhan sa kanyang ama. Buong langit ay nannunuod habang inihahanda ni Abraham si Isaac,

ang kanyang pinakamamahal na anak para sa huling mangyayari. Ang isip ng tao ngayon ay nagpalabas ng argumento laban sa pananampalataya nguni't si Abraham nakatindig na para bang pinapaikutan ng hangin ng bagyo, yumuko subali't hindi niya isinuko ang ipinagagawa sa kanya.

Nakahanda na ang lahat at tiningnan ni Abraham ang kanyang anak. Ang sakit ay pumupunit sa kanyang puso at ang kanyang lakas ay nag-umpisang manghina subali't naging matatag siya. Pagkatapos mag-alay ng dasal buo sa

isip niya na itarak ang kutsilyo na puputol sa buhay ng pinakamamahal niyang anak.

Sa oras na iyon ay may narinig na boses—“Abraham! Huwag mong ilagay ang iyong kamay sa bata, sa ngayon ay alam ko na na may takot ka sa Diyos.”

Habang iniisip ko ang istoryang ito ay hindi ko matiis na hindi ilagay ang sarili ko sa sapatos ni Abraham at ang aking anak sa sapatos ni Isaac. Hindi ko mawari ang pilay na nadasanan niya subali’t ang larawan ay biglang nawala. May nanggaling sa ilalim na umakyat at pinigil na matapos ang larawan. Sa aking emosyon hindi kaya ng isip ko ang ganoong larawan.

Upang makaya ang katatakutan at sakripisyo ni Jesus sa krus, kailangan mong silipin ang lalim ng relasyon ng Ama at ng kanyang Anak. Ang esensya ng kanilang kaharian ay ibinatay sa kanilang dalawa, butil ng paglapit nila sa buhay ay ipinakikita sa pag-ibig sa isa’ isa. Kung hindi ninyo idadagdag ang ugnayang dimensional sa krus, ibig sabihin ay hindi ninyo ito nakuha.

Dahil sa pagmamahal sa mundo ay ibinigay ng Diyos ang kaisa-isa Niyang Anak at kung sinong maniniwala sa Kanya ay di mamamatay kundi may buhay na walang hanggan.

John 3:16

Ang pagputol ng mahalagang relasyon ay siyang pinakamasamang bagay para sa isang tao na maranasan. Ang isip na mahihiwalay ka sa mga mahal mo sa buhay ay isang takot na nagkukubli sa ilalim ng puso ng bawa’t tao. Naranasan ko na sa isang linggo kong pagkahiwalay sa aking pamilya dahil sa isang pagbibigay ng talaumpati, ang puso ko

ay sabik na makasama ang aking mga mahal sa buhay. Walang kahit ano sa mundo ang pwede kong ipalit sa aking relasyon sa aking pamilya, kahit isipin ko lang ito ay masakit nguni't titingnan natin ang puso ng Diyos, sabi sa Bibliya, makikita na ang Diyos Ama at ang kanyang Anak ay payag silang putulin ang kanilang relasyon para lamang ikaw at ako ay makalakad sa pintuan ng langit at makasama ang ating tagapaglikha.

Baka may sasagot. “Oo, pero alam ni Jesus na mabubuhay uli Siya at makakasama uli ng kanyang Ama, kaya hindi ito masama. Kung inisip mo ito, iminumungkahi ko na kausapin mo si Jesus at itanong sa kanya kung anong naramdaman niya ng sumigaw siya, “Diyos ko, Diyos ko, bakit mo ako pinabayaan?” Ng ang pagkakasala ng paghihimagsik ng mundo ay naipatong sa Kanya at ang pag-ibig ng Ama ay nababalot ng Kanyang galit sa kasalanan, si Jesus ay naghanap sa kadiliman upang makita ang mapagmahal na mukha na laging nagpapaligaya sa kanya ng walang hanggan subali't ang nakita niya ay hiwalayaan at galit. Ang pag-asa niya ay nalunok, ang kamatayan ay naghihintay sa kanya. Naisip Niya na tuluyan na Siyang maputol sa minamaahal niya kaya sumigaw Siya, “Diyos ko, Diyos ko, bakit mo ako pinabayaan?” Isipin mo ito ng isang minute, ito’y kasindak-sindak, simpleng kasindak-sindak.

Ang lahat ng ito ay nagtatanong, gaano kasiryoso ang Diyos sa pagsisira ng hadlang sa pagitan Niya at tayo. Isipin mo na lang ang Diyos sa istorya ni Abraham at Isaac at makikita mo na walang ibang papalit sa pagitan para kay Jesus, walang mag-aalis sa Ama sa pang-aagaw ng sakripisyo at walang pipigil sa banal na kamay sa pagsaksak ng punyal. Sa lindol at kadiliman ng araw na iyon ng ang pinakadakilang pag-ibig ay naputol dahil sa ating kasalana,

narinig ko ang iyak ng Ama, “Anak ko, Anak ko, paano kita pakakawalan?” “Paano kita pababayaang umalis?” Narito ang impyerno. Ang Ama at Anak ay nanggaling sa impyerno ng putulin nila ang ating relasyon alang-alang sa atin. Paano pa ang esensya ng impyerno kung ang kabaligtaran ang kahulugan ng kaharian ng Diyos, mapagmahal at malapit na relasyon.

Anong kahulugan nito sa atin? Ibig sabihin ay nalasahan ng Diyos ang pait ng paghiwalay sa banal pag-ibig alang-alang sa atin, upang hindi natin ito maranasan. “Kamatayan nasaan ang iyong tibo at libingan nasaan ang iyong tagumpay?” Ngayon wala nang makakapaghiwalay sa atin sa pagmamahal ng Diyos dahil sa ginawa ni Jesus at ng kanyang Ama.

Nabuksan ang pinto ng langit para sa atin dahil pumunta ang Diyos sa impyerno at isinarado ang pinto nito upang kailanman ay hindi tayo pumasok duon at maranasan ang pag-iyak at pagngangalit ng mga ngipin na nangyayari sa mga tumatanggi sa kung anong nagawa ni Jesus para sa atin at pumasok sa permanenting pagkakahiwalay Banal na pag-ibig.

Ang hamon na nananatili sa ngayon , ay gawin ang paglalakbay sa ating isipan kung saan nararamdaman natin ang pagkawalang halaga, mapanghamon, at determinado (nakukuha ang tatak dahil sa nagawa) at pabalik sa pinanggalingan ng buhay, kung saan naghihintay ang pag-ibig sa atin, at alam natin na tayo ay mga anak ng Diyos. Kahit binuksan na ng Diyos ang pinto ng langit para sa atin, ay manggagaling pa rin tayo, sa kaharian ng Duracell patungo sa kaharian ng Diyos; galing sa tatak na base sa kung anong nagawa tungo sa tatak ng pagiging anak ng Diyos; o sa ibang salita ay kaligtasan dahil sa nagawa papunta sa kaligtasan dahil sa pananampalataya. Ang natitira pa ng aklat na ito ay tungkol sa mga hamon at mga prebiblehyo ng paglalakbay na ito.

Seksyon 3 – Ang Paglalakbay Pabalik sa Pagiging Anak ng Diyos

12. Buhay na may gatong ng Duracell

Ang hangin ng may paghihintay ang nasa loob ng silid. Katabi ko ang aking kaklase sa awditoryum na naghihintay na may pangalang tawagin. Pinagtrabahuhan kong mabuti ang pag-aaral ng taong iyon, at kahit sinabi ko sa sarili ko na bale wala, sa kalooban ko ay lumalago ang pagnanasa.

Ang paaralan ay magbibigay sa mga istudyante ng premyo para sa kanilang nagawa. Nuon ako,y may nilaro na laro sa aking isip. “Nagtrabaho ka ng mabuti ngayong taong ito, baka ikaw na ang makakatanggapng susunod na premyo...hindi, iba ang mananalo ...pero may pagkakataon ka.” Ng dumating na ang oras ng pagbasa, bumilis ang tibok ng aking puso sa paghihintay at narinig ko ang pangalan, hindi ko pangalan kundi sa isa sa kaibigan ko. Kawili-wili ang panahong ito. Sa labas ay pumapalalapak ako para sa kaibigan ko at sa kanyang tagumpay, sa loob ibang iba ang nararamdaman ko. “Bakit siya ang tumanggap?” Mas marami akong nagawa, hindi ako makapaniwala na sa kanya iyon ibinigay. Ah, parang alam ko na, kamag-anak siya ng isa

sa mga guro. Iyo'y niluto, hindi dahil sa alam mo kundi kung sino ang alam mo." Habang nangyayari ito, ako'y nakatawa, pumapalakpak at tahimik.

Ang mga alapaap ay naiipon at pagkalipas ng ilang oras ay nag-umpisa na akong maging depress at medyo galit na. Isa na namang araw ng buhay na may gatong ng Duracell.

Hindi matagal para sa isang bata na gumawa ng paraan upang siya ay pahalagahan at matanggap, dapat ay makasama siya sa mga kapantay nila. Tuloy ka sa mundo ng paghahambing. Nangyari nab a sa iyo na mahulog sa patibong na binilihan mo ang isa sa iyong mga anak ng pa-birthday at wala sa ibang kapatid? Karaniwan nagkakagulo at ang iyong anak na hindi mo binilhan ay magsasabi: "Hindi patas", na umiiyak, sumisigaw at kung minsan ay nagtatantrum. Mayroon ding "tingnan mo ako" sa parke. Pinapanood mo ang isa sa mga anak mo na nagpapadulas sa "slide" at tumatawa ka hbang nanonood. Sa likod mo ay may boses at nagsabing "panoorin mo ako" at nakita mo ang isa sa mga anak ay nasa sa swing. Napatingin ka sa iba at mayroon na namang "panoorin mo ako" at ang dami na ng "panoorin mo ako " na parang machine gun, at bawa;t isa ay palakas ng palakas. Nakaupo na kami sa hapag upang kumain ng tanghalian at mag-uumpisa ka na lang ng marinig mo ang "Mas marami ang kanya, hindi patas, dagdagan mo pa ang akin." Ganito ang buhay na may gatong ng Duracell. Habang tayo,y tumatanda at nagiging pino ay paghahambing at paghahanap ng atensyon ang nagiging buod ng buhay.

Karamihan ng mga curriculum ng eskwelahan ay naiintindihan ang pangangailangan ng paghahambing at paghanap ng atensyon. Nabubuo ang isang grupo kasama ang mga kasamahan malayo sa tahanan ang nagbibigay ng

pagkakataon na magamit ang paraan ng Duracell. Ang darating na 12 taon ay habulan kung sino ang mauuna sa mga pook para maseguro ang maliwanag at masayang kinakabukasan. Ang kultura sa kanluran ay pumapabor sa mga matalino. Ang kaparis na talino ay may halaga at malayo ang mararating. Nagtataka ka ba kung bakit ang mga bata na may kakayahang magpanatili at isuka ang katalinuhan ay mas pinepremyuhan kaysa sa mga bata na magaling ang mga kamay. Maiisip mo ba na matatanggap sa isang unibersidad dahil magaling kang mag garden o marunong kang mag-ayos ng sasakyan? May mga lugar para sa ganoong kakayahan subali't ang kapalaran ay parang mas inilalagay sa itaas ang kakayahang akademik.

Taon-taon, ang mga bata ay nagdadala ng kanilang report card at dahil ay nalalaman na nila ang kanilang kakayahan, dahil duon. Marami na akong karanasan kung saan ang mga tao ay mahusay ang mga kamay subali't hirap sa akademik. Dahil duon, sila ay parang kulang ang tiwala sa sarili at nagsasabi ng “Hindi ko kaya.” o “hindi ko kailanman iyan magagawa” o di kaya” “napakabobo ko para magawa iyan.”

Subali't huwag kang matakot, marami pang paraan upang magtagumpay. Lahat ng eskwelahan ay may programang pangpalakasan, na tutulong sa mga bata na magpapaunlad ng kanilang kakayahan. Ang mga bata ay nangangailangan ng 1000 oras upang mapaunlad ang kanilang galing sa palakasan na baling araw ay magdadala sa kanila sa kapangyarihan at kaluwalhatian na inaabot nila. Alam natin na ang sport ay laro lamang, di ba? Sabihin mo yan sa mga fans ng soccer na nagpagulo sa kalye ng Europa nuong panahon ng world cup. Paano naman ang taong nanunuod ng kanyang team sa cricket at ang nanyari ay nagkaroon siya ng atake sa puso at namatay bago natapos ang laro. At bakit may mga tao na binabayaan

ng milyon-milyong dolyar sa loob ng isang taon para lang sa pagsipa sa isang goma upang palusutin sa pagitan ng dalawang stik.

Ang sports ay seryosong negosyo na nagbibigay ng pinakasimpleng paraan na makamit ang halaga sa pamamagitan ng nagawa at pagtanggap ng buong atensyon na gusto natin. Isa ito sa mga mabuting paraan upang pakainin ang Duracell. Isa ito sa pinaka-mabuting paraan na patayin natin ang ating paniwala na pwede tayong magkahalaga sa pamamagitan ng relasyon at hindi dahil sa nagawa.

Ang isa sa kawili-wiling bagay tungkol sa sports ay kahit ikaw ay makagawa ng pinakamataas antas, kung ikaw ay pangalawalamang, walang makakatanda ng iyong pangalan. Ang masakit na emosyonal na trauma ng pagkatalo ay napakasakit. Nakapanood ako ng isang manlalaro ng soccer na bglang bumagsak, umiiyak katulad ng isang bata dahil hindi nagtagumpay na magawa ang “penalty shoot” kung kaya’t natalo ang kanilang team at di nakuha ang tropeyo. Nakita ko din ang kanyang coach na tumulong na alisin siya sa palaruan at nararamdam ang kung ano ang kanyang halaga ng oras na iyon. Subali’t ito’y laro lamang. Oo nga, laro lamang na buhay at kamatayan sa pakikipaglaban Opara sa halaga at pagtanggap.

Pwede tayoing maglista ng maraming diyos na inaasahan nating magpapakita ng pabor at magbibigay ng tagumpay at kasayahan na ating inaasam. Mayroong lupain ng pisikal na ganda. Sa mundo ng mahigpit na labanan kung saan ang kasikatan ay maaaring panalunan o talunin naaayon sa hugis ng iyong panga or ang laki ng iyong dibdib. Ilan ang kilala mong dalagita na umiiyak sa kanilang pagtulog, gabi gabi dahil ang paniwala nila ay hindi sila nakapasa. Bago lang naming nakita ang mabilis na pagtaas ng kaso ng problema na ang tawag ay anorexia na nagtutulak sa maraming babae

upang gutumin ang kanilang sarili, upang bumaba ang timbang nila na mahirap maabot.

Paano naman ang lupain ng kayamanang ginawa o katayuan sa trabaho o kaya'y katayuan ng danay. Ako ay nagtrabho sa mundo ng “white collar jobs” sa loob ng ilang taon, at kawili- kawiling makita ang pecking order. Masasabi mo ang position ng isang tao sa klase ng kanilang mga gamit sa opisina. Ang pinakaamo ay iba ang kwarto at may bintana na kita ang kalsada. Ang silya ay mataas ang likog at balot ng balat at may patungan ng kamay. Ang mesa ay may kulay na kahoy at may nakapatong na modernong computer kahit hindi masyadng mabilis. Ang sumunod sa kanya ay mayroon lang partiyon at ang silya ay walang patungan ng kamay. At wala siyang telepono na kajit hindi hawakan at wala siyang nakikita sa bintana. Nakakatawa kung iisipin mo, pero ito'y napakaseryoso sa mundo ng mga korporasyon. Ang mga kasangkapan sa opisina ay importanteng parte ng opisina para sa epektibong paghahambing sa iyong mga katulad.

Ang listahan ng ihahambing na pagkakataon ay walang katapusan sa mundo ng Duracell subali't kadalasan ay sila'y nahuhulog sa kaunting simpleng kategoriya.

1. Antas ng edukasyon
2. Pangkalakasang Abilidad
3. Karayuan sa trabaho/laki ng kita
4. Personal na hitsura
5. Ari-arian/pag-aari
6. Nationality

Ito ang mga diyos na ang mundo ay sinasamba at inaasahang papaboran sila. Sila ay mahirap na tagapag-patupad at

kadalasan ay hinihingi ang buong pagsunod kung gusto mong paboran ka. Karaniwan ay hinihingi nila ang sakripisyo ng pamilya at kaibigan, at pag may swerte ka, maaari mong maranasan ang kaluwalhatian bago ka maglaho sa kawalan. Lahat tayo ay nagiging alipin ng mga diyos na ito sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Duracell at ito din ang mga diyos kung saan ang Diyos na gumawa ng langit at lupa, ay kung saan tayo inililigtas

13. Haggan Patungo sa Langit

Ang mga araw ay nagiging maiksi at malamig; ang winter ay malapit na. Kailangan nang mag-ipon ng kahoy para sa fire place sa lamig na bababa na sa maliit na lambak. Ang lalaki sa bahay ay nagpuputol ng kahoy ng may nakita siya sa tabi ng kanyang mata na maliit na sapatos. Pag tingala niya ay may batang nanonood sa kanya. “Ang Daddy ko ay mas mabilis magsibak ng kahoy kaysa sa iyo.” “Ganoon ba?” sagot ng mama. “Opo, totoo.” “Ang Daddy ko ay makakagawa ng kahit na ano. Siya ang pinakamahusay.” “Kung ganoon, pinagpala ikaw na magkaroon ng ganoong Daddy.”

Ganoon ka simple ang aking nilakihan. Nung mga araw na iyon ang Daddy at Mummy ko ay walang maling ginagawa at siyang pinakakawili-wiling mga tao.

Sa ibang bagay, mas maganda sanang manatili sa ganoong kalagayan subali’t hindi ito mangyayari. Pagkalipas ng maikling panahon sa eskwelahan ay nag umpisa nang naka adjust ako sa mga paghahambing, hinahanap ko ang aking lugar sa samahan ng mga bata na kasama ko sa mga pag-aaral.

Ang antas ng paghahambing ay hindi masyado sa primary kaya ang mga karanasan ko ay masaya. Maraming sining, laro at mga aktibidades kaya masaya. Pero may panahon na ang kinabukasan ay inilabas at ako’y makakaranas ng pait/tamis na lasa ng kaharian ng Duracell.

Nang pitong taon ako, lumipat kami sa bagong lugar kaya nag-aral akong pakisamahan ang bagong grupo ng mga bata. Nagkaroon agad ako ng mga kaibigan subali't mayroong iba na masasama ang ugali. Medyo may katabaan ako nuon at ang mga payat ay gusto akong kantyaw. "Fatso", "Fat Albert" at "Slob" ang mga tawag nila sa akin at iba pa. Nakakasindak na karanasan ang naranasan namin nuong kabataan nanim. Ito'y nangyari araw-araw. Ang mga kaluluwang kalaban ay ginagamit ang mga batang lalaki na sirain ang aming halaga. Isang umaga papunta sa eskwalahan, naisip ko na tama na. "Mum, hindi ako lalabas sa kotse, hindi ako papasok." "Hindi, papasok ka." "Hindi ako papasok." Habang pumapasok kami ay nakita ko iyong dalawang buwitre na hinihintay umatake. Binuksan ng Mum ko ang kotse at pinilit na lumabas ako. Ang sumunod na panahon ay napakatindi. Nagsipa ako, sumisigaw, at mahigpit na kumapit sa upuan. Gaya ng isang batang masama, seguro, subali't kung ang tatak mo bilang tao ay napipi; gagawin mo ang lahat para mailigtas ang sarili mo. Hindi ko na matandaan kung ano pang nangyari, subali't ang bullying ay natigil na. Ito ang tunay na halimbawa kung ano pa ang mangyayari.

Ang kalupitan na nakita sa mga bata ay hilaw, at resulta ng prinsipyo ng pahambing na kaharian ni Satanas na gumagalaw. Madalas tayong nakatayo nasisilaw sa walang hiyang kadamutan at walang pasalamat na ipinakikita ng mga bata. Nalakihan ba natin ang mga ito? HINDI! Sa napag-aralan natin walang umaalis sa kahariang ito na hindi tinutulungan ng Anak ni David. Habang tayo'y lumalaki, tayo'y nagiging bihasa at pino.

Pagdating ko sa gitnang ng mataas na paaralan, ako ay naka programa na. Pinag-aaralan kong sumamba sa diyos ng

edukasyon, diyos ng sports, at diyos ng personal na hitsura. Gusto ko sanang sambahin ang diyos ng pera subali't wala akong trabaho. Lahat ng nakapaligid sa akin ay nagsasabi na dapat akong magsumikap na maging una; magpilit na gumawa. Nalaman ko na ang panalo lang ang tinatanggap at ang talo ay bale wala. Kalimitan ang aking insentiboay upang gumaling sa eskwelahan ay naitutulak ng posibilidad na ako ang mangunguna at hindi sa dahil sa simpleng makontento sa anumang natututunan. Nanunuod ako ng TV na lalong nagpapatindi sa aking paniwala. Ang mga nangungunang artistang lalaki ay ipinakikitang may mga kahanga-hangang nagawa na magtutunaw sa puso ng dalaga. Nagturo ito sa akin na ang relasyon ay iyong nakukuha sa pamamagitan ng gawa at ang dalaga ay bilang premyo sa halip na kaibigan. Hindi dahil sa iyon ang sinabi mo kundi ito ang nangyayari sa iyong sub-concious na isipan.

Ito ang panahon upang mangarap. Madalas ay hihiga ako sa aking kama at mananaginip ng tungkol sa pananalo sa Australia sa larong cricket o mataas na score sa huling laro o ipakipagsasapalaran ang buhay at katawan upang mailigtas ang isang dalaga na nasa panganib. Ang panaginip na ito ang nagbubuo ng tela ng aking halaga.

Mas madalas akong managinip mas determinado ako upang abutin ang aking gustong maabot. Ang pinakamahirap ay hindi mo pwedeng maabot ito kung ito ay nasa vacuum. Dapat may talunin kang ibang tao. Gusto ko ang aking mga kaibigan nguni't mas gusto makamit muna ang aking panaginip. Pwede akong maging mabuti kung ang panaginip ko ay hindi nanganganib, subali't nararamdaman ko na ang panaginip ko ay hamunin, ito'y digmaan.

Nagtrabaho ako ng husto upang makamit ang aking

hinahangad. Nanguna ako sa aking sport at edukasyon, dalawa sa tatlo ay hindi na masama. Kaya pumasok ako sa ibang antas. Pag naabot mo na ang itaas ay pilitin mong manatili duon.)Palagi kang nakatingin sa iyong balikat at binabantayan ang iyong mahalagang posisyon. May hinihintay kang reputasyon. Kung makuha mo na ang reputasyon, paano kung hindi mabuti ang nagawa mo? Ito ay kasindak-sindak, kaya lalo kang magiging determinado.

Ang digmaan ay nagpatuloy hanggang naisip ko na ang hangad ko ay imposibleng makamit. Nagdala ito ng galit sa akin. Parang naisip ko na ako'y tinraydor. Pinagsisilbihan ko ang aking mga amo at ngayon ako ay kinukutya nila. Nagsanay ako sa sistema na kailanman ay hindi magbibigay ng kahalagahan at ako ay galit na galit.

Maraming tao ang nahihirapang umintindi sa pagkasumpungin at mapanira na ipinakikita ng kabataan. Bakit marami sa kanila ay nagpapakamatay o nalululong sa pag-inom at sa droga. Naniniwala ako na ito ay dahil sa paniniwala nilang hindi nila makakamit ang kanilang minimithi sa pamamaraan na itinuro sa kanila. Hindi sila kalian man magiging dakila sa mata ng ibang tao, kaya sinisira nila ang kanilang sarili.

Natatandaan ko isang araw naglalaro ako ng basket ball. Mainit ang labanan at malakas ang presyur. Iyong taong binabantayan ko ay biglang magpapasok ng bola subali't pagtaas niya ng bola ay nahawakan ko at nawala sa kanyang kamay. Sa gulat ko ay narinig ang piton ng referee at sumigaw ng "Foul!" Alam ko na hindi ko siya nahawakan kaya ang galit ay nabuo sa loob ko, galit na galing sa pangit na sistema na nangako sa akin ang mundo at walang ibinigay. Sinugod ko ang referee at tumayo dalawang pulgado ang layo

sa kanyang mukha at malaswa akong sumigaw ng ubod ng lakas. Parang ginago ako at hindi ko ito napigilan. Ako ay agad inalis sa court at piangbawalang makalaro sa kompetisyon. Habang umaalis ko parang kinausap ako ng Diyos. Tinanong ko ang sarili ko, “Anong nangyayari sa iyo, nagwala ka talaga, nawawalan ka ng kontrol. Nuon ang kaunaunahang pagkakataon na tiningnan ko ang aking sarili at tinanong kung saan ako patutungo. Nakita ng Diyos na nag-uumpisa na siyang maghanap ng mas mabuting paraan.

Nalaman ito ng kalaban ng aking kaluluwa kaya itinutulak niya ako ng palalim na pilitin kong patunayan ang aking sarili, parang naagsisigarilyo na gusto nang tumigil ay malapit na nguni’t lalo pang dumoble ang sinisigarilyo niya. Nag-uumpisa akong tumigil at ang mga pangarap ko ay lumalabo na kaya ako ay sinusumpong. Isang araw ang Nanay ko ay pumasok sa aking silid at nagreklamo sa malungkot na kondisyon. Hindi ito optimal katulad ng silid ng ibang bata. Bigla na lang para akong nainsenso na pumunta sa aking lugar at inuutusan ako. Nagpalipad ako ng mga salitang pagpipilian sa ilalim nga aking hininga at sinabihan ko siya na iwanan akong mag-isa.

Ito ay kawili-wili sa iba’t ibang paraan na makukuha ka ng Diyos. Marami sa aking mga kaibigan na ang tawag sa kanilang mga nanay ay “old bag” o ibang iyon din ang kahulugan. Mabuti lang tinuruan ako ng aking ama ng pagrespeto sa mga magulang at nangako ako na hindi ako magsasalita tungkol sa nanay ko ng tulad ng mga kaibigan ko. Nang sabihin ko iyon tungkol sa aking nanay ay parang ang bahagi ng dignidad na mayroon ako ay nawala. Nagtaka ako kung bakit nagsabi ako ng ganoong mga salita kaya ang depresyon ko ay lalong lumala. Malapit na ako sa puntong wala nang pakialam at ito’y napakamapanganip na lugar.

Alam ko na dumating na ako sa krus na daan. Ang malapad na daan ay nang-aakit sa alak, babae at awit. Sa isang kabila ay isang makitid na daan na inilatag ng Bibliya. Susundin ko ba ang pananampalataya na itinuro ng mga magulang ko o pupunta ako katulad ng bumubulusok na kometa sa malapad na daan. Hindi na tama na nagpapanggap lang akong Kristiyano. Maliwanang na sa akin na hindi na ako Kristiyano at kalian man ay hindi naging Kristiyano, kahi't pinalaki ako sa Kristiyanong kapaligiran. Si Kristo o ang demonyo? Salamat, pinili kong subukang hanapin ang tunay na si Jesus ng Bibliya.

Nagpasya ako na basahin ang aklat na marami nang taon sa bahay namin. Ang pangalan nito ay “Steps to Christ”.

Mukang ang pangalan ay ang tama sa aking pangangailangan. Inumpisahan ko siyang basahin na may gutom at depresyon na makita Siya, dapat kong makita ang hagdang tungo sa langit, dahil hindi ko na kaya ang kaharian ni Satanas.

Sa umpisa ng aklat ay ipinaliwanag ng sumulat na pinabulaanan ni Jesus ang mga kasinungalingan niyakap ng katauhan tungkol sa Diyos; kung paano Siya dumating upang ipakita sa katauhan na mahal tayo ng Diyos. Parang ininum ko ang mga salita katulad ng tuyong lupa sa panahon ng summer. Inimbitahan ako ng sumulat na isipin si Jesus sa halamanan ng Gethsemane at sundan Siya sa krus.

Habang iniisip ko ang mga pangyayari, ay bigla kong naramdam na nakatayo ako at pinapanood ko Siya. Ang hugis na nasa krus ay parang totoo at at natanggap ko na naroon Siya dahil mahal Niya ako at naiintindihan Niya aking pagtakas sa kaharian ni Satanas. Natanggap ko ang pag-iisip

na may tiwala ako sa kanya bilang matalik kong kaibigan at dadalhin Niya ako sa kaharian ng langit. Habang nanduon ako ay naramdaman ko ang sobrang pasasalamat na gusto Niya akong iligtas at naramdaman ko ang bigat ng aking kasalanan, pagkabalisa, depresyon at takot na matagal kong dinala sa maraming taon ay nawala sa aking likod. Ang katahimikan ay pumasok sa puso ko na hindi ko pa naramdaman at ako ay umiyak ng umiyak dahil sa saya. Ang Anak ni David ay binasag ang kadiliman at pinalitan ng liwanag ng araw.

14. Pare-parehong Diyos, Iba't ibang Pangalan

Ang silid ay puno ng mga pangyayari, tawanan, tugtog, at kasiyahan ng kabataan. Sa may unahan ng silid ay may dalawang malalaking speakers na malakas na tumutunog ng tugtog ng gitara. Nagbigay ako ng party kasama ang mga kaibigan ko – sinubukan ko. Naupo ako sa isang sulok kung saan ay may isang tinedyer ay naglalarawan ng pangyayari sa isang sine. Pinilit kong makisama pero parang mayroong hindi tama. Tumayo ako at nagpunta sa patio sa labas at sumali ako sa mga binatang pinag-uusapan ang kanilang mga nililigawan. Hindi, hindi pa din ako makahalo. Ano bang nangyayari sa akin? Ang tugtog ay parang hindi ko na matiis at pagtingin ko sa kabila ay may nakita akong larawan sa video na para sa akin ay masagwa. Ito ay parang tren na tumama sa akin, ayoko ito.

Ang isip ko ay tumakbo sa iba pang posibleng senaryo. Hangga ngayon ay ito pa ang tawag ko sa kasayahan subli't ngayon ay hindi ko na matanggap. Msayroong humahawak sa aking puso at hindi niya matanggap ang status quo. Sa ngayon ay galing sa bangin ang nakakatakot na isip ko na tapos na ang aking buhay ng kasayahan at kalian man ay hindi na ako magiging masaya. Tumakbo ako sa harapan ng bahay at ikom ang kamaong itinaas ko at sumigaw ng, “Sinira mo ang aking buhay.”

Ito'y ilang linggo matapos ang karanasan kong nakasama si Jesus sa Damascus. Ang buhay ko ay bumaligtad sa kanyang ulo. Ngayon lang ako nakaramdam ng katahimikan sa buhay ko at ang Bibliya ay nag-umpisa nang mabuhay. Iniinom ko lahat at naramdaman ang kalayaan na ngayon ko lang naranasan. Ng dumating sa buhay ko si Jesus, ito ay malaking bang. Bigla na lang nalaman ko na ang mga salita ko ay hindi tama, ang mga biro ko ay bulgar at ang ibang kong pamumuhay ay hindi bagay sa bagong direksyon na aking tinatahak. Ako'y patungo sa bagong kaharian. Parang patungo ako sa isang bansang dayuhan at pag-aaralan ko pa ang salita at kaugalian mula saw ala. Gusto kong matuto kasi mahal ko ang Diyos ng kahariang iyon subali't ibang ang pinag-aralan kong kaharian kaya matatagalan pa akong makaadjust.

Nuon lang gabi ng party ko naisip kung gaano ka radical ang pagbabago na mangyayari. Dahil nahuli ni Jesus ang aking puso sa pamamagitan ng pagmamahal, hindi ko Siya matanggihan ng tawagin Niya ako. Kaya nuong gabi ng party ng ginagawa ko ay akala ko'y tama, naisip ko na inilalayo Niya ako sa ganoong klaseng pamumuhay. Dahil wala akong alam, natakot ako na ang papalit duon ay hindi kasing buti.

Hindi madali ang matakot sa hindi mo alam kahit alam natin na ito'y tama. Salamat naman at pinili kong magtiwala kay Jesus, na aalagaan Niya ako at mas mabuting magtiwala sa Kanya kaysa pakiramdam ko.

Ng tanggapin ko si Jesus na taga-pagligtas, para akong lumulutang sa loob ng ilang llinggo. Nakaramdam ako ng pambihirang lapit sa kanya na hanggang ngayon ay naruon pa. Binuksan ni Jesus ang pinto ng langit para sa akin nguni't

dapat Niya akong tulungan na maalis ang punla ng Duracell. Dapat Niyang bunutin ang pilosopiya na ang buhay na ginawa ng mga nagawa ko ang naging sentro ng pagpapahalaga. Ito ay paglalakbay na dapat tahakin ng mga anak ni Adan. Ang tanging paraan ay dapat itutok natin ang tingin sa ilaw sa krus at matapang na lumakad sa prinsipiyo ng baqgong kaharian.

Nag-umpisa akong sumali sa prayer meeting kasama ang aking mga kaibigan. Nang unang gabi habang nakaluhod kami ay naramdaman ko abg matamis na espiritu ng Diyos na nakayakap sa akin nguni't may lumang espiritu sa dati kong buhay na nanliligalig sa akin. Habang nakapalibot kami, mayroon akong naisip “Hindi ako makapagdasal katulad nila, sila ay magagaling.” Ang isip ko ay natigil sa ganitong isip at habang lumalapit sila sa akin, lumakas ang tibok ng aking puso. Maya-maya ay ako ang nasa gitna at lahat ay makikinig sa akin. Pero sandali lang, ito ay prayer meeting para kay Jesus at hindi sa akin.

Narito ang sumpa ng Duracell. Kahit ibinigay ko na ang puso ko kay Jesus at sinusundan Siya, ang prinsipyo ng luma kong buhay ay naroon pa din at nakahanda pa rin na hilahin akong pabalik upang gawin akong centro ng lahat; upang ang aking pagdarasal ay gawing isyu, kabaligtaran sa relasyon ko sa Diyos sa pagdarasal.

Ng una akong mag-aral ng Bibliya, pakiramdam ko ay kulang pa, kasi kahi't ako'y lumaki sa Kristiyanong kapaligiran, naisip ko na kung tungkol sa Bibliya, hindi pa ako tapos sa kindergarten. Natutuwa akong makinig sa mga itinuturo pero sa likod ng aking isip mayroong nang-aabala sa akin at sabi”paano nila madaling natitingnan ang mga bersikulo, hindi ko kaya iyong gawin.” Naghahanap ako ng

aklat at bersikulo at ako ay magdadasal at kahulihan at hihintayin nila ako – nakakahiya! Ang mga taon ng pagsasanay na natanggap ko sa paghahambing ng sarili ko sa ibang tao ay nagpaibabaw sa Kristiyanong paglalakbay. Napakadali sa Banal na Espiritu na hatulan ako tungkol sa aking salita at pamumuhay subali't matagal para sa akin na malaman ko kung gaano kalalim ang galamay ng Duracell.

Habang ako'y naglalakbay, natutuhan ko ang malalim na pag-ibig sa Bibliya. Ito ang isa sa mga mabuting paraan na matutuhan ko ang aking bayani na nagbigay ng Kanyang buhay para sa akin. Gustong-gusto kong pag-aralan ang tungkol kay Jesus at ito ay malaking biyaya, subali't ang luma kong buhay ay handang ibalik ako. Napansin ko na ang mga taong nakapaligid sa akin ay mas kakaunti ang alam tungkol sa Bibliya. Ang mga natutuhan ko sa Bibliya ay nagbibigay sa akin ng lakas ng loob na magsalita at dahan-dahan ay nagsasalita ako sa maliliit na grupo, tapos sa malalaking grupo. Kaya ito ay biyaya para sa akin at sa mga taong nakapaligid sa akin, subali't dahan-dahan ako ay bumabalik sa halaga batay sa nagawa kaysa batay sa halaga ng relasyon. Dahan-dahan itong nangyayari subali't nangyayari. Sa nakikita ko, marami sa amin ang mayroong parehong diyos nguni' iba-iba ang mga pangalan.

Kung titingnan mo ang listahan, makikita mo na napakadaling maniwala sa Bibliya subali't mabubuhay gaya ng mundo. Hindi ko ibig sabihin ay maharot na pamumuhayt kundi nabubuo ang halaga dahil sa nagawa mo.

Sa Mundo	Sa Simbahan
Edukasyon	Alam sa Bibliya
Abilidad sa Palakasan	Abilidad sa pagsasalita sa publiko
Antas sa trabaho	Opisina sa simbahan
Pag-aari	Regalong espirtual
Hitsura	Parada ng istilo
Kabansaan	Konserbatibo/liberal na teolohiya

Para sa maramisa atin ang paglakad natin kasama ni Jesus ay nahahayjack ng mapaglalang na kapangyarihan ng Duracell. Habang tumitingan ako sa simbahan, nakikita ko na ang mga diyos na pinagtataguan natin sa mundo ay nakikita tayo sasimbahan. Nagdadamit sila ng damit na maliwanag at niyayakap natin sila bilang mabuting kaibigan. Ang hindi maiwasang resulta ay galit, pait at pag-aaway sa simbahan.

Napakadaling maghitsurang banal sa simbahan, pero ano yung nasa kabila na ayaw makipag-usap sa iyo dahil ikaw ay may sinabi sa kanilang likod at nalaman nila ito. Paano iyong piyanista na tumugtog sa ibang simbahan dahil may nagsabi na walang kwenta ang tugtog niya. Paano ang mga pulis sa simbahan na umiikot sa simbahan na binabantayan ang mga hindi naniniwala sa kanilang doktrina o orthodoxy kaya dapat sila ay paalisin? Paano yung mga “espiritung malaya” na nanghahayjack sa mga komite at ipinipilit ang bagong istilo ng pagsamba at masama para sa mga umaayaw? Ang listahan ay walang katapusan at ang malakas na kaaway ng ating kaluluwa ay alam habang pinasasayaw tayo sa tono, kaya tayo ay mahalagang tauhan sa kanyang kaharian.

Ang pinakamalakas na ebidensya na tayo ay pilay pa sa prinsipiyo ng Kaharian ni Satanas ay ang hindi pagkakasundo at kulang na pagmamahal na Kristiyano sa simbahan. Kung

pinahahalagahan natin ang relasyon tulad ng pagpapahalaga ng Diyos sa kanyang relasyon, mas marami sanang pag-ibig sa simbahan at mas maraming pag-aaruga sa isa't isa.

Kawili-wiling isipin na ang mahinang paglipat ng mga diyos mula sa mundo punta sa simbahan sa ating personal na karanasan ay nangyayari din sa corporate na karanasan sa simbahan. Sa ikaapat ng siglo ng wsi emperador Constantine ay “niyakap” ang Kristyanismo, maraming pagbabago ang nangyari sa simbahan. Ang nakakatuwang pangyayari ay ang mga estatuwang pagano na nasa pantheon ay inilipat sa simbahan ng Kristiyano at pinalitan nila ang mga pangalan sa pangalang galing sa Bibliya, tulad ng Moses, David at Peter. Parehong diyos ibang pangalan! Hindi bale kung paano mo bibihisan, pagano pa rin at anong masasabi natin ngayon? Isang bagay ang pag-atake sa corporate na simbahan para sa kanyang apostasy mula sa apostolic na katotohanan. Iba din kung makita ang parehong prinsipyo sa ating buhay. Siguruhin natin makita natin ang dumi sa ating mata bago natin alisin ang dumi sa mata ng kapatid.

Nakakatuwang pag-aralan ang paglalakbay ng mga masigasig na tagaqsunod ni Kristo -- ang mga disipolo. Ang isyu ng kapangyarihan at posisyon ay madalas nagtataas ng pinuno. Tingnan natin ang ibang nakasulat sa iskriptura:

Nuong panahong iyon ang mga disipolo ay pumunta kay Jesus at nagsabi: “Sino ang pinakamakapangyarihan sa kaharian ng langit? Mathew 18:1

Ang dahilan, at siya lamang dahilan kung bakit nila itinanonng ang gayun – sariling interest. Naniniwala sila na si Jesus ang Messiah na si Kristo. Sila ay nasasabik at mapusok sa kanilang paniniwala sa Kanya, ang iba ay handang

mamatay para sa Kanya, subali't tulad ng ako ay naghahandang magdasal, ang isip ko ay napunta mula sa relasyon tungo sa aking pagdarasal, ang mga disipolo ay inilipat ang kanilang relasyon sa Messiah sa kanilang posisyon sa Kanyang bagong kaharian.

At si James at John, mga anak ni Zebedee sa ay pumunta sa Kanyang harapan atnagsabi: “Guro, gusto naming gawin mo kung anong aming hihilingin sa iyo,” at ang sabi Niya: “Ano ang gusto ninyong gawin ko para sa inyo?” at sabi nila:” Payagan mong ang isa sa amin ay maupo sa iyong kanan at ang Isa ay sa kaliwa, sa iyong kaluwalhatian.” Mark 10:35-37

Ang diyos ng posisyon at antas ay natakpan ang prinsipyo ng bagong kaharian na natutuhan ni James at John kung kaya tinanong nila si Jesus kung ang isa sa kanila ay makakaupo sa kanan at ang isa ay sa kaliwa sa Kanyang kaharian. Mabuti lang at hindi si Jesus napapagod sa tuloy-tuloy na pagkabigo na bitawan ang prinsipyo ng lumang kaharian. Alam Niya na matagal maiwan ang lumang kaharian upang ipakita sa ain kung gaano kalalim ang pagkalulong natin sa kaharian ni Satanas. Ang problema natin ay pag binayaan natin na ang lumang prinsipyo ang maniya ay ganito ang mangyayari:

At ng marinig ito ng sampu, napoot sila kay James at John. Mark 10:41

Pag binayaan natin ang lumang prinsipyo na maghari sa atin, ang pagtatalo ang nagiging resulta. Ang ginawa ni James at John ay nakagalit sa ibang disipulo. Bakit? Dahil sila ay nagpapadala ng message.”Kami ay mas mabuti sa iyo.” Maaring hindi iyon angibig sabihin nila subali't kadalasan ay iyon ang resulta. Pinilit na ipaliwanag ni Jesus kung paano ang kaibhan ng kaharian ng Diyos sa kahariang

kanilanang nilakihan. Dapat ibahin nila ang pag-iisip.

At tinawag sila ni Jesus, at sinabi Alam ninyo na iyong dapat ay mamuno sa Geniles ay ipinasa ang otoridad at mga dakilang tao ang namuno sa kanila. Subali't hindi ito mangyayari sa inyo, kung sino man ang magiging dakila ay siyang magiging alipin, at kung sino ang mangunguna ay magiging alipin ng lahat. Kasi ang Anak ng Diyos ay dumating hindidahil upang pagsilbihan kundi magsilbi at upang ibigay ang buhay para itubos sa lahat. Mark 10:42-45

Bayaan ninyo na ang mga salitang ito ay palaging marinig ng inyong tainga! Kung gusto ninyong maging dakila sa kaharian ng Diyos, masaya kayong maglingkod sa iyong kapwa at hindi minamanipula at kinokontrol sila. Sinasabi ni Jesus na ang mga pagano (Gentiles) ay nagpapasa sa iba at masayang dinadanas ang otoridad at ipinakikita kung sino ang amo. Kaiba na ang espiritu ding ito ang madalas namumuno sa simbahan at karamihan ng mga myembro ay ipinipilit ang kanilang gusto at otoridad sa simbahan. Pagkalipas ng dalawang libong taon mula ng magkaroon ng krus, para pa din tayong hindi pa nakakaalis sa kindergarten.

Bakit ba ang kaaway ng ating kaluluwa ay napakadaling hilahin tayo pabalik sa ating lumang pag-iisip? Gaya ng napag-usapan na natin, ang pagkawalang halaga natin ang dahilan kung bakit nagiging madali para kay Satanas ang pagtukso sa atin. Kung hindi natin alam kung paano natin nakuha an gating halaga, imposibleng matanggihan na subukang gawing tinapay ang bato para lamang patunayan na may halaga ka.

Mayroon akong kinatatakutan sa prinsipiyo ng Duracell na humahatak sa atin. Si Jesus ang pinakamahusay na guro na

nakita ko sa buong mundo. Tatlong taon siya nakasama ng mga disipulo at tinuruan Niya sila ng tungkol sa kaharian ng langit at pagkatapos nito kahit sa gabi ng pagpako sa krus, ang mga disipulo ay kinokontrol pa din ng lumang pamumuhay.

Sa ganuon ding paraan pagkatapos ng hapunan, kinuha Niya ang kalis, at sinabi, “Ito ang tipan ng aking dugo na ibubuhos para sa inyo. Nguni’t ang kamay ng magtataksil sa akin ay kasama ko sa mesang ito. Ang Anak ng Diyos ay darating gaya ng nakasulat subali’t aba ang magkakanulo sa Kanya.” Nagtanungan sila kung sino sa kanila ang gagawa nuon. Pinagtalunan din nila kung sino ang pinakadakila sa kanila. Luke: 22:20-24

Nuong gabi bago mangyari ang pagpapahiwatag ng pinakadakilang pag-ibig sa sangkatauhan, ang malalapit kay Jesus na nakakaalam sa kaharian ay nagtatalo kung sino ang pinakadakila sa kanila. Ang kalungkutan ni Jesus na naranasan Niya ay napakalawak. Tayo ba na nagsasabing tagasunod ni Jesus ay gumagawa din ng ginawa ng mga disipulo – masugid na tagasunod ni Jesus, na nagtatanong din kung sino ang pinakadakila.

Mayroon lang isang bagay na mas malala kaysa sa pagkontrol ng prinsipiyo ng Duracell sa mundo, ito ay kung makokontrol ka sa simbahan. Harinawa ay tulongan tayo ng Diyos na makawala sa prinsipyo na makasarili, upang maranasan natin ang tunay na kasayahan sa Kanyang Kaharian.

15. Paano ka Bumasa?

Ngayon ay isang espesyal na araw. Ikaw ay nasasabik at naghihintay kung anong mangyayari. Ang pinuno ng isang kumpanya ay interesado sa isang disenyo na ginawa mo at seriosong gusto na gawin ito at ibenta sa buong mundo. Kaya nagkasundo kayo na magkita sa isang maliit na restawrant. Dahil hindi pa kayo nagkikita, ay nagtititingin ka at iniisip kung anong hitsura ng magbibigay katuparan sa iyong mga pangarap. Sa wakas ay dumating siya at kayo ay nagkamay ng mahigpit at pagkatapos ay pumasok na kayo sa restawrant. Bilang pasimula, ang kausap ay kinumusta ang iyong pamilya, saan kayo nakatira, ang mga anak mo, nag-aaral ba? Maganda ang takbo ng aming usapan sabali't sa likod namin ay may isang tao na maingay na hinihigop ang kanyang sabaw. Sa simula ay hindi ko pinapansin subali't ng magtagal ay medyo nakakainis na. Naisip mo, “may mga tao na dapat mag-aral ng magandang asal” pero huwag mong pansinin kung ayaw mong maistorbo. Maganda pa rin ang takbo ng aming usapan at pinag-uusapan naming ang mga benepisyo ng aking disenyo ng biglang dumighay ng malakas ang taong nasa likod namin na halos pati mga kubyertos sa mesa namin ay kumalantog. Lahat ay nakatingin sa taong iyon na parang walang modo. Ang buong paligid ay napuno ng tawanan, inis at pagkasindak. Sa wakas ay lumabas ang may-ari ng

restawrant at pinaalis iyong tao at hindi daw nila tinatanggap ang mga ganoong tao.

Ang kamangha-mangha ay kung ang taong iyon ay sa isang kainan ng mga Intsik kumain, walang papansin sa kanya. Baka nga madismaya pa ang may-ari ng restawrant kung hindi siya gagawa ng ganoon. Sa mga Intsik, kung ang isang tao ay hindi mo pa nakikilala at nakipagkamay ka sa kanya at nagtanong ka ng tungkol sa iyong pamilya, ikaw ay sasabihin nilang bastos.

Nakakapagtaka na ang mga ganuon kilos ay pwedeng pakahulugan ng iba't ibang tao, naaayon sa kung saang bansa ka nanggaling. Ang totoo, ito ay hindi naiiba sa pagtingin natin sa kaharian ng Diyos laban sa kaharian ni Satanas.

Ang Kristiyanong pananampalataya ay may isang pundasyon – si Jesus at pag pinag-aralan natin ang mga grupo na ginagamit ang pangalan ni Jesus, maraming magkakakontra sa loob ng pundasyon. Ang paglalakbay patungo sa kaharian ng Diyos ay nagsasama ng paglilipat ng kultura at paglilipat ng pagtingin ng mundo. Sa huli nating kabanata ay inilarawan natin ang hirap na ating hinaharap habang pinag-aaralan ang paraan patungo sa langit.

Ang pinakamahirap sa Kristiyanong lakad ay kung paano natin tinatanggap ang salita ng Diyos, ang Bibliya. Lumabas tayo sa mundo na nag-aral sa eskwelahan na ang nagawa at position ang batayan subali't habang nagtutungo tayo sa kaharian ng Diyos ay kailangang isuko natin ang ating opinyon at pabyaan ang Espiritu ng Diyos ang magturo sa atin ng pagbasa ng Salita ng Diyos. Ang malungkot ay madalas ay hindi ito ang nangyayari at marami sa mga magkakalabang isipan ang nananaig sa pananampalatayang Kristiyanano at ang kasaysayan ay galing diretso sa pagbabasa ng Bibliya na may

kasamang kahulugan ng Duracell sa halip na kasamang kahulugan ng langit na nakatutok sa lehitimo at ugnayang matalik na relasyon.

Ipinahihiwatig ni Jesus sa kanyang pag-uusap sa isang abogado sa Luke kabanata 10. Ang tanong ng abogado: “Paano ang gagawin ko upang mamana ko ang buhay na walang hanggan?” Sagot ni Jesus: “Ano ba ang nasusulat sa batas?” at upang mas malalim ang kahulugan sinabi pa niya, “Paano mo ito binabasa?” Hindi itinatanong ni Jesus kung ano ang nabasa mo kundi kung paano mo ito binabasa, o anong kahulugan ng iyong binasa. Ito ang mahalagang tanong na dapat sagutin ng sinumang gustong maglakbay galing sa mund ng Duracell patunog sa makalangit na relasyon – “Paano mo ito binabasa?”

Ang tanong ng abogadokay Jesus ay isa sa mga pinakakritikal na tanong sa paglalakad sa Kristiyanismo. Ang posisyon mo at ang mga taong kasama ang magtuturo kung anong halaga mo ditto sa mundo. Sa kabaligtaran, sa kaharian ng langit, lahat ng tao ay anak ng Diyos at karapatdapat na bigyan ng respeto at dignidad. Pag sinundan natin ang usapan ay malalaman natin na iyong abogado ay gustong pakahulugan ang scripture sa dating paraan kaysa sa bagong paraan. Binigyan niya si Jesus ng tamang sagot na ang sabi, “Mahalin mo ang Diyos ng buo mong puso, kaluluwa, lakas, at pag-iisip at mahalin mo ang kapwa mo tulad ng pagmamahal mo sa iyong sarili” subali’t ng maisip niya ang mga implikasyon, binaligtad ang tanong at sabi, “Sino ang aking kapwa?” Ang ibig sabihin ng scripture ay simple lang subali’t dahilsa impluwensya ng Duracell ay parang hindi ito maintindihan at ayaw bitawan ang luma at yakapin ang bago. Ito ang dahilan kung bakit marami ang mga hilaw na Kristiyano, naniniwala sila sa kaharian ni Kristo

subali't ang pamumuhay ay sa pamamaraan ni Satan, kaya nagkakaroon ng kalituhan, pagkabigo at kademonyuhan.

Ang buong pananampalatayang Kristiyano ay nalilito sa isyu ng kaligtasan kasi maliwanag sa Bibliya ay itinaturo na ang Kristiyano ay may kapangyarihan galing sa grasya na naaayon sa sampung utos. Subali't marami sa atin ay ginagamit ang sampung utos sa paraang Duracell – ginagawa natin ito upang makamit ang kaligtasan, sa halip na tingnan ang sampung utos bilang paglalarawan ng ipinangakong relasyon na mangyayari sa pagitan ng Diyos at Kanyang mga anak.

Sa kabaligtaran, at pangkaraniwan, marami ang imposibleng paggawa ng kailangan ng batas, sa halip ng pagpasok sa pamamagitan ng relasyon sa pananampalataya, sinasabi nila na ang pagsunod sa utos ng Diyos ay imposible kaya hindi matitikman ang kaligayahan sa kalayaan sa tagumpay kay Kristo. Kahit ikaw ay may nagawa o wala, ang isyu ay paggawa kaysa relasyon. Wala sa kanila ang papasok sa kaharian ng Diyos kung hindi nila yayakapin ang Sampung Utos sa kontekto ng pananampalataya batay sa relation sa Kanya na namatay para sa atin.

Para sa grupo ng mga Kristiyano na tinatanggap ang paninindigan na laban sa paggawa at imposibleng tagumpay sa lakad ni Kristo, kasunod nito ay ang kabiguan ng kanilang diyos at hindi paggawa. Isama mo ito sa makamundong pagnanais na makilala at hindi kataka-taka na may mga Kristiyanong iskolar, guro, at naniniwala na tinatanggihan ang kakayahan ng Diyos na manggawa ng mundo sa loob ng anim na araw. Gaya ng abogado na sumagot na mahalín ang kapwa subali't nagtanong “sino ang aking kapwa?”, kaya maraming iskolar na payabang na nagsasabi “Oo naniniwala

kami sa anim na araw na paglikha—nguni't anong klaseng mga araw ito?" Ang kasamaan ay laging nagbabaligtad ng Scripture upang tumama sa kanilang paniwala—naniniwala kay Kristo subali't sa makamundong paraan. Ang mga demonyo ay naniniwala din kay Kristo subali't namumuhay sa paraan ng mundo.

Minsang ang isang tao ay hindi maniwala sa Diyos ito'y magbibigay ng bagong puso at matututong magtanong ng tungkol sa Scripture kaya mas madali na yakapin at tanggapin ang mga kabaklaan bilang normal sa Kirstiyanong buhay at tanggihan ang papel ng babae at lalaki na maliwanag na sinasabi sa Bibliya. Ang konseptong ito ay wala sa kaharian ng langit. Ang halaga ay laging dahil sa relasyon at hindi sa posisyon.

Maraming mga aral sa Bibliya na pinipilipit at ginagawa upang umayon sa prinsipyo ng kapangyarihan, posisyon, at paggawa, palagay ko napag-usapan na natin na ang mga taga-sunod ni Jesus ay dapat alamin ang kahulugan ng Scripture sa prinsipyo ng Kanyang Kaharian at hindi ang kaharian na ating pinanggalingan.

16. Hindi na Alipin

Isa ito sa mga espesyal na panahon. Ako at ang anim na taon kong anak ay magkasamang nagbibiyaha

Sa kotse. Mayroon kaming napakalalim at mahalagang usapan—kasing lalim ng karanasan ng aking anak. Nakikita ko ang gulong na umiikot sa kanyang ulo. Palagay ko ay mayroon siyang malalim na iniisip at ito ay lumabas. “Alam mo tatay, palagay ko ay mas mabuti ang mangyayari kung, kung minsan ay ikaw ang amo at kung minsan ay ako ang amo. “Alam mo anak, magandang panukala”, sabi ko. Nagkaroon ng katahimikan dahil nag-iisip akokung bakit may depekto at kung wala akong maisip ay maaaring magkagulo. “Anak, hindi kasi ganoon ang itinuturo ng Bibliya .”

“Bakit ikaw palagi ang magsasabi san akin kung ano ang aking gagawin?”

“Kasi anak, sinabihan ako ni Jesus na turuan ka upang maging malakas para sa Kanya at dahil Siya ang aking boss palagay ko dapat kong gawin ang sinasabi Niya.”

Ang pagiging magulang ay tunay na pag-aaral. “Anak, maupo ka habang kumakin.” “Auugh, hindi patas.”

“Sweetie, damputin mo ang mga laruan at iligpit mo.” “Auugh, Nanay pero gusto kong lumabas at maglaro.”

“Anak, oras na ng pagtulog.” Iyak, haluyhuy, sigaw “Bakit ikaw hindi matutulog bakit ako?”

Sa mga ganitong utos aakalain mong ang mga magulang ay mga dambuhala. Bakit hindi maintindihan ng mga bata na dapat maupo at dahan-dahang kumain upang matunaw na mabuti ang pagkain. Gusto mo silang matutong maging malinis at maayos at mas episyente kung tumanda na sila. At bakit hindi nila maintindihan na gusto natin silang huwag magkasakit kaya dapat silang natulog ng husto? Bakit? Kasi hindi nila alam ang mga panganib sa buhay.

Si Apostol Paul ay naghambing ng paglakad sa Kristiyanong buhay:

Ngayon sinasabi ko na ang tagapagmana , habang bata pa, ay walang pagkakaiba sa isang alipin kahit siya ang amo ng lahat. Galatians 4:1

Isinalarawan ni Paul ang relasyon ng anak sa magulang na parang relasyon ng alipin at kanyang amo. Ang tatay ay dapat hinuhubog ang anak sa prinsipyo ng Kaharian ng Diyos, subali't ang anak sa kanyang pagka-Duracell ay hindi naiintindihan ang lahat ng ito. Para sa kanya ang itinuturo ng tatay ay mahirap kontra sa kanyang likas na ugali, at katulad ng alipin. Siguro mag-iisip siya, “Bakit ang tatay ko ay pinipigilan akong gawin ko ang mga gusto kong gawin? Para akong alipin. Anak gawin mo ito. Anak huwag mong gawin iyan. Mukhang hindi patas!”

Ang sitwasyon ay katulad ng pakikitungo sa atin ng Diyos samantalang inihahanda tayo para sa kaharian ng Diyos. Karamihan ay tinitingnan natin ang mga patakaran ng Diyos na mahirap at mapanggipit at kaya tayo nagtatannng. “Bakit pinabayaan ng Diyos na mangyayari itosa akin o bakit ang buhay Kristiyano ay napakahigpit. Marami ang sumama sa simbahan na kontento na maging anak at alipin, na ginagawa ang obligasyon ng buhay Kristiyano at umaasang gagantimpalaan para sa kanilang pagod, ang mga ganitong tao ay nanganganib na mabalot ng pakiramdam ng kanyang matandang kapatid sa istorya ng prodigal son.

Ipinaliwanag ni Paul ang mga kagulumihanan sa buhay at tinatanong ang pakikisama ng Diyos sa atin. Kung tunay nating nauunawaan na ang Diyos ang ating Ama at inihahanda niya tayo para sa kaharian ng langit at tayo ay mahal na mahal Niya, ang relasyon natin sa Diyos ay nagiging makahulugan. Ang mga patakaran ng Diyos ay hindi na malupit at hindi na tayo pinipigilang maging masaya sa halip ito ay nagiging pinto ng kalayaan na nagpapakita ng banayad na pagmamahal sa atin at ang Kanyang pagnanais na tanggapin tayong tunay na tagapagmana sa kaharian ng Diyos, bilang mga anak Niya. Ipinapaliwanag ni Paul ng ganito:

Kaya tayo, nang tayo ay maliliit pa, tayo ay alipin sa prinsipyo ng mundo. Ng dumating na ang oras, ipinadala ng Diyos ang Ksanyang Anak, inianak ng babae, inianak sa ilalim ng batas, upang tubusin ang nasasakupan ng batas upang tayo ay tumanggap ng buong karapatan ng anak. Dahil kayo ay anak, ipinadala ng Diyos ang Espiritu Santo sa aming puso at sabi ng Espiritu “Abba, Ama” Kaya hindi ka na alipin, kundi anak at dahil ikaw ay anak , ginawa ka din ng Diyos na tagapagmana. Galatians. 4:3-8 NIV

Ito ang pinakamagandang salita sa Scripture. Habang kinikilala natin ang sakripisyo ni Jesus upang masiguro ang ating pagiging anak na Diyos, tayo ay nakakalaya sa pagkaalipin sa kaharian ni Satanas. Nakakawala tayo sa bagsik ng Duracell at tayo ay tumatayo ng matibay at magiting na mga anak ng Diyos, dahil alam natin na dahil kay Jesus ay tayo ay palaging mga anak ng Diyos. Sumigaw ba ang Espiritu ng Diyos sa iyong puso “Abba, Tatay” – Daddy, Daddy? Nararamdaman mo ba ang katiwasayan sa Kanyang pag-ibig at makakatakbo ka sa Kanyang bisig at alam mong hindi ka lang tanggap kundi ikaw ay Kanyang ninanais? Bumalik ka ba sa pagkabatang pagsamba sa iyong Ama na masaya kung malapit Siya. Habang hindi mo nararanasan ang ganitong kalayaan, mananatili kang alipin nanabubhay sa pag-aalinlangan na kinabukasan ay matatanggap mo ang bayad ng buo mong pagtatrabaho.

Bilang mga anak ng Diyos, nasisiguro natin ang ating mana kaya matapang tayong makalalapit sa Kanya at humiling, buo Siyang pinagtitiwalan na alam Niya kung ano ang makbubuti sa atin at lahat na nangyayari sa ating buhay ay upang tulungan tayo na lumago ang malalim na pagkaintindi sa halaga ng kaharian ng Diyos upang maputol ang pagkaalipin ng Duracell.

Matatandaan mo sa Kabanata 6 na pinag-usapan ang di kapanipaniwalang ginawa ng Diyos sa pagdadala sa mga katauhan pabalik sa Kanyang yakap. Narito ang mga puntos:

1. Isang paraan na mab igyan ang katauhan ng talino na makilala ang pag-alis sa sitwasyon ng tama, kasama ang paraan ng pag impluwensya sa tamang direksyon na hindi nalalabag ang kalayaan sa pagpili.
2. Isang paraan na magpapakita sa kanila ng mali nilang

pagkakakilala sa Kanyang pagkatao at kaharian at ipakita sa kanila na talagang mahal sila ng Diyos.

3. Isang paraan upang maalis ang kanilang kasalanan at pagkawalang tiwala ,at maibalik ang tatak at halaga bilang mga anak ng Diyos.

4. Isang paraan na mabawi ang kanilang tunay na layunin, ang dahilan ng kanilang buhay at tatak.

5. Ang mga nasa itaas ay nanganailangan ng panahon. Si Adan at Eva ay tinapos ang kanilang buhay kaya kailangan nila ng tukod ng buhay upang bgyan sila ng panahon upang mamili at magdesisyon.

6. Habang ginagawa ito ng Diyos ay dapat Niyang ipakita na may hustisya. Hindi niya pwedeng di pansinin ang kanilang rebelyon at sabihing OK lang. Dapat ay may parusa sa rebelyon. Ang parusang ito ay hiwalay sa parusa sa kasalanan. Ang pagkaalis sa kanila sa Halamanan ng Eden ay hindi parusa sa kasalanan kundi bunga na kanilang pinili.

Ang ginawa ni Jesus sa kanyang ministryo, pagkamatay at pagkabuhay ay nagbigay ng solusyon sa anim na mga – pagsubok. Sino ang makakaintindi ng kapangyarihan ng krus ni Kristo? Ito’y mas malalim pa kaysa basta aalisin an gating mga pagkakamali, malalim na malalim.

Luluhod ka ba at titingin sa krus at makita ang iyong paglaya sa Duracell? Naririnig mo ba ang boses na galing sa langit at nagsasabi na ikaw ang mahal Niyang anak na kanyang sinasamba? Hindi mo ba aalising lahat ng iyong kasalanan, hinanakit, yabang at sama ng loob sa Kanya at payagan lang ang Kanyang kasiyahan ang mapuno ang iyog puso? Kaya

mo! Ngayon na, kung hindi mo pa ginagawa. Ang sikreto para makatakas sa Duracell ay huwag maging alipin nguni't maging isang anak ng Diyos!

17. Ang Pagbagsak ng Babilonya

Tumama ito gaya ng kidlat. Ang grupo ni German Panzer ay tumakbo sa mga bukid ng Holland at France at sa isang gabi ang mga bansang ito ay mahigpit na hawak ng kamay na bakal ng makinarya ng digmaan. Ang tumira sa sariling bansa na nasasakop ng kaaway ay nakakalantang karanasan. Ang tatay ko ay nabuhay ng ganito sa bayan ng Assen sa hilaga ng Holland.

Ang mga lalaki ay napuwersang magsilbi sa makinarya ng digmaan ng mga Aleman. Ang mga tagapaghatid ng balita ay handang isumbong ka sa mga secret police at kahit anong oras ay pwede kang makarinig ng katok sa iyong pinto at ang mga mahal mo ay hihilahin at hindi mo na makikita pa. Ang pamunuan ng Nazi ay nagpakita ng sagisag ng Duracell, isang espiritu ng pagkontrol na sisirain lahat ng karibal, namumuno sa pamamagitan ng takot at ipinakikita ang kapangyarihang may makademong pagkakontento.

Nawalan at naubos na ang kanyang mga ari-arian, pagod na sa mapang-aping tanikala na nakatali sa kanya, ang Holland ay hindi handa sa tag-lamig ng 1944. Hindi mo maiwan ang iyong bahay kasi baka pagbalik mo ay wala na ito, sinira at ginawang panggatong. Libo-libo sa mga siyudad ang namatay sa gutom at lamig. Hanggang kalian itong bangungot matitiis?

Tinawag nila itong “Crazy Tuesday,” nuong araw na dumating ang mga ‘allied forces’. Ang mga Aleman ay umurong habang nagsisira ng mga tulay, mga makinarya, at lahat halos ng kaya nilang sirain. Natatandaan ng tatay na lahat ay nagsasayaw sa mga kalye at ang mga sundalo ay namimigay ng mga rasyon ng pagkain. Parang hindi kapanipaniwala na tapos na ito – kalayaan sa wakas!

Ang espiritu ni Cain ay buhay pa at sa aklat ng Revelation ay sinasabi na bago bumalik si Kristo ay ang mapangkontrol, walang tiwala, maiinggitin, at walang halagang espiritu ay may huling pagpapakita ng kapangyarihan bago ito mawala. Inilalarawan ni John bilang halimaw na may pitong ulo at sampung sungay at manggagaling sa dagat.

At tumayo ako sa buhangin ng dagat. At nakita ko ang halimaw na lumabas sa sa dagat, may pitong ulo at sampung sungay at sa sungay ay sampung korona at sa mga ulo ay malapastangang pangalan. Revelation 13:1

Ang halimaw ay binigyan ng malaking kapangyarihan at otoridad para sa buong mga bansa at ang buong mundo ay nagpapasailalim ng kapangyarihan ng halinmaw. Itong kapangyarihang ito ay kalaban n gating relasyon sa Diyos na gumawa ng langit at lupa. Ito ay humihigop ng pagsamba sa kanyang sarili.

Ang dahilan kung bakit ang halimaw na ito ay madaling nakakaakit ng buong mundo na sumunod sa kanya, ay dahil ito ay tumatakbo sa bateryang Duracell. Ito’y nagsasalita ng salita na ginagamit nating lahat. Ito’y nang-aakit sa atin na hanapin natin ang ating tatak sa pamamagitan ng ating gawa at inaakit tayo patungo sa Diyos sa pamamagitan ng ating

termino, na binibigay ang ating walang dugo na sakripisyo at umaasang tatanggapin ng Diyos an gating pagsamba. Karamihan sa mundo ay nasasakop na ng halimaw subali't hindi natin alam. Kung ang mundo ay tinatanggihan ang prinsipyo ng kalayaan at bumabalik sa kontrol ng mundo sa pamamagitan ng tako at pwera, ito'y maliwanag na nagpapahiwatig kung ano ang nasa kaibuturan ng puso ng bawa't isa sa atin.

Ang Diyos ay hindi basta nakaupo at walang ginagawa. Nagpapadala siya ng pinal na babala na huwag tayong susuko sa kapangyarihan ng halimaw. Ang unang mensahe ay tinatawagan ang katauhan at pinaaalalahanan nna sambahin natin ang Diyos na gumawa ng langit at lupa. Itinuturo sa atin ang sakripisyo ni Jesus at ipinaaalala din na ang sakripisyo ni Cain ay hindi kalian man matatanggap ng Diyos. Kailan man ay hindi tayo makakatanggap ng pabor sa Diyos, ito ay binili para sa atin ng dugo ng Tupa.

Pinaaalalahanan tayo ng Diyos ng napakaimportanteng katotohanan. Ganito Niya ito sinabi:

At isa pang anghel ang sumunod at sabi: “Bumagsak na ang Babilonya, bumagsak na, yung makapangyarihang syudad, dahil pinainom niya ang lahat ng bansa ng alak ng poot ng kanyang pornikasyon.” Revelation 14:8

Bakit ginamit ng Diyos ang terminong Babilonya? Pag tiningnan natin ang Bibliya ay makikita natin na si Nimrod ang gumawa ng siyudad ng Bablonya. Si Nimrod ay kawili-wiling tao. Sinasabi ng Bibliya na ang unang sentro ng kanyang kaharian ay Babilonya, Erech, Akksd at Calneh sa Shinar. Si Nimrod ang kaunaunahang tao na nagtayo ng kaharian. Si Nimrod ay sa isang panahon ay nag-asawa sa kanyang ina, isang dysfunctional na pamilya talaga. May mga

usapan din na pinatay niya ang kanyang ama upang mapakasalan ang kanyang ina. Kahit ano pa man ang kanyang bahay ay hindi naaayon sa prinsipyo ng kaharian ng Diyos, kung saan ang relasyon ay banal.

Sobra ang pagkawalang tiwala ni Nimrod sa kanyang buhay, kung kaya nakilala siya dahil sa kanyang nagawa at hindi dahil kung saan siya kaanib. Sa Genesis, kabanata 10 , sa Bibliya ay nakalista ang talaangkanan ng sang katauhan. Kada tao ay kinikilala sa pamamagitan ng kanyang ama. Ang tatak nila ay nakikilala sa relasyon sa pamilya. Ganito ang pamamalakad sa kaharian ng Diyos. Si Nimrod ay nakilala bilang mahusay na mangagaso at mahusay na pinuno.

Siya ay magaling na mangangaso dat(laban) sa Diyos; kaya ganito ang sinabi, “Katulad ni Nimrod, mahusay na mangangaso dati (laban)sa Diyos. Ang mga unang sentro ng kanyang kaharian ay Babylon, Erech, at Akkad sa Shinar. Mula doon nagpunta sa Assyria, kung saan ginawa niya ang Ninebeh, Rehoboth Ir, Calah at Resen, pagitan ng Nineveh atCalah; iyon ang malaking siyudad. Genesis 10:9-12

Ai Nimrod dahil sa kanyang kawalang tiwala, ay naramdaman niya na kailangang patunayan ang sarili. Kaya nanggawa pa ngmalalaking siyuda at nagsimulang magbuo ng kasundaluhan upang sakupin ang mga katabing tribo. Ang isang historian ay ganito ang pagkaintindi:

Ang otoridad ng mga dating pinuno ay nakabase sa pagkakamag-anak, at ang mataas na posisyon ay parang kontrol ng magulang. Si Nimrod, sa isang kabila, ay soberanya ng teritoryo at mga tao habang sila ay naninirahan duon kahit ano ang relasyon. Mayroong malalaking tribo – mga pamilya—lipunan; ngayon ay may bansa, pulitikal na

komunidad—ang istado.

Halos buong mundo ngayon ay sumusunod sa yapak ni Nimrod. Ang mga gobyerno ay pulitikal at territorial , hindi base sa tribu at mga lagalag. Nakakawili na malaman na ang yapak na ginamit ni Nimrod upang magawa ang pulitikal na kalagayan ay base sa state system. Ang Diyos ay tinawag ang sistemang ito sa unang syudad na ginawa niya – Babilonya. Bantayan mo ang diwa kung paano ang Babilonya ay nabuo sa puso ng tao:

1. Nagsimula iyon sa isang bata na nahiwalay sa kanyang ama.
2. Tapos, sa kawalan ng tiwala, siya ay laging humahanap ng pagsang-ayon.
3. Ang paghahanap ng pagsang-ayon ang nagbubunsod sa tao desperadong paraan upang mapalitan ang kanyang pagkawalang laman at pagkawalang halaga

Ito ang sikretong sangkap kung bakit ang alak ng Babilonya ay nakakaadik. Ilan sa atin ang hindi napeste ng pakiramdam ng kawalang halaga at determinasyon upang ipakita sa iba na mayroon tayo ng kailangan? Ilan sa atin ang nakaramdam na ang tiyaga upang malugod ang Diyos ay nawalan ng saysay at wala ng paraan na magpatuloy pa? Ilan sa atin ang naipit sa away ng dalwang kapangyarihan sa trabaho, eskwelahan at simbahan at narinig o nagsalita ng galit o masasakit na salita bilang panlaban o paraan upang palakihin ang ating maliit na kaharian? Hindi ba ang buong mundo ay umiinom sa tasang ito? Kung ganoon ang ginagawa natin hindi ba tayo tunay na alipin ni Babilonya?

Ano ngayon ang ibig sabihin ng pagbagsak ng

Babilonya? Ang salitang, “ang Babilonya ay bumagsak na” ay nanggalling sa Jer 51:8 at ang kahulugan sa laman ng Jeremias 50:51.

Sa Jeremias 50, inilarawan ng Diyos ang mga tao Niya bilang nawawalang tupa na napabayaan at nakalimutan an kanilang pahingahan. Ang mga tao ng Diyos ay bilanggo at karamihan ay nakalimutan na ang totoong bahay nila, ang kanilang pahingahan.:

Subali't ang Diyos ay hindi nakakalimutan ang Kanyang mga anak. May maganda siyang pangako:

Sabin ng Diyos: “Ang mga anak ng Israel ay inapi, kasama ang mgaanak ni Judah; ang humuli sa kanila ay binilanggo sila; ayaw nila silang paalisin. Ang kanilang Tagapagligtaas aymalakas; Ang Diyos ng hostiya ang Kanyang pangalan. Ipaglalaban Niya ang kasonila, upang bigyan ng pahinga ang lupa, At bagabagin ang nananahanan sa Babilomya. Jeremias 50:33,34

Saka sa Antas 51 ay mababasa natin ang ganito

Lumayas kayo mula sa Babilonya, at ang bawa't isa iligtas ang inyong buhay. Huwag putulin ang mabigat na pagkakasala, dahil ito ang oras ng paghihiganti ng Diyos; Siya ay gaganti sa kanya ... ang Babilonya ay gintong tasa na nasa kamay ng DIYOS, na naglasing sa buong mundo . Ang bansa ay ininum ang kanyang alak; kaya ang bansa ay naloko; Ang Babilomya ay biglang bumagsak at nawasak. Taghoy para sa kanya! Kuha ng gamut para sa kanyang sakit; Baka sakaling siya ay gumaling, napagaling sana natin si Babilonya, Pero hindi siya gumaling, Pabayaan mo siya, at tayo ay pumunta sa kanya-kanyang bansa; dahil ang kanyang

paghatol ay nakakarating at itinaas sa langit. Ipinakita ng DIYOS ang ating katarungan. Halika at isigaw natin sa Zion ang gawa ng Panginoon na ating DIYOS. Jer 51:3-12

Sa kontekto ng Antas na ito, ang mga anak ng Diyos ay bilanggo ng Babilonya. Sila ay iniligaw subali't ang Diyos ang magliligtas sa kanila, hindi dahil sila ay mahalaga kundi dahil sa sila ay anak Niya.

Kung ang salitang “Bumagsak na ang Babilonya” ay salita ng paghuhukom at paghuhusga at kasabay ay pangakong kalayaan sa Israel, dahil bililanggo ng Babilonya ang Israel.

Ang pagbagsak ng Babilonya ay nasa ikalawang mensahe ng Anghel ay espiritwal na inaalís sa kawalan ng tiwala, kawalang halaga at ang nagkokontrol na espiritu na nagtutulak sa atin sa kasalanan. Kung kilala natin na tayo ay tanggap ng Nagmamahal, na tayo’y talagang anak ng Diyos sa pamamagitan ng sakrispisyó ni Jesus, lahat n gating pagkawalang tiwala at halaga ay nawawala at tayo ay tumatayo na malaya bilang mga anak ng Diyos.

Ang tatlong mensahe ng mga anghel ay tinatawag din mensahe ni Elijah at hindi ito aksidente na ang huling bahagi ay nasa sa mensahe ni Malachi 4:6 at nagsasabi na ang Diyos ay ibabaling ang puso ng anak sa ama at ng ama sa anak. Sa ibang salita , ang kapangyarihan ng mensaheng ito ay makakawala kung naniniwala tayo na tayo ay mga anak ng Diyos, hindi dahil sa nagawa natin kundi dahil sa nagawa ni Jesus sa atin.

Iwanan moang Babilonya at ang prinsipyong Duracell.
Huwag ka nang manatiling alipin, subali't sumigaw ka ng
Abba Ama at alamin mo na ikaw ay Kanyang mahal na anak .
Sa pamamagitan ni Kristo, tayo ay
malaya!

.....
.....
.....
.....